# SURBEY NG KASAYSAYAN NG IGLESIA 1
# A.D. 30-1517

Inihanda ni
Dr. Randall McElwain

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain

Copyright © 2019 Shepherds Global Classroom

Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Talaan ng Nilalaman

Mga Direksiyon Para sa mga Tagapanguna sa Klase ........ 5
Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya ........ 7
Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesya ........ 9
Ang Paglaganap ng Sinaunang Kristiyanismo ........ 13
1. Ang Iglesyang Apostoliko ........ 15
2. Ang Mga Ama ng Iglesya: Pagtatatag ng Pananampalataya A.D. 70-313 ........ 29
3. Ang Mga Ama ng Iglesya: Mga Hamon sa Pananampalataya A.D. 70-313 ........ 43
4. Mga Kredo at mga Konseho A.D. 313-410 ........ 65
5. Mga Credo at Mga Konseho A.D. 410-590 ........ 83
6. Ang Simula ng Middle Ages A.D. 590-1054 ........ 95
7. Ang Huling Bahagi ng Middle Ages A.D. 1054-1417 ........ 113
8. Pagsisimula ng Reformation A.D. 1090-1517 ........ 133
Mga Iminumungkahing Resources ........ 147
Talaan ng mga Takdang-Aralin ........ 149

# Mga Direksiyon Para sa mga Tagapanguna sa Klase

Ang kursong ito ay nagbibigay ng panimulang pagsasaliksik sa kasaysayan ng iglesya mula A.D. 30 hanggang A.D. 1517.

**Istruktura ng Leksiyon**

(1) Kung nag-aaral bilang isang grupo, maghalinhinan sa pagbasa ng mga materyal. Sa pana-panahon ay dapat kayong tumigil para sa anumang pagtatalakayan sa klase. Bilang tagapanguna sa klase, ikaw ay may tungkulin na pigilin na mapalayo ang talakayan mula sa materyal na kasalukuyang pinag-aaralan. Makatutulong na magkaroon ng limitasyon sa oras para sa bawat panahon ng talakayan.

(2) Sa bawat pagkakataon na dumarating sa tanda na ►, hayaan ang mga mag-aaral na talakayin ang katanungan. Mahalaga na maipakita kung paanong ang pag-aaral sa kasaysayan ng iglesya ay napapanahon para sa iglesya sa kasalukuyan. Karamihan sa mga tanong para sa talakayan sa kursong ito ay nagsasabi sa mga mag-aaral na iugnay kung ano ang kanilang natutuhan tungkol sa kasaysayan sa kanilang kasalukuyang kalagayan. Mag-laan ng sapat na oras para sa mga talakayang ito. Kung wala ito, maaaring mabigo ang mga mag-aaral na iugnay ang kanilang pag-aaral sa nakaraan tungo sa mga pangangailangan ng iglesya sa kasalukuyan.

(3) Ang bawat leksiyon ay may kasamang isang takdang-aralin. Kapag ang takdang aralin ay isang presentasyon sa grupo, magbigay ng oras sa simula ng susunod na klase para sa mga oral presentation. Dapat gawin ng bawat mag-aaral ang proyekto para sa Leksiyon 1. May mga dagdag na proyekto para sa bawat leksiyon. Dapat tapusin ng mga mag-aaral ang hindi kukulangin sa limang takdang-aralin para sa Leksiyon 2-8.

(4) Ang bawat leksiyon ay may kasamang mga tanong sa pagsusulit. Sa katapusan ng bawat klase, maaaring pagbalik-aralan ng tagapanguna sa klase ang mga tanong na ito kasama ng mga mag-aaral. Ang mga petsa at pangalan ay mahalaga sa kurso sa kasaysayan ng iglesya kaysa sa maraming iba pang kurso. Maglaan ng sapat na panahon upang pagbalik-aralan ang "Mga Pangunahing Pangyayari" at "Mga Pangunahing Tao" na nakalista sa dulo ng bawat kabanata. Ang susunod na sesyon ng klase ay dapat magsimula sa isang maigsing pagsusulit gamit ang mga tanong na ito. Ang pagsusulit ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsasalita o sa paraang isusulat.

(5) Mayroong walong leksiyon sa kursong ito. Ang bawat leksiyon ay tumatalakay sa malaking ng bahagi ng material at mangangailangan ng hindi kukulangin sa 3-4 na oras. Kung kayo ay nag-aaral sa mas maiikling sesyon, dapat ninyong planuhin ang dalawang sesyon para sa bawat leksiyon.

# Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya[1]

**30 c. – 70 Apostolic Age**

**ca. 30**[2] Pentekostes. Ang pagsisimula ng iglesyang Kristiyano.

**ca. 47-57** Mga paglalakbay pangmisyon ni Pablo. Dinala ang ebanghelyo sa mundo ng mga Gentil.

**49** Ang Konseho ng Jerusalem. Hindi na inaasahang sumunod sa mga ritwal ng mga Judio ang mga Gentil.

**64-68** Inusig ni Nero ang iglesya. Naging martir sina Pablo at Pedro.

**70** Winasak ng Roma ang Jerusalem. Tiningnan ang Judaismo at Kristiyanismo bilang magkahiwalay na pananampalataya.

**70 – 313 Ang Mga Unang Ama ng Iglesya**

**89-96** Inusig ni Domitian ang iglesya. Ipinatapon si Juan sa Patmos. Isinulat ang Pahayag.

**90-150** Ang paglaganap ng Ggnostisismo.

**190** Isinama ang karamihan sa mga aklat ng Bagong Tipan sa Muratorian canon.

**303-313** Panahon ng mga Martir sa ilalim ni Diocletian.

**313** Ginawang legal ang Kristiyanismo sa Imperyong Romano sa pamamagitan ng Panukala ni Constantino sa Milan.

**313-590 Ang Panahon ng mga Credo at Mga Konseho**

**320-364** Nahati ang iglesya dahil sa Kontrobersiya ng Arian patungkol sa kalikasan ni Kristo Hesus.

**325** Pinatotohanan ng Konseho ng Nicaea ang pagiging Diyos ni Kristo Hesus.

**367** Inilista ang canon ng Bagong Tipan sa (Easter Letter)/Liham ni Atanacio sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

---

[1] Mga Pinagkunan:
Earle E. Cairns, *Christianity through the Centuries* (MI: Zondervan, 1996), 28-29
"Timeline: Important Dates in A.D. Christian History," Crosswalk.com, October 22, 2014, • http://www.crosswalk.com/who-is-Hesus/beginning-of-the-christian-church/timeline-important-dates-in-ad-christian-history-11542876.html.

[2] Sa kabuuan ng kurso, ang mga petsang may markang ca. (*circa)* ay mga pagtantya lamang.

**397** Pinatunayan ng Konseho ng Carthage ang canon ng Bagong Tipan.

**410** Ang Pagbagsak ng Roma. Isinulat ni Augustine ang *The City of God.*

**451** Pinatotohanan ng Konseho ng Chalcedon ang paniniwala ng iglesya na si Hesus ay "isang tao na may dalawang kalikasan" (bilang Diyos at bilang tao).

**590 – 1054 Ang Early Middle Ages**

**590** Pinili si Gregory I bilang papa.

**597** Pagbabalik-loob ni Augustine.

**622** Sinimulan ni Mohammad ang Koran. Pagsisimula ng Islam.

**756** "Donasyon ni Pepin" mga kasulatan karamihan mula sa Italia sa Iglesyang Katoliko Romano.

**787** Ipinahayag ng Ikalawang Konseho ng Nicaea na ang mga rebulto ay maaaring "igalang", nguni't hindi maaaring "sambahin".

**800** Kinoronahan ng Papa si Charlemagne.

**857** Si Photius, Obispo ng Constantinople, ay tumaliwas sa Papa patungkol sa pagdaragdag ng mga salitang "at ang Anak" sa Credo ng Nicene.

**962** Kinoronahan si Otto I bilang Banal na Emperador ng Roma.

**1054** Pagkakahati sa pagitan ng Silanganin at Kanluraning mga Iglesya.

**1054-1517 Ang Late Middle Ages**

**1095 – 1291** Ang Mga Krusada.

**12-13th Siglo** Paglago ng Scholastic Theology.

**12-16th Siglo** Pagtatayo ng mga Gothic Cathedrals.

**1204** Winasak ng mga Krusada ang malaking bahagi ng Constantinople.

**1305-1377** Ang "Pagkabihag sa Babilonia" ng pagiging papa ng Romanong Katoliko.

**1378-1410** Ang Malawakang Pagkakahati-hati ng Iglesya ng Romanong Katoliko.

**1382** Isinalin ni John Wycliffe ang unang Bibliang Ingles.

**1454** Inilathala ang Gutenberg Bible.

**1453** Bumagsak ang Constantinople sa mga Muslim.

**1478** Itinatag ni Pope Sixtus IV ang Spanish Inquisition.

# Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesya[3]

**Peter Abelard** (1079-1143). Scholastic theologian na nagbigay diin sa paggamit ng pangangatwiran sa theolohiya. Siya ang bumuo ng teorya ng moral na impluwensya ng pagbabayad sala.

**Ambrose** (ca.339-397): Obispo ng Milan. Ang kanyang pangangaral ay naging daan sa pagbabalik-loob ni Augustine ng Hippo.

**Anselm** (ca.1033-1109). Scholastic theologian at Arsobispo ng Canterbury. Siya ang bumuo ng mga argumento nang pag-iral ng Diyos at ang teorya ng kasapatan ng pagbabayad-sala.

**Thomas Aquinas** (ca.1225-74): Pnakadakila sa mga medieval scholastic theologians; ang kanyang masterpiece, ang *Summa Theologiae*, ay nagtangkang pagsamahin ang teolohiyang Kritiyano at Griegong pilosopiya ni Aristotle.

**Arius** (namatay noong 336): Heretic na itinanggi ang lubusang pagkaDiyos ni Kristo; siya ay hinatulan ng kamatayan ng Konseho ng Nicea noong 325.

**Athanasius** (ca.296-373): Obispo ng Alexandria na nagtanggol sa orthodoxy laban sa hidwang pananampalataya ng Arianismo; ang kanyang "Liham sa Araw ng Muling Pagkabuhay" ay ang unang kumpletong listahan ng canonical books ng Luma at Bagong Tipan.

**Augustine ng Canterbury** (namatay sa pagitan ng 604 at 609): Misyonero sa England na isinugo ni Pope Gregory the Great; pinagbalik-loob si Haring Ethelbert ng Kent at naging unang Arsobispo ng Canterbury.

**Augustine ng Hippo** (354-430). Obispo ng Hippo. Isa sa pinakamahalagang teologo ng iglesyang Kristiyano. Ang kanyang teolohiya ay nagbigay-diin sa orihinal na kasalanan, predestination, at ang pangangailangan ng biyaya mula sa Diyos para sa kaligtasan.

**Bernard ng Clairvaux** (1090-1153): Isang medieval mystic at manunulat ng himno. Malaki ang impluwensiya niya sa paghimok sa mga tao na lumaban sa Ikalawang Krusada.

---

[3] Mga Pinagkunan:
*The Oxford Dictionary of the Christian Church*, E. A. Livingstone, ed., 3rd edition (Oxford University Press, 1997)
*Dictionary of Christianity in America*, Daniel G. Reid, et al., eds. (InterVarsity Press, 1990).
Ang listahang ito ay inilaan upang magbigay ng mabilis na reperensiya sa mga taong pag-aaralan sa kursong ito. Magkakaroon ng mga karagdagang detalye tungkol sa mga pangalang ito sa pagpapatuloy ng kurso. Hindi kailangang pag-aralan ng klase ang listahang ito.

**Charlemagne** (ca.742-814): Unang "Banal na Emperador na Romano"; hinikayat niya ang edukasyon, ecclesiastical reform/pagbabago sa iglesya at pagkakaisa sa Imperyo.

**John Chrysostom/Juan Crisostomo** (ca.347-407): Obispo ng Constantinople na bantog dahil sa kanyang mabulaklak na pangangaral. Tinawag siyang ang "Ang May Ginintuang-dila." Si Crisostomo ay ang pinakarespetadong teologo ng Silanganing Orthodox na Iglesya.

**Clemente ng Rome** (unang siglo). Obispo ng Roma sa bandang huli ng unang siglo. Sumulat siya sa iglesya sa Corinto na tumalakay sa mga suliranin ng kaayusan at awtoridad sa iglesya.

**Constantine the Great** (namatay siya noong 337): Emperador na Romano na nagpalabas ng Kautusan ng Milan at tumawag sa unang *ecumenical council* ng iglesya sa Nicaea.

**Erasmus ng Rotterdam** (ca.1469-1536). Maimpluwensiyang humanist na Katolikong Romano at kritiko ng iglesya. Taong 1516, inilathala niya ang unang Griegong Bagong Tipan. Ang tekstong ito ang nagbigay ng Kasulatan para sa mga Protestanteng reformers.

**Eusebius** (ca.260-*c.*340): Obispo ng Caesarea. Ang kanyang *Ecclesiastical History* ang nagbigay sa kanya ng titulong "Ama ng Kasaysayan ng Iglesya."

**Gregory Nanzianzus** (329-389). Isa sa mga "Dakilang Cappadocians" na sumalungat sa Arianism.

**Gregory the Great** (ca.540-604)**.** Pinalawak niya ang kapangyarihan ng papa. Ipinadala niya ang unang puwersang pangmisyon sa England sa ilalim ni Agustin ng Canterbury.

**Jan Hus** (ca.1372-1415): Pastor at propesor sa Prague na nagpalaganap sa mga katuruan ni John Wycliffe. Siya ay sinunog sa tulos bilang isang erehe o isang taong sumasalungat sa katuruan ng Romano Katoliko.

**Ignatius** (ca.35- ca.107): Obispo ng Antioch na lumiham sa mga iglesya ng Efeso, Magnesia, Tralles, Roma, Philadelphia, at Smyrna at sa Obispo Polycarp sa kanyang daan patungo sa pagiging martir sa Roma. Ang kanyang mga sulat ang nagpakita sa teolohiya ng unang henerasyon pagkatapos ng Bagong Tipan.

**Ignatius Loyola** (ca.1491-1556). Monghe na siyang nagsimula ng Jesuits (Society of Jesus) at nanguna sa "Counter-Reformation" sa Simbahang Romanong Katoliko.

**Innocent III** (1161-1216)**.** Isa sa pinakamakapangyarihang papa sa kasaysayan. Inangkin niya ang kapangyarihan sa lahat ng sekular na tagapamuno.

**Irenaeus** (ca. 130-202). Isa sa pinakamaimpluwensiyang unang tagapamuno sa iglesya. Ang kanyang "Laban sa mga Erehe/Heresies" ay umatake sa Gnosticism. Nag-ambag siya sa pagbuo ng canon at sa doktrina ng pagkakatawang-tao.

**Jerome** (ca.345-420): Isa sa pinakadakilang iskolar ng Biblia ng Iglesyang Kanluranin. Isinalin niya ang Biblia sa Latin (tinawag itong "Vulgate").

**Justin Martyr** (100-165). Ang pinakamahalagang unang Kristiyanong apologist. Ginamit niya ang pilosopiyang Griego upang ipaliwanag ang Kristiyanismo sa mga hindi mananampalataya.

**Hugh Latimer** (ca.1485-1555). English Protestant reformer at Obispo ng Worcester. Sinunog sa tulos sa ilalim ni Reyna Mary noong 1555.

**Leo the Great (namatay noong 461):** Obispo ng Roma mula 440 hanggang 461. Ang kanyang *Tome noong* 449 ay nagtaas sa orthodox Christology at pinatunayan ito ng Konseho ng Chalcedon noong 451.

**Martin Luther (1483-1546).** Mongheng German na nagpasimula ng Protestant Reformation sa pamamagitan ng kanyang *Ninety-Five Theses*. Isinalin niya ang Bagong Tipan sa salitang German at naging isang tagapanguna sa Reformation sa Germany.

**Marcion** (namatay noong 160). Isinulong ang isang anyo ng Gnosticism. Ang kanyang hidwang paniniwala/heresy ay nagpakita sa mga tagapanguna sa iglesya ng pangangailangan na itatag ang canon ng Bagong Tipan.

**Montanus** (namatay noong 175). Lider ng "Mga Bagong Propeta." Binigyang-diin niya ang pangangailangan ng revival at espirituwal na disiplina. Gumawa rin siya ng ga propetikong mga hula na napatunayan naman na mali.

**Origen** (185-254). Obispo ng Alexandria. Bagaman tinanggihan niya ang Gnosticism, tinanggap niya ang maraming ideyang pilosopikal na Griego na nakahikayat sa mga Gnostics. Gumamit din siya ng allegorical interpretation upang ipaliwanag ang mahihirap na talata sa Biblia.

**Patrick** (ika-5 siglo): Misyonerong Briton sa Ireland, na tinawag na ang "Apostol ng mga Irish."

**Polycarp** (mga 69- mga 155): Obispo ng Smyrna at malawakang iginagalang na tagapangunang Kristiyano; ang kanyang pagiging martir sa edad na 86 ay inilarawan sa "Ang Pagiging Martir ni Polycarp."

**Girolamo Savonarola** (1452-1498). Bagaman nanatili siyang tapat sa simbahang Katoliko, inatake niya ang imoralidad sa pamunuan ng simbahan.


**Tertullian** (160-225). Tagapamuno sa iglesya sa Hilagang Africa. Ipinagtanggol niya ang orthodoxy laban sa modalism –ang katuruan na ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay hindi magkakabukod na persona.

**William Tyndale** (mga 1494-1536): English Reformer na nagsalin ng Biblia sa salitang English (1525);pagkatapos ng maikli bagaman mabungang pagtratrabaho ng pagsasalin sa ibang wika at pagsusulat, siya ay sinunog sa tulos malapit sa Brussels.

**Waldenses** (ika-12 siglo): Tinutulan nila ang iglesyang sinimulan ni Peter Waldo ng Valdez, na tumuligsa sa marami sa mga gawain at sa hierarchy ng iglesyang medieval at naniwala na ang Biblia ang dapat maging ultimong awtoridad para sa mga Kristiyano.

**John Wycliffe** (ca.1330-84): English reformer na nakipagtalo para sa awtoridad ng Kasulatan, ang pagiging pari ng lahat ng mananampalataya, at ang pagsasalin ng Biblia sa lengguwahe ng tao; siya ay hinatulan bilang isang erehe pagkatapos ng kanyang kamatayan.

# Ang Paglaganap ng Sinaunang Kristiyanismo[4]




| | | |
|---|---|---|
| (1) Ireland | (6) Hilagang Africa | (10) Macedonia |
| (2) United Kingdom | (7) Ehipto | (11) Italya |
| (3) Espanya | (8) Israel | (12) Dagat Mediteraneo |
| (4) France | (9) Asia Minor (modernong Turkey) | (13) Dagat Itim |
| (5) Alemanya | | |

[4] Spread of Early Christianity" was created by SGC with data from Wiki Commons, NED, and Bible Geocoding (CC BY 4.0), available from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52344342814, public domain (CC0).

# Leksiyon 1
# Ang Iglesyang Apostoliko

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Bigyang halaga ang kahalagahan ng pag-unawa sa kasaysayan ng iglesya

(2) Maunawaan kung paanong ang unang iglesya ay naiiba sa romanong kapaligiran nito.

(3) Kilalanin ang mga dahilan ng paglago at ng pag-uusig ng unang iglesya.

(4) Ilapat ang mga leksiyon mula sa unang iglesya sa buhay sa kasalukuyang panahon.

## Bakit natin pag—aaralan ang Kasaysayan ng Iglesya?

### Inaalala ng Kasaysayan ng Iglesya ang Ating Nakaraan

Si Eason ay isang masigasig na kabataang Kristiyano sa Taiwan. Nang ibahagi ni Eason ang ebanghelyo sa isang nakatatandang kapitbahay, tumugon ito at nagsabi, "Ang aming kulturang Tsino ay isang matandang kultura. Ang Kristiyano ay maikling panahon pa lamang nakikilala sa Tsina. Bakit ko ipagpapalit ang aming sinaunang mga dios para sa isang bagong relihiyon?" Nang magsimulang humanap ng kasagutan si Eason para sa kanyang kapitbahay, natuklasan niya na ang Kristiyanismo ay hindi bago –maging sa Tsina. Habang ang nalalaman ng kapitbahay ni Eason ay tungkol lamang sa mga modernong misyonero, ang mensaheng Kristiyano ay nalalaman na sa Tsina simula pa noong A.D. 635.

Sa pag-aaral ng kasaysayan ng iglesya, nalalaman natin na ang Kristiyanismo ay hindi bago. Magkakaroon tayo ng pagpapahalaga para sa paglaganap ng iglesya sa buong mundo; nakikita natin kung paano kumilos ang Diyos sa kasaysayan; kinikilala natin na sa kabila ng kabiguan ng tao, natupad ng Diyos ang Kanyang mga layunin para sa Kanyang iglesya.

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| ca. 30 | Pentekostes |
| ca. 47-57 | Paglalakbay pangmisyon ni Pablo |
| 49 | Ang Konseho ng Jerusalem |
| 64-68 | Pag-uusig ni Nero |
| 70 | Pagkawasak ng Jerusalem |

## Nangungusap ang Kasaysayan ng Iglesya sa Ating Kasalukuyan

Kapag nauunawaan natin ang ating ugat sa kasaysayan, nagkakaroon tayo ng mas mabuting pagkaunawa sa ating kasalukuyan. Ang liham ni Judas ay isinulat upang magbigay babala laban sa mga bulaang tagapagturo na "bumabaluktot sa biyaya ng ating Diyos sa pagbibigay sa hilig ng laman at itinatanggi ang ating nag-iisang Panginoon at Hari, na si Kristo Hesus."[5] Nagbababala si Judas laban sa kasalukuyang mga panganib sa pamamagitan ng pagtuturo sa nakalipas: Ang biyaya ng Diyos upang iligtas ang Israel mula sa Ehipto, ang paghatol ng Diyos sa Sodom at Gomorrah, atbp. Nalalaman ni Judas na ang mga halimbawa mula sa nakaraan ay nagsisilbi bilang pagpapalakas-loob sa katapatan sa kasalukuyan at bilang isang babala laban sa kawalang katapatan.

Habang pinag-aaralan natin ang pagkabuo ng mga credo[6] sa simula ng kasaysayan ng iglesya, nagkakaroon tayo ng mas malalim na pagpapahalaga sa ating mga pagpapahayag ng doktrina sa kasalukuyan. Kapag ang mga batang Kristiyano ay nahihirapan sa pag-unawa sa doktrina ng Trinidad, sila ay nahaharap sa parehong katanungan na hinarap din sa Konseho ng Nicaea noong AD 325.

Habang pinag-aaralan natin ang Reformation at ang mga dibisyon sa pagitan ng mga Reformers, nauunawaan natin ang presensiya ng maraming denominasyon sa kasalukuyan. Madalas na nagkakaroon tayo ng mas mabuting pag-unawa sa mga suliranin ng iglesya sa kasalukuyan kapag nakikita natin ang mga katulad na sitwasyon sa nakaraang panahon.

Ang pag-aaral sa kasaysayan ng iglesya ay nagbibigay ng inspirasyon sa atin sa mga panahon ng paghhirap. Nakahihikayat sa ating ministeryo sa kasalukuyan ang pagbasa sa katapangan ni Ambrose sa harap ni Emperador Theodosius, ang pag-alala sa "Narito Akong Nakatayo" ni Luther, at ang pag-aaral sa matinding damdamin ni William Carey tungkol sa pagmimisyon.

## Ginagabayan ng Kasaysayan ng Iglesya ang Ating Hinaharap

> "Binibigyan tayo ng kasaysayan ng isang bintana kung saan natitingnan natin ang mundo, at isang salamin upang siyasatin ang ating mga sarili."
>
> - Robert McKenzie

Ang mga leksiyon mula sa kasaysayan ng iglesya ay dapat gumabay sa ating mga pasya para sa hinaharap. Sinabi ni George Santayana, "Ang mga hindi nakaaalala sa nakaraan ay nakatakdang ulitin ito." Kung hindi tayo matututo sa nakaraan, uulitin natin ang mga pagkakamali na nagawa ng mga nauna sa atin. Ginamit ni Pablo ang mga

---

[5] Judas 1:4

[6] Ang credo ay isang formal na pahayag ng paniniwala. Kabilang sa mga Kristiyanong credo ang Credo ng mga Apostol, ang Credo ng Nicene, at iba pang credo na sinang-ayunan ng mga konseho ng mga iglesya.

leksiyon mula sa kasaysayan ng Israel upang gabayan ang mga bagong mananampalataya sa Corinto.[7]

Sa ating pag-aaral ng mga pagtugon ng unang iglesya sa maling paniniwala, natututuhan natin kung paano tutugon sa mga maling paniniwala na nagbabanta sa iglesya sa kasalukuyan. Karamihan sa mga maling paniniwala o katuruan sa kasalukuyan ay mga bagong anyo ng mga maling katuruan sa nakaraan. Habang pinag-aaralan natin ang walang lamang formalism ng medieval na Romano Katolikong Iglesya, tayo ay binibigyang babala laban sa pagpapahintulot sa istruktura ng iglesya upang ipalit sa presensiya ng Diyos sa iglesya sa kasalukuyan. Sa ating pag-aaral ng mga tagumpay at kabiguan ng mga nakalipas na pagmimisyon, natututuhan natin ang mga leksiyon para sa hinaharap na mga gawain ng pag-eebanghelyo. Ang pag-aaral sa kasaysayan ng iglesya ay nagtuturo ng mga leksiyong makatutulong sa atin sa hinaharap.

► Ano ang ilan sa mga leksiyon mula sa kasaysayan ng Kristiyanismo sa inyong bansa na maaaring makagabay sa iyo sa pangunguna sa iglesya sa kasalukuyan?

## Mga Prinsipyo sa Pag-aaral ng Kasaysayan ng Iglesya

Sa isang survey ng mga pangunahing "turning points" ng kasaysayan ng iglesya, nagbigay si Mark Noll ng apat na prinsipyo na dapat gumabay sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Kristiyanismo. Ang mga prinsipyong ito ay hinango sa mga salita ni Hesus sa kanyang mga disipulo sa Mateo 28 at Mga Gawa 1.[8]

### (1) Ang prinsipyo ng pagiging pinakamakapangyarihan.

" Lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay na sa akin." Itinuturo ng prinsipyo ng pagiging pinakamakapangyarihan na ang Diyos ang siyang may kontrol at tumutupad sa kanyang mga layunin sa loob at sa pamamagitan ng iglesya.

### (2) Ang prinsipyo ng pagmimisyon

"Kaya't humayo kayo at gawin ninyong mga alagad ko ang lahat ng bansa." Ang prinsipyo ng pagmimisyon ay nagtuturo na ang iglesya ay lumalago sa dalawang direksiyon. Ang iglesya ay lumalago nang palabas habang dinadala nito ang ebanghelyo sa lahat ng bansa. Ang iglesya ay lumalago nang papaloob habang natututuhan nito ang tunay na pagdidisipulo at nahuhubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo.

### (3) Ang prinsipyo ng Pagbibigay-kakayahan.

"Masdan ninyo, kasama ninyo Ako sa lahat ng oras, hanggang sa dulo ng panahon." Ang prinsipyo ng pagbibigay-kakayahan ay nagpapaalala sa atin na sa kabila ng mga

---

[7] 1 Corinto 10:1-6

[8] Mark A. Noll, *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity* (MI: Baker, 2012), 1, 330-331

pagkukulang ng iglesya, si Kristo ay patuloy na kumikilos sa iglesya upang tuparin ang kanyang misyon sa mundo.

**(4) Ang prinsipyo ng contextualization.**

"Kayo ang magiging saksi ko… hanggang sa dulo ng mundo." Ang prinsipyo ng contextualization ay nagtuturo sa atin na ang ebanghelyo ay pag-aari ng lahat ng kultura. Ang ebanghelyo ay hindi pag-aari ng iglesya sa Jerusalem, sa iglesya sa England, o sa iglesya sa Amerika. Habang lumalaganap ang pananampalatayang Kristiyano sa lahat ng bansa, ito ay nakakaapekto sa lahat ng kultura. Ang kasaysayan ng Kristiyanismo ay nagpapakita na ang ebanghelyo ay dapat isalin, kapwa sa lengguwahe at kultura, para sa lahat ng bansa.

►Paano inilalarawan ng kasaysayan ng Kristiyanismo ang mga prinsipyong ito sa inyong bansa? Habang pinag-aaralan ninyo ang kursong ito, bumalik sa pahinang ito nang madalas upang makita kung paanong ang mga prinsipyong ito ay nakikita sa bawat panahon ng kasaysayan ng iglesya.

## Mula sa Jerusalem hanggang sa Dulo ng Mundo

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo, "Subali't kayo ay tatanggap ng kapangyarihan kapag dumating ang Banal na Espiritu sa inyo, at kayo ay magiging mga saksi ko sa Jerusalem at sa buong Judea at Samaria, at sa dulo ng daigdig."[9] Ang mga lugar na kinakatawan sa araw ng Pentekostes ay umaabot hanggang sa halos kabuuan ng Imperyong Romano; ang mga nagbalik-loob na ito ang nagdala ng ebanghelyo sa kanilang mga pinagmulang lugar. Sa katapusan ng unang siglo, ang iglesya ay lumaganap na sa kabuuan ng Imperyong Romano. Sinasabi ng tradisyon ng iglesya na dinala ni Tomas ang ebanghelyo sa Persia at India. Maaaring natanggap ng Tsina ang ebanghelyo noong una o ikalawang siglo sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan sa India.[10] Ang unang iglesya ay naglaan ng sarili sa pagsusugo ni Hesus.

> "Walang tao, Griyego o barbarian, o mula sa iba pang lahi, maging sila man ay naninirahan sa mga kubol o maglalakbay sa mga karwahe na may bubong, na sa kanilang mga panalangin at pasasalamat ay hindi inihandog sa pangalan ng ipinakong si Hesus para sa Ama at Manlilikha ng lahat ng bagay."
>
> - Justin Martyr, ca. A.D. 150

### Sino ang mga Kristiyano?

Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay, maraming sagot sa tanong, "Sino ang mga Kristiyano?" Sumagot ang Roma," Ang mga Kristiyano ay isang sekta ng mga Judio."[11] Maraming Judio ang sumagot, "Ang mga Kristiyano ay mga tumalikod sa pananampalataya na iniwan ang

---

[9] Mga Gawa 1:8
[10] Howard F. Vos, *An Introduction to Church History* (IL: Moody Press, 1984), 5
[11] Mga Gawa 16:20

tunay na pananampalataya." Sumagot ang mga Kristiyano, "Kami ang katuparan ng mga pangako ng Diyos sa Israel. Kami ay mga tagasunod ng ipinangakong Mesiyas."

Noong A.D. 49, hinarap ng unang iglesya ang tanong, "Sino ang mga Kristiyano?" sa Konseho ng Jerusalem. Habang dinadala ang mga Hentil sa iglesya sa pamamagitan ng pangangaral nina Pedro, Pablo at Barnabas, at iba pang apostol, tinalakay ng iglesya ang mga kundisyon kung paanong ang isang tao ay nagiging bahagi ng katawan ni Kristo. Ang ilang mananampalataya na "kabilang sa grupo ng mga Pariseo" ay nakipagtalo na dapat tuparing lahat ng mga mananampalatayang Gentil ang mga hinihingi ng Batas ni Moses. Tumugon si Pedro sa pagpapatotoo na nilinis na ng Diyos "ang kanilang puso sa pamamagitan ng pananampalataya" nang hiwalay sa pagtutuli. Sa panghuli, ipinasya ng mga tagapanguna sa iglesya na ang mga mananampalatayang Hentil ay malaya mula sa mga batas ng Judio patungkol sa pagkain at pagtutuli.[12]

Ang Konseho ng Jerusalem ay nagbigay ng isang modelo para sa mga pagpapasya ng iglesya sa hinaharap. Habang nahaharap ang mga sumunod na henerasyon sa mahihirap na usapin, ipinakita ng Mga Gawa 15 :

- **Ang awtoridad ng Kasulatan.** Ang bawat isa sa mga pagbabawal sa Mga Gawa 15 ay mula sa Leviticus 17 -18. Ang bawat isa sa mga ito ay ipinagbawal kapwa sa mga Judio *at* sa "mga banyaga na pansamantalang nakikipamayan kasama nila."[13] Hindi pinili ng mga apostol ang mga hinihinging ito nang walang layunin. Pinag-aralan nila ang Kasulatan upang tuklasin kung ano ang hinihingi ng Kautusan sa mga Gentil na naninirahan sa Israel.

- **Ang awtoridad ng Banal na Espiritu**. Ang pasya ng Konseho ng Jerusalem ay hindi ginabayan ng nakapaligid na kultura, kundi ng Banal na Espiritu.[14] Sa kanyang pinakamabuting kalagayan, ang iglesya ay ginabayan sa pangunguna ng Banal na Espiritu sa halip na ng pampulitika at pangkulturang impluwensiya. Kapag nabigo itong sundin ang ganitong halimbawa, nabigo rin ang iglesya sa kanyang pagkatawag bilang liwanag at asin ng sanlibutan.

- **Ang Awtoridad ng mga tagapanguna sa iglesya.** Nasa ilalim ng awtoridad ng Kasulatan ang mga tagapanguna sa iglesya, nguni't kapag ang kanilang katuruan ay hindi sumasalungat sa Kasulatan, ang kanilang awtoridad ay dapat igalang.

Sa katapusan ng unang siglo, ang mga Kristiyano at mga Judio ay itinuturing na magkahiwalay. Hindi na pinahihintulutan ng mga Judio ang mga Kristiyano na sumamba sa mga sinagoga. Sumasamba ang mga Kristiyano sa unang araw sa halip na sa ikapitong araw ng linggo. Ang Kristiyanismo ay hindi na tinitingnan bilang isang sekta ng mga Judio.

---

[12] Mga Gawa 15
[13] Leviticus 17:8
[14] Mga Gawa 15:28

## Ang Simula ng Pag-uusig

Ipinakita ng aklat ng Mga Gawa ang mga unang di-pagkakaunawaan sa pagitan ng mga tagapangunang Judio at ng iglesya. Gayunman, ang Imperyong Romano ay hindi nagsimula ng malawakang pag-uusig sa mga Kristiyano hanggang noong A.D. 64.

Pinahintulutan ng Roma ang mga tao sa ilalim ng kanilang kapangyarihan na sumamba sa alinmang dios sa kundisyon na kikilalanin nila na ang emperador na Romano ay banal. Para sa karamihan sa mga tao sa unang siglo, ito ay hindi isang suliranin. Karamihan sa mga pagano ay sumasamba sa maraming dios-diosan. Tanging ang mga Judio at mga Kristiyano ang monotheistic o sumasamba sa iisang Diyos.

Upang panatilihin ang kapayapaan sa probinsiya ang Judea, pinahintulutan ng Roma ang mga Judio na sambahin si Jehovah lamang. Kapag itinuturing ng mga tagapangunang Romano na ang Kristiyanismo bilang bahagi ng pananampalatayang Judio, binigyan nila ang mga Kristiyano ng parehong kalayaang sumamba na tinanggap ng mga Judio. Gayunman, pagkatapos ng A.D. 64, nagsimulang ituring ng Roma ang Kristiyanismo bilang isang hiwalay na relihiyon na walang pagbubukod mula sa pagsamba sa emperador.

Dalawang pangyayari ang gumanap ng pangunahing bahagi sa pag-uusig sa mga Kristiyano. Una, noong A.D. 64 isang sunog ang tumupok sa halos kabuuan ng lungsod ng Roma. Maraming mamamayan ang nag-akusa kay Emperador Nero bilang siyang dahilan ng sunog. Inakusahan ni Nero ang mga Kristiyano (na hindi na gaanong popular) sa pagsisimula ng sunog. Ito ang nagsimula sa panahon ng matinding pag-uusig. Sa pagitan ng A.D. 64 at ng kamatayan ni Nero apat na taon ang nakalipas, sina Pablo, Pedro at marami pang ibang Kristiyano ang pinatay dahil sa pananampalataya ng Roma.

Ang ikalawang pangyayari na nagbunga ng pag-uusig sa mga Kristiyano ay ang pagkawasak ng Jerusalem noong A.D. 70. Bagaman pinahintulutan ng Roma ang pananampalatayang Judio, mayroong patuloy na tensiyon sa pagitan ng mga Judio at ng Roma. Pagkatapos na muling maitayo ang Templo noong A.D. 64, libo-libong manggagawang Judio ang nawalan ng trabaho. Ang pagdaramdam ay naging lantarang pag-aalsa noong A.D. 66. Apat na taon ang lumipas, sinakop ng hukbong Romano na pinangunahan ni Tito ang Jerusalem pagkatapos ng matagal na paglusob. Nawasak ang Templo, sinunog ang mga sinagoga, at nangalat ang mga Judio. Mula sa puntong ito, ang mga Judio at mga Kristiyano ay kapwa pinag-usig sa buong Imperyong Romano. ()

## Bakit Pinag-usig ang Mga Kristiyano?

### (1) Ang mga Kristiyano ay inakusahan ng hindi paniniwala sa Diyos.

Hindi maunawaan ng Roma ang isang relihiyon na sumasamba sa Diyos na walang mga imahen at tumatanggi sa mga dios ng mga Romano. Sa kanilang pananaw, ang mga Kristiyano at mga Judio ay mga atheist/mga taong hindi naniniwala sa Diyos.

Ang "atheism" ay higit pa sa isang panrelihiyong paglabag para sa mga Romano; nakita nila ito bilang isang paglabag na pampulitika. Naniniwala ang mga Romano na ang dios ang nagpoprotekta sa kanilang imperyo. Ang pagtanggi na maghandog sa mga dios ay naglalagay sa panganib sa imperyo. Sa ikalawang siglo, isinulat ni Tertullian, "Kapag ang Tiber (Ilog) ay nagpabaha sa lungsod, o kung ang Nilo ay hindi lumalalim, o kung hindi umuulan, kapag mayroong lindol, taggutom, salot, agad ang sigaw ay 'Ihagis ang mga Kristiyano sa mga leon.'"[15]

Pinag-isa ng Roma ang imperyo kapwa sa pamamagitan ng pagsamba sa dios-diosan at sa pamamagitan ng pagsamba kay Caesar. Para sa mga Romano, ang mga Kristiyano na tumangging parangalan ang emperador bilang isang dios ay hindi makabayan. Papayag ang Roma na sambahin ng mga Kristiyano si Kristo sa kundisyon na sasambahin *din* nila si Caesar at ipapahayag na "Si Caesar ang Panginoon." Gayunman, para sa mga Kristiyano iisa lamang ang Panginoon. Ibinigay ng mga mananampalataya sa unang iglesya ang kanilang buhay dahil sa kanilang paninindigan na si Hesus (at tanging si Hesus lamang) ang Panginoon.

**(2) Mali ang pagkaunawa sa mga gawain ng mga Kristiyano.**

Binabanggit ng mga Kristiyano ang pagkain at pag-inom sa katawan at dugo ni Hesus. Tinutukoy nila ang isa't-isa bilang "kapatid". Hindi nila pinahihintulutan ang mga hindi mananampalataya na manatili sa gawain kapag isinasagawa ang Komunyon. Ang lahat ng ito ay nagbunga ng maling haka-haka ng paghahandog ng tao at gawaing mahalay.

**(3) Ang Kristiyanismo ay isang bagong relihiyon.**

Sa kasalukuyan, maraming tao ang naniniwala na "ang mas bago ay mas mabuti." Sa sinaunang mundo, ang kabaligtaran ang totoo; maraming Romano ang naniniwala na "ang mas luma ang mas mabuti." Pinabayaan nila ang relihiyong Judio dahil ito ang luma. Ang Kristiyanong pananampalataya, gayunman, ay itinuturing na bagong relihiyon na walang mga handog, walang templo at walang banal na lunsod.

**(4) Hinamon ng mga Kristiyano ang istruktura ng lipunan.**

Sa Imperyong Romano, ang pang-aalipin ay tinatanggap bilang normal. Walang karapatan ang mga babae at mga bata. Lubos ang kapangyarihan ng isang ama; kapag ayaw niya ang kanyang anak, iniiwan lamang niya ang di-gustong sanggol sa basurahan upang mamatay.

Sa kabaligtaran, sinabi ng mga Kristiyano na kay Kristo ay walang alipin o malaya, lalaki o babae.[16] Sinagip ng mga Kristiyano ang mga pinabayaang mga sanggol at ipinagtanggol ang mahihirap. Alinman sa mga ito ay hindi nauunawaan ng mga Romano. Para sa mga

---

[15] Binanggit ni Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language, 3rd ed.* (USA: Thomas Nelson, 2008), 42
[16] Galacia 3:28

Romano, ang mga karapatan ay para lamang sa malalakas; pinangalagaan ng mga Kristiyano ang mahihina.

► Tinanggihan ng mga unang Kristiyano ang mga nakaugalian pangkultura na nabigong pahalagahan ang imahen ng Diyos sa sangkatauhan. Anong mga kaugalian sa inyong kultura ang nagpapawalang-halaga sa buhay ng tao? Paano nilalabanan ng mga Kristiyano sa inyong kultura ang mga maling kaugaliang ito?

**Bakit Lumaganap ang Kristiyanismo?**

Tunay na mahimala ang paglago ng unang iglesya. Mula sa iilang disipulo sa panahon ng paghuli kay Hesus, ang ebanghelyo ay lumaganap hanggang ang bawat malaking bayan sa Imperyong Romano ay mayroon nang iglesya. Paano ito nangyari?

**(1) Ang unang iglesya ay may kapangyarihang nagmula sa Banal na Espiritu.**

Inutusan ni Hesus ang kanyang mga alagad, "Kaya't humayo kayo at gawing alagad ko ang lahat ng bansa…" Ipinangako rin niya, "At tandaan ninyo, Ako'y laging ninyong kasama, hanggang sa wakas ng panahon."[17] Ang Diyos na nag-utos sa mga alagad upang mag-ebanghelyo sa mundo ay siya ring Diyos na nagbigay ng kapangyarihan sa kanila upang mag-ebanghelyo.

Ito ay muling nakita sa simula ng Mga Gawa. Una, ibinigay ni Hesus ang pangako, "Ngunit tatanggapin ninyo ang kapangyarihan kapag dumating ang Banal na Espiritu sa inyo…". Pagkatapos, ibinigay niya ang pagsusugo,"…at kayo ay magiging mga saksi ko sa Jerusalem at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."[18] Ang huling bahagi ng Mga Gawa ay nagpapakita ng katuparan ng pangako at ang pagsunod ng mga apostol sa utos. Ang paglago ng unang iglesya ay hindi resulta ng gawain lamang ng tao; ang paglago ng unang iglesya ay binigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

**(2) Ang unang iglesya ay nagtalaga ng sarili sa Great Commission.**

Sumulat si Pablo sa mga Kristiyano sa Roma, "Dahil hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo, dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan…."[19] Seryosong tinanggap ng mga apostol ang pagsusugo ni Hesus. Lumaganap ang iglesya sa buong Imperyong Romano habang sinusunod ng mga Kristiyano ang pagsusugo ni Hesus.

Ipinakita ng aklat ng Mga Gawa ang pagtupad ng iglesya sa Dakilang Pagsusugo. Kasama ng ministeryo ng mga dakilang tagapanguna na tulad nina Simon Pedro at Pablo, itinala ng Mga Gawa ang impluwensiya ng mga di-gaanong kilalang mga mananampalataya. Bilang resulta ng pag-uusig na nangyari laban sa iglesya pagkatapos na mamatay si Esteban, tumakas ang mga mananampalataya sa Phoenicia, Cyprus, at Antioch. Ang ilan sa mga

---

[17] Mateo 28:19-20
[18] Mga Gawa 1:8
[19] Roma 1:16

tumakas na ito ay nagsimulang mangaral sa mga Griego sa Antioch at "isang malaking bilang na sumampalataya ang nanumbalik sa Panginoon."[20] Ang mga bagong mananampalatayang ito marahil ang bumuo sa pamunuan ng iglesya sa Antioch na sa paglipas ng panahon ay naging ang iglesyang nagsusugo sa ministeryo ni Pablo sa mga Hentil.

Ang mga talatang ito sa Mga Gawa 11 ay dapat pansinin sa dalawang kadahilanan:

1. Ipinapakita nito na ginamit ng Diyos ang pag-uusig upang isulong ang paglaganap ng ebanghelyo.
2. Ipinapakita nito na ang pag-eebanghelyo ay hindi limitado sa mga apostol at tagapanguna sa Jerusalem. Ang mga walang pangalang "mga lalaki mula sa Cyprus at Cyrene" ay sumunod sa Dakilang Pagsusugo. Ang pag-eebanghelyo ay tungkulin ng bawat mananampalataya.

**(3) Ang unang iglesya ay naglingkod sa kanilang panahon.**

Nagbigay-halimbawa si Hesus ng ministeryong hindi lamang nagpapahayag ng walang hanggang buhay, kundi ito ay tumugon din sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kanyang mga pinaglilingkuran. Tinularan ng unang iglesya ang halimbawa ng kanilang Panginoon. Marami sa mga pinakaunang nagbalik-loob ay nagmula sa mga grupo na hindi pinapansin sa lipunan ng Roma –mga alipin, kababaihan at mga mahihirap. Si Celsus, isang kritiko mula sa ikalawang siglo ang tumuligsa sa iglesya, "Ang kanilang layunin ay kumbinsihin lamang ang mga walang halaga at mga taong napakahamak, mga hangal, mga alipin, kawawang mga kababaihan, at mga bata." Bagaman hindi binigyang-pansin ni Celsus ang ebidensiya na may mga miyembro pa rin ng nasa mataas na antas sa lipunan ang naging mga mananamapalataya rin, ang kanyang obserbasyon sa pangkalahatan ay totoo; ang mahihirap ang siyang pinakamadaling tumanggap ng ebanghelyo.

Ang emperador sa ikaapat na siglo na si Julian the Apostate, ay isang mahigpit na kaaway ng iglesya. Gayunman, maging ang kaaway ng Kristiyanismo ay kumilala na ang Kristiyanismo "ay naisulong sa pamamagitan ng mapagmahal na paglilingkod na ipinagkaloob sa mga banyaga… Isang eskandalo na wala isa mang Judio ang namamalimos, at ang walang dios na mga taga-Galilea (ang mga Kristiyano) ay nangalaga hindi lamang sa kanilang sariling mahihirap kundi pati na rin sa amin."[21] Sinunod ng mga Kristiyano ang utos ni Hesus na mahalin mo ang iyong kapwa nang tulad sa iyong sarili.

**(4) Hinamon ng unang iglesya ang istrukturang panlipunan ng mga Romano.**

May mga Romano na sumalungat sa iglesya dahil hinamon ng iglesya ang kanilang istrukturang panlipunan; gayunman, ang ilan ay naakit sa iglesya dahil din sa dahilang ito.

---

[20] Mga Gawa 11:19-21
[21] Binanggit ni Bruce L. Shelley, sa *Church History in Plain Language, 3rd ed.* (USA: Thomas Nelson, 2008), 36

Walang karapatan sa istrukturang panlipunan ng Romano ang mga kababaihan, mga bata at mga alipin; tinatrato ng iglesya ang mga mga grupong ito nang may paggalang.

Isang paganong manunulat ang naglarawan ng tungkulin ng kababaihan sa ganitong paraan: "Mayroon kaming mga babaeng bayaran para sa kasiyahan, mga babaeng alipin para sa seksuwak na gawain araw-araw, at mga asawang babae upang magkaroon ng legal na mga anak at upang matapat na magsilbi sa amin."[22] Kabaligtaran sa pananaw na ito, sinunod ng mga Kristiyano ang halimbawa ng kanilang Panginoon sa pagpaparangal sa kababaihan.


**(5) Nagbigay ang unang iglesya ng isang modelo ng kadalisayang moral.**

Maging karamihan sa mga Hentil ang sumama ang loob dahil sa kabulukan ng moral ng Imperyong Romano. Sila ay naakit sa pananampalatayang Kristiyano dahil sa pananaw ng mataas na moral nito at sa matuwid na pamumuhay ng mga Kristiyano. Hinamon ni Pablo ang mga Kristiyano sa Filipos upang mamuhay nang walang kapintasan, na maging "walang kapintasan sa gitna ng isang baluktot at masamang henerasyon." Sa paggawa nito, sila ay "magniningning bilang mga ilaw ng sanlibutan."[23] Habang nakikita ng mga tao sa Imperyong Romano ang walang kapintasang pamumuhay ng mga unang Kristiyano, sila ay naakit sa ebanghelyo.

► Ihambing ang mga hamon at mga pagkakataon ng unang iglesya sa lipunan kung saan ka nagmiministeryo. Paano naiiba ang iglesya sa mga normal na aspeto ng inyong kultura? Anong mga pagkakataon ang ibinigay ng Diyos sa iyo para ipalaganap ang ebanghelyo sa inyong lipunan?

**Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makilala: si Ignatius, Obispo ng Antioch (ca. 35-ca. 110)**

Ang pinakanaunang Kristiyanong liham na naririto pa pagkatapos ng Bagong Tipan ay pitong liham na isinulat ni Ignatius sa kanyang paglalakbay upang magdusa ng pagiging martir sa Roma. Tatlong liham ang nakalaan sa mga iglesyang nakalista sa Pahayag (Efeso, Philadelphia at Smyrna). Ang iba ay nakalaan sa mga iglesya sa Roma, Tralles, at Magnesia, gayundin ang isang personal na liham para kay Polycarp, ang obispo ng Smyrna.[24]



---

[22] Binanggit ni Timothy Paul Jones, sa *Christian History Made Easy* (CA: Rose Publishing, 2009), 18

[23] Filipos 2:15

[24]Image: "Ignatius van Antiochië in de arena voor de leeuwen gesteld, RP-P-OB-44.230", Rijksmuseum, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Ignatius_van_Antiochi%C3%AB_in_de_arena_voor_de_leeuwen_gesteld,_RP-P-OB-44.230.jpg, public domain.

Lumaki si Ignatius sa Antioch sa Syria, ang ikatlong malaking lunsod sa Imperyo ng Roma. Sa Antioch unang tinawag na Kristiyano ang mga mananampalataya.[25] Ang iglesya sa Antioch ang nagsugo kina Pablo at Bernabe sa kanilang unang paglalakbay na pangmisyon samantalang si Ignatius ay isang kabataang lalaki pa lamang.

Taong A.D. 69, pinili si Ignatius bilang pastor ng iglesya sa Antioch pagkatapos na mamatay si Evodius. Nagbalik-loob si Evodius kay Kristo sa pamamagitan ng ministeryo nina Simon Pedro at maaaring namatay din bilang isang martir sa ilalim ni Nero. Kaunti lamang ang nalalaman tungkol sa ministeryo ni Ignatius sa iglesya sa Antioch hanggang sa siya ay maaresto. Ang nalalaman ay ang pagpapatuloy ng Antioch bilang isang iglesyang nagsusugo ng mga misyonero hanggang sa matapos ang unang siglo. Ang iglesya sa Antioch ay bantog dahil sa kanyang pagiging makalinga para sa mga naglalakbay na Kristiyano. Sinasabi nga na walang sinumang estranghero sa Antioch; ang bawat mananampalatayang manlalakbay ay malugod na tinatanggap bilang bahagi ng pamilyang Kristiyano.

Inaresto si Ignatius sa panahon ng pamumuno ni Emperador Trajan. Si Trajan ay naglalakbay sa Asia Minor nang marinig niya na nagkaroon si Ignatius ng malaking tagumpay sa pag-eebanghelyo sa Antioch. Iniharap si Ignatius kay Trajan at inakusahan siya ng "hindi paniniwala sa Diyos", sa pagtanggi sa mga dios ng mga Romano.

Nang humarap si Ignatius kay Trajan, sinamantala niya ang pagkakataon upang ipangaral ang ebanghelyo. Nang hingin ni Trajan ang pagtatanggol ni Ignatius, tumanggi si Ignatius na ipagtanggol ang kanyang mga ginagawa. Sa halip, ipinahayag niya ang mensahe na si Hesus ay ang Tagapagligtas na namatay para sa ating mga kasalanan at ang Panginoon na muling binuhay mula sa mga patay upang ipakita ang kanyang kapangyarihan laban sa kamatayan.

Sa kanyang galit dahil tumanggi si Ignatius na sumuko, tumayo si Trajan at hinatulan siya ng kamatayan. Sa halip na bitayin siya agad, nagpasya si Trajan na gumawa ng isang pagtatanghal sa isang mangangaral na tumangging yumukod sa Roma. Iniutos ni Trajan na dalhin si Ignatius sa Roma at ipakain sa mababangis ng hayop sa Coliseum.

Dinala sa Roma si Ignatius ng isang grupo ng sampung sundalo na inabuso siya sa kanilang paglalakbay. Tumagal ang paglalakbay ng labing-isang buwan. Sa kanyang sulat sa mga Romano, inihambing ni Ignatius ang mga sundalo sa mga malulupit na hayop, sinabi niya, "Mula sa Siria maging hanggang sa Roma, ako'y nakipaglaban sa mababangis na mga hayop, sa lupa man o sa dagat, maging gabi man o araw, nang nakagapos sa gitna ng sampung leopardo, maging kasama ng mga sundalo, na nagiging mas masama pa kapag sila'y tinatrato nang may kabaitan."

Sa kanyang mga liham, nagpatotoo si Ignatius na handa siyang mamatay bilang isang martir, isang "saksi" para kay Kristo. Dahil nalalaman niya na siya ay ipapakain sa

---

[25] Mga Gawa 11:26

mababangis na mga hayop sa Coliseum, kanyang isinulat, “Ako ang trigo ng Diyos at ako ay giniling ng mga ngipin ng mababangis na hayop upang ako’y matagpuang purong tinapay ni Kristo.” Namatay si Ignatius bilang isang saksi para sa ebanghelyo. Nalalaman niya ang pagiging tagasunod ni Hesus ay maaaring mangahulugan ng kamatayan. Sa kanyang pagharap sa kamatayan, nagpatotoo si Ignatius, “Ngayon ako’y nagsisimulang maging isang disipulo.”

**Konklusiyon: Ang Mensahe ng Kasaysayan ng Iglesya para sa Iglesya sa Kasalukuyan.**

Ang iglesyang apostoliko ay minarkahan ng mga banal na buhay na matinding sumalungat sa kanilang kultura, ng isang matinding pagmamahal sa pag-eebanghelyo at ng katapatan sa harap ng pag-uusig. Inilarawan ni Hesus ang mga katangiang ito sa kanyang Sermon sa Bundok: “Mapalad kayo, kapag nilalait kayo ng tao at kayo ay inuusig..”; ”Kayo ang asin ng sanlibutan”; ”Kayo ang liwanag ng sanlibutan”. Hindi nagulat ang unang iglesya na ang pag-eebanghelyo at makadios na pamumuhay ay magreresulta sa pag-uusig.

Bilang mga Kristiyano, tayo ay tinawag upang mamuhay nang may kabanalan; tayo ay tinawag upang maging “asin ng sanlibutan.” Sa mundo ni Hesus, ang asin ay pinahahalagahan bilang isang bagay na nagpapadalisay. Dahil walang mga *refrigerator,* ang asin ang nagprepreserba sa mga pagkain na maaaring mabulok. Ang iglesya ay dapat maging isang pangpreserba.

Sa kasaysayan ng iglesya, nakikita natin ang mga panahon (tulad ng Middle Ages) kung saan ang iglesya ay nakiayon sa kultura sa kanilang kapaligiran. Kapag nangyayari ang mga ito, ang iglesya ay hindi na asin. Sa ibang pagkakataon (tulad ng Reformation at noong ika-18 siglo), nakita natin ang epekto ng isang iglesya na nanatiling nakatayo nang matatag sa harap ng mga kasalanan sa kanilang kultura.

Sa isang lipunan na “bulok” dahil sa mga epekto ng kasalanan, ang iglesya ang dapat magpadalisay sa ating lipunan. Ito ay nangangailangan na ang mga Kristiyano ay maging matapat sa mga iniuutos ng Kasulatan; nangangailangan ito na tumanggi ang Kristiyano na makiayon sa mga hinihingi ng ating panahon.

Bilang mga Kristiyano, tayo ay tinawag upang mag-ebanghelyo; tinawag tayo upang maging “ilaw ng sanlibutan.” Sa buong kasaysayan ng iglesya, nakita natin ang mga pagkakataon kapag ang iglesya ay nawawalan ng kanyang matinding pagnanais na mag-ebanghelyo at nabibigo sa kanyang misyon sa mundo. Sa ibang pagkakataon, nakikita natin ang epekto ng iglesya na naglaan ng kanyang sarili sa pagpapalaganap ng mabuting balita sa buong mundo.

Kapag ang iglesya ay matapat sa utos ni Hesus na maging asin at ilaw, ang iglesya ay mahaharap sa pag-uusig. Hindi kailanman uupo lang sa isang tabi si Satanas at mamasdan ang paglago ng iglesya; siya ay lalaban. Gayunman, sa kanyang pagsulat sa panahon ng pag-uusig ni Nero, pinalakas ni Pedro ang loob ng mga Kristiyano sa ganitong mga salita:

“Pagkatapos ninyong magtiis sa loob ng maikling panahon, ang Diyos, na siyang pinanggagalingan ng lahat ng biyaya, ang siyang magbibigay sa inyo ng kaganapan, katatagan, at lakas ng loob at isang pundasyong di matitinag. Siya ang tumawag sa inyo upang makibahagi kayo sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian, kasama ni Kristo.”[26] Ang paghihirap ay sa “maikling panahon lamang”; ang kaluwalhatian ay “pangwalanghanggan.”

## Leksiyon 1 Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| ca. 30 | Pentekostes: Ang pagtatatag ng iglesyang Kristiyano |
| ca. 47-57 | Mga Paglalakbay Pangmisyon ni Pablo: Dinala ang ebanghelyo sa mga Hentil |
| 49 | Ang Konseho ng Jerusalem: Ang mga Hentil ay hindi kailangang sumunod sa mga batas ritwal ng mga Judio. |
| 64-68 | • Inusig ni Nero ang iglesya.<br>• Ginawang martir sina Pablo at Pedro. |
| 70 | Winasak ng Roma ang Jerusalem. |

## Leksiyon 1 Takdang Aralin

Sumulat ng isang pahinang essay na pinamagatang “ Ang aking Mga Plano sa Pag-aaral ng Kasaysayan ng Iglesya.” Ang essay na ito ay dapat magbigay buod sa iyong mga layunin para sa kursong ito. Maglista ng 2-3 bagay na nais mong higit pang maunawaan sa pagtatapos ng mga leksiyong ito. Sa katapusan ng kurso, pagbalik-aralan ang essay na ito upang makita kung natupad mo ang mga layunin mo para sa kursong ito.

[26] 1 Pedro 5:10

# Leksiyon 2
# Ang Mga Ama ng Iglesya: Pagtatatag ng Pananampalataya A.D. 70-313

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Matututuhan ang katapatan mula sa halimbawa ng mga martir.

(2) Maunawaan ang patotoo para sa katotohanan ng ebanghelyo na ibinigay ng mga naunang martir.

(3) Kilalanin ang kahalagahan ng mga unang apologists at teologo sa pagbibigay-kahulugan sa doktrina ng orthodox na Kristiyano.

(4) Pahalagahan ang paglaganap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Imperyong Romano.

## Introduksiyon

Maraming kilusang panrelihiyon ang lumago sa loob ng ilang taon at pagkatapos ay nawala lang. Ang isang kilusang nananatili ay dapat kumilos sa kabila ng mga hamon na lumitaw sa ikalawang henerasyon, pagkatapos lumipas ang paunang kagalakan.

Hinarap ng iglesya ang hamong ito pagkatapos ng kamatayan ng mga apostol. Sa bandang katapusan ng unang siglo, ang mga apostol at mga unang nagbalik-loob ay pawang namatay na. Ang isang bagong henerasyon ng mga Kristiyano ay naharap sa mga bagong hamon.

Ang unang iglesya ay humarap sa hamon ng pag-uusig. Ang unang henerasyon ng mga apostol na nakakita kay Hesus na may katawan ay nagbigay ng kanilang buhay para sa ebanghelyo. Ang mga mananampalataya ba na hindi nakakita kay Hesus ay mananatiling matapat sa harap ng kamatayan?

Ang unang iglesya ay humarap sa hamon ng pag-eebanghelyo. Umalis sa Silid sa itaas ang unang henerasyon ng mga mananampalataya pagkatapos ng Pentekostes upang ipalaganap ang ebanghelyo sa kanilang panahon. Ang mga mananampalataya ba na hindi naman kabilang sa mga nasa Silid sa itaas ay magpapatuloy na tuparin ang pagsusugo ni Kristo upang ipangaral ang ebanghelyo hanggang sa dulo ng mundo?

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 70 | Pagkawasak ng Jerusalem |
| 89-96 | Pag-uusig ni Domitian |
| 155 | Pagiging Martir ni Polycarp |
| 190 | Ang Muratorian Canon |
| 303-313 | Panahon ng mga Martir sa ilalim ni Diocletian at Galerius |
| 313 | Kautusan ng Milan |

Ang mga tanong na ito ay napapanahon pa rin sa kasalukuyan. Ang mga Kristiyano sa maraming bahagi ng mundo ay nahaharap sa pag-uusig. Ang mga Kristiyano ba sa ngayon ay mananatiling matapat sa harap ng pag-uusig at maging ang banta ng kamatayan?

May tungkulin pa rin ang mga Kristiyano sa ngayon upang dalhin ang ebanghelyo hanggang sa dulo ng daigdig. Ang mga Kristiyano ba sa kasalukuyan ay tutugon sa pagsusugo ni Kristo sa kanyang mga tagasunod, "Kayo ay magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."[27]

Sa leksiyong ito titingnan natin ang kasaysayan ng iglesya mula sa pagbagsak ng Jerusalem noong A.D. 70 hanggang sa simula ng ika-apat na siglo. Sa panahong ito ng "Kristiyanismong katoliko," binigyang kahulugan ng iglesya ang maraming tenets ng orthodox theology.[28] Sa panahon ng mga siglong ito, ang mga ama ng iglesya ay nagtatag ng mga prinsipyo na siyang gagabay sa pananampalataya at mga gawain ng lahat ng mga iglesya.

►Anong mga usapin na hinarap ng unang iglesya ang hinaharap ng mga Kristiyano sa inyong kultura sa ngayon? Habang pinag-aaralan mo ang leksiyong ito, hanapin ang mga prinsipyong maaaring makagabay sa iglesya sa ngayon.

## Mamatay para sa Pananampalataya: Ang mga Martir

Isa sa mga unang patotoo sa katotohanan ng ebanghelyo ay ang kamatayan ng mga martir ng unang siglo. Tanungin mo ang iyong sarili, "Sino ang magpapakamatay para sa isang kasinungalingan?" Totoo na maraming tao na ang namatay dahil sa kasinungalingan – subali't sila'y *naniwala* na totoo ang kasinungalingan. Ang mga teroristang Islam, ang mga

---

[27]Mga Gawa 1:8
[28]Ang "Katoliko" ay nangangahulugang "unibersal." Ang salitang ito ay nangangahulugan ng unibersal na Kristiyanong Iglesya na binubuo ng lahat ng manananampalataya. Sa paglipas lamang ng panahon na ang salitang Katoliko ay ginamit upang tukuyin nang tiyakan sa Romano Katolikong Simbahan.

miyembro ng kultong nagpapakamatay, ang mga martir para sa maling relihiyon lahat ay namatay na naniniwalang ang kanilang relihiyon ay totoo.

Gayunman, ang mga apostol ay mga saksi sa Muling Pagkabuhay. Kung ang libingan ay hindi naging walang laman, nalalaman nila na ang Muling Pagkabuhay ay isang kasinungalingan. Kung ang 500 saksi sa 1 Corinto 15:6 ay hindi nakita si Hesus pagkatapos na siya'y ipako sa krus, nalalaman nila na ang testimonya ni Pablo ay isang kasinungalingan. Sa halip, ang mga unang mananampalataya ay humarap sa kamatayan dahil nalalaman nila ang katotohanan ng ebanghelyo. Ang salitang *"martir"* ay nagmula sa salitang Griego na, *martys*, na tumutukoy sa isang legal na saksi. Ang mga unang martir ay hindi namatay dahil sa isang kasinungalingan; namatay sila bilang mga saksi sa katotohanan ng ebanghelyo. Namatay sila dahil nakita nila ang muling pagkabuhay ni Hesus at nalalaman nila na Siya ay Panginoon.

Ang mga tala na sulat nina Mateo, Marcos, at Lucas ay umikot sa mga iglesya sa panahon ng kalagitnaan ng unang siglo; ang tala na sulat ni Juan ay isinulat sa bandang hulihan ng unang siglo. Sa panahon ng bandang hulihan ng unang siglo, ang apat na ebanghelyo ay mga may awtoridad na saksi sa katotohanan ng muling pagkabuhay. Ang sumunod na henerasyon ng mga martir ay nagbatay ng kanilang pananampalataya sa mga ebanghelyong ito. Ang ikalawang henerasyon ng mga mananampalataya ay nanatiling tapat sa pananampalataya sa harap ng pag-uusig at kamatayan.

Kasunod ng kamatayan ni Nero noong 68 A.D. at sa pagkawasak ng Jerusalem noong 70 A.D., Hindi pinansin ng mga emperador ng Roma ang mga Kristiyano sa loob ng ilang taon. Gayunman, sa simula ng 80's, naging emperador si Domitian. Taong A.D. 89, ipinag-utos niya sa mga Judio na ipadala ang kanilang panrelihiyong ikapu sa Roma at igalang siya bilang "panginoon at Diyos." Nang tumanggi ang mga Judio at mga Kristiyano na tawagin siyang "panginoon at Diyos," pinagbawalan ni Domitian ang lahat ng "gawaing pang-Judio" at ang pagsambang Kristiyano.

Ibinilanggo si Juan sa Isla ng Patmos sa panahon ng pamumuno ni Domitian. Habang nasa Patmos, isinulat niya ang aklat ng Pahayag na nagpapakita na tanging si Hesus lamang ang karapat-dapat na tawaging "Panginoon at Diyos" at upang palakasin ang loob ng mga naghihirap na Kristiyano. Kahit mayroon man na pagsalungat ang mga emperador ng Roma, ang Diyos ay magiging matagumpay laban sa mga kapangyarihan ng mundong ito.

Ang pag-uusig ng mga Kristiyano ay nagpatuloy nang pana-panahon sa kabuuan ng ikalawa at ikatlong siglo. Pinarusahan ni Trajan ang mga Kristiyano na iniuulat sa mga opisyal, subalit hindi niya hinanap ang mga Kristiyano. Pinarusahan ni Septimius Severus (193-211) ang mga Kristiyano at mga Judio dahil sila ay sumasamba sa iisang Diyos lamang at tumangging maghandog sa mga dios nang Romano.

> "Ang dugo ng mga martir ay ang binhi ng iglesya."
>
> - Tertullian (ca. 197)

Pinarusahan nina Decius at Valerian, dalawang emperador mula sa ikatlong siglo, ang mga Kristiyano na tumangging maghandog sa mga dios. Ang mga Judio ay hindi saklaw ng pangangailangang maghandog sa mga dios, subali't sa panahong ito ang iglesyang Kristiyano ay hindi na itinuturing na bahagi ng pananampalatayang Judio.

Naluklok sa kapangyarihan si Diocletian noong A.D. 284. Simula noong 303, nagsimula siyang usigin ang mga Kristiyano. Hindi lamang indibidwal na mga Kristiyano ang pinapatay (katulad sa mga unang mga pag-uusig), kundi iniutos ni Diocletian ang pagwasak sa mga simbahan, sinunog ang mga Kasulatan, at ang mga mananampalataya ay pinahirapan bago sila patayin.

Ang matinding pag-uusig na ito ay nagpatuloy maging sa ilalim ng pumalit kay Diocletian na si Galerius. Natigil lamang ang pag-uusig nang ipalabas ni Emperador Constantino ang kanyang "Kautusan sa Milan" noong A.D. 313. Pinahintulutan ng kautusan ni Constantino ang mga Kristiyano na makasamba nang malaya. Ito ang nagtapos sa mga siglo ng pag-uusig ng mga Romano sa mga mananampalataya.

| **Mga Panahon ng Pag-uusig ng mga Romano** | |
|---|---|
| **Petsa ( A.D. )** | **Pangyayari** |
| 64-68 | • Inakusahan ni Nero ang mga Kristiyano sa pagsunog sa Roma<br>• Ang pagiging martir nina Pedro at Pablo |
| 89-96 | • Hiningi ni Domitian ang titulong "panginoon at Diyos"<br>• Ibinilanggo si Juan |
| 193-211 | • Pinarusahan ni Septimus Severus ang mga sumamba sa iisang Diyos lamang |
| 247-251 | • Hiningi ni Decius na ang lahat (maliban sa mga Judio) na magsunog ng handog sa mga dios |
| 257-260 | • Iniutos ni Valerian ang kamatayan ng mga Kristiyanong obispo |
| 303-313 | • Pinahirapan nina Diocletian at Galerius ang mga Kristiyano, sinunog ang mga simbahan, at winasak ang mga kopya ng Kasulatan. |


**…Mula Noon Hanggang Ngayon…**

Nagpapatuloy ang pag-uusig sa iglesya hanggang sa kasalukuyan sa mga lugar na tulad ng Sudan, hilagang Nigeria, at Hilagang Korea. Tinatayang apatnapu't limang milyong Kristiyano ang naging martir sa ika-dalawampung siglo (isa sa bawat limang minuto). Habang pinag-aaralan mo ang leksiyong ito, mag-ukol ng isang araw sa pag-aayuno at pananalangin para sa iglesyang pinag-uusig. Ipanalangin na:

(1) Bigyan ng Diyos ang mga Kristiyano ng kalakasan sa harap ng pag-uusig.

(2) Gamitin ng Diyos ang kanilang patotoo upang abutin ang kanilang mga mang-uusig para kay Kristo.

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makilala: si Polycarp, ang Obispo ng Smyrna (ca. 69-155)



"Walumpu't anim na taon na ako'y naging Kanyang alipin, at wala Siyang ginawang anumang kamalian sa akin. Paano ko lalapastanganin ang aking Hari na nagligtas sa akin?" (Polycarp).[29]

Ayon sa sinaunang tradisyon, si Polycarp ay isang disipulo ni Juan. Dahil dito, siya ay naging isang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga apostol at ng ikalawang henerasyon ng mga mananampalatayang Kristiyano. Siya ay nagbalik-loob noong bata pa siya at ginugol ang buong buhay niya sa pagsisilbi bilang isang lider sa iglesya. Bagaman kaunti lamang ang kanyang pormal na pag-aaral, siya ay isang epektibong tagapanguna, na ang kababaang-loob at katapangan ay naka-impressed sa mga nakakikilala sa kanya.

Naglingkod si Polycarp bilang obispo ng Smyrna (ang modernong Izmir sa Turkey). Siya ay isang matapang na kalaban ni Marcion, ang Gnostic heretic na tinalakay sa unang bahagi ng kabanatang ito. Kahit kapag nasasalubong niya si Marcion sa mga kalsada ng Roma, tumanggi si Polycarp na palambutin ang kanyang pagtanggi sa mga heretic na katuruan ni Marcion. Sa halip na sikaping makuha ang pabor ng bantog na gurong ito, tinawag ni Polycarp si Marcion na "anak ni Satanas." Ang mga katuruan ni Polycarp ang naging daan upang ang maraming Gnostics ay magbalik-loob sa tunay na pananampalatayang Kristiyano.

Dagdag pa sa dalisay na doktrina, inaalala ni Polycarp na ang mga Kristiyano ay manatili sa buhay na may etikal na integridad. Isinulat niya ang *Liham sa mga taga-Filipos* na naging isang mahalagang gabay para sa paniniwalang Kristiyano sa ikalawang siglo. Sa kanyang liham-pastoral, tinalakay ni Polycarp ang mga praktikal na usapin patungkol sa buhay Kristiyano. Nagbabala siya laban sa materyalismo at kawalang katapatan sa pananalapi. Noon, tulad ngayon, ang salapi ay isang malakas na tukso upang ihulog sa kasalanan ang mga Kristiyano.

Ang Smyrna ay isa sa dalawang iglesya na hindi tumanggap ng paghatol sa mga Liham sa Pitong Iglesya sa Pahayag. Ang mensahe sa Smyrna ay nagbabala tungkol sa pag-uusig, subali't nangako ng korona ng buhay para sa mga mananatiling matapat. "Maging matapat maging hanggang kamatayan, at ipagkakaloob ko sa inyo ang korona ng buhay. Ang

[29] Image: "Saint Polycarp", retrieved from the Wellcome Collection, https://wellcomecollection.org/works/s5rsncq, public domain mark.

sinumang nagtatagumpay ay hindi na masasaktan ng ikalawang kamatayan."[30] Si Polycarp ay tumatayong saksi sa pangakong iyon.

Sa edad na walumpu't-anim, si Polycarp ay binigyang-babala na siya ay aarestuhin. Kailan lamang ay pinatay ng mga opisyal ng Smyrna ang ilang Kristiyano at ngayon ay hinihingi ang buhay ng obispo. Naniniwala sila na kapag pinatay nila ang obispo, mamamatay rin ang iglesya sa Smyrna.

Nalalaman ni Polycarp ang pagiging seryoso ng bantang ito. Binati na niya si Ignatius nang si Ignatius ay ibiniyahe padaan sa Smyrna patungo sa kanyang pagiging martir sa Roma. Pagkalipas nito iniukol ni Ignatius ang isa sa kanyang pitong liham kay Polycarp. Nalalaman ni Polycarp ang panganib, subali't tumanggi siyang itanggi si Kristo.

Nang dumating ang mga sundalo upang hulihin si Polycarp, iniutos niyang silbihan sila ng pagkain at inumin habang siya'y nananalangin. Ang mga sundalong nakikinig sa kanyang panalangin ay labis na nabagbag ang kalooban kaya't iniwan nila siyang nananalangin sa loob ng dalawang oras bago siya dinala sa arena.

Sa arena, sinabi sa kanya ng gobernador na itanggi si Kristo at nangako na ililigtas niya ang kanyang buhay. Ang tanging dapat sabihin ni Polycarp ay ang mga salitang "Si Caesar ang Panginoon." Sa panahong ito sa kasaysayan ng Roma, kaunti lamang ang nakapag-aral na mga tao –maging ang Caesar—ang tunay na naniniwala sa mga dios ng Roma. Dahil dito, maraming tao ang humihikayat sa mga Kristiyano na sabihin ang mga salitang iyon bilang paraan upang maiwasan ang kamatayan. Ipinipilit nila, "Hindi mo kinakailangang paniwalaan ang mga salitang iyon. Simple lamang na sasabihin mo ang mga walang kahulugang salitang iyon nang hindi binibitiwan ang iyong pananampalataya kay Kristo."

Tumugon si Polycarp sa isang patotoo sa katapatan ni Kristo. Ang kanyang mga salita ay umalingawngaw sa buong kasaysayan: "Walumpu't-anim na taon na ako'y kanyang lingkod, at wala Siyang ginawang mali sa akin. Paano ko lalapastanganin ang aking Hari na nagligtas sa akin?"[31] Tumanggi siyang ikompromiso ang kanyang pananampalataya kay Kristo upang iligtas ang kanyang buhay. Pagkatapos ipinag-utos ng gobernador na sunugin sa tulos si Polycarp.

Isinulat ng isang saksi sa pagiging martir ni Polycarp na ang kamatayan ni Polycarp ay nakaapekto sa lahat ng taong nakasaksi dito: "Pinag-usapan siya maging ng mga hindi naniniwala sa lahat ng dako." Maging sa kamatayan, si Polycarp ay isang saksi para sa Diyos sa mundo. Matapat si Polycarp sa katotohanan, maging hanggang sa umabot sa kamatayan.

---

[30] Pahayag 2:10-11
[31] Ang kwento tungkol sa pagiging martir ni Policarpio ay matatagpuan sa http://www.ccel.org/ccel/richardson/fathers.vii.i.iii.html

Ang kamatayan ni Polycarp at iba pang Kristiyano sa ikalawang siglo ay nagpapakita na ang mensahe ng ebanghelyo ay hindi nawawalan ng kapangyarihan kahit lumipas pa ang unang henerasyon ng mga mananampalataya. Nagbigay ng lakas ng loob ang Banal na Espiritu sa mga apostol sa harap ng pag-uusig; ang Banal na Espiritu ang nagbigay kay Polycarp at sa kanyang mga kapanahon ng tapang sa harap ng kamatayan; ang Banal na Espiritu ang magbibigay ng lakas ng loob sa ngayon sa harap ng pagsalungat ni Satanas.

## Pagtatanggol sa Pananampalataya: Ang Apologists

► Ano ang kahulugan sa iyo ng salitang "paumanhin"?

Sa kasalukuyan, ginagamit natin ang salitang "paumanhin" upang tumukoy sa isang pagpapahayag ng pagsisisi dahil sa isang pagkakamali. Ang paghingi ng paumanhin sa isang tao ay nangangahulugan ng pagsasabi ng, "Ikinalulungkot ko ang aking ginawa."

Gayunman, ang salitang apology ay orihinal na nagmula sa salitang Latin na *apologia* na nangangahulugan ng "pagbibigay ng pagtatanggol" sa katotohanan. Sa ikalawang siglo, ang mga manunulat na tinatawag na "Apologists" ay nagtanggol sa pananampalatayang Kristiyano laban sa mga umuusig na Romano. Ipinaliwanag ng mga manunulat na ito ang pananampalatayang Kristiyano sa mga edukadong tao sa kanilang panahon. Nais nilang ipakita na ang mga Kristiyano ay hindi isang pampulitikang banta sa Imperyong Romano. Tulad ng nakita natin sa Leksiyon 1, ang ilan sa mga pag-uusig laban sa mga Kristiyano ay batay sa maling pagkakaunawa sa kanilang mga ginagawa sa pagsamba. Sinikap ng mga apologists na ipaliwanag ang mga ginagawang ito sa mga hindi mananampalataya.

Dagdag pa rito, ipinahayag rin ng mga apologist ang ebanghelyo sa mga pagano. Madalas nilang ginagamit ang mga salita at ideya ng Griegong pilosopiya upang ipaliwanag ang ebanghelyo. Tinukoy ng mga apolgists ang sermon ni Pablo sa mga pilosopo sa Athena bilang isang halimbawa ng paggamit ng paganong pilosopiya bilang isang kasangkapan para sa ebanghelyo.[32]

**Justin Martyr** (ca. 110-165) lumaki siya sa isang pamilyang Hentil. Sinanay siya sa Griegong pilosopiya sa halip na sa teolohiyang Judio. Pinag-aralan ni Justin ang maraming Griegong philosophers sa kanyang paghahanap sa katotohanan. Ang bawat isa sa mga ito ay nagdala ng pagkadismaya. Sa katagalan, may nakilala siyang isang matandang Kristiyano na nagpakilala sa kanya sa ebanghelyo. Sa pamamagitan ng lalaking ito, natagpuan ni Justin ang katotohanan kay Kristo.

Natuklasan ni Justin na nasasagot ng pananampalatayang Kristiyano ang mga tanong na hindi kayang sagutin ng alinmang pilosopiyang Griego. Dagdag pa rito, ang katapangan ng mga martir ang kumumbinsi sa kanya na nalalaman ng mga Kristiyano ang katotohanan. Makalipas ito, isinulat niya, "Nang makita ko ang mga Kristiyanong walang takot sa kamatayan, alam ko na imposible na sila ay namumuhay sa kasamaan at karangyaan." Sa

[32] Binanggit ni Pablo ang nakaukit sa isang paganong altar sa kanyang sermon sa Areopagus (Mga Gawa 17:18-31).

paglipas ng panahon, namatay si Justin dahil sa kanyang pananampalataya. Pinugutan siya ng ulo dahil sa pananampalataya noong A.D. 165 pagkatapos sumulat sa Emperador, "Maaari mo kaming patayin, subali't hindi mo kami maaaring saktan."

Pagkatapos niyang magbalik-loob, pinag-aralan ni Justin ang Lumang Tipan at nakita niya kung paanong inihanda ng mga propetang Hebreo ang daan para kay Hesus na Manunubos. Nahikayat si Justin na kung paanong ginamit ng Diyos ang Batas ni Moises upang ipakita sa mga Judio na kailangan nila ng isang Manunubos, ginamit ng Diyos ang mga katuruan ng mga philosophers na Griego upang ipakita ang kanilang pangangailangan ng isang Tagapagligtas.

Nakita ni Justin na ang mga tanong ng mga pilosopong Griego ay hindi maaaring sagutin nang hiwalay kay Hesus. Dahil dito, gumamit si Justin ng mga kaisipan mula sa mga paganong pilosopo upang ituro ang pananampalatayang Kristiyano.

Ang *Dialogue with Trypho*na isinulat ni Justin ay gumamit ng salitang *logos* mula sa Juan 1 bilang batayan ng kanyang pagtatanggol sa ebanghelyo.[33] Sinabi niya na ibinigay ng Diyos ang "binhi ng Salita" sa mga Griegong pilosopo upang ihanda ang daan para sa pagdating ng Mesiyas. Binanggit niya si Socrates na tumanggi sa mga Griegong dios at diyosa. Sinabi ni Justin na sa pamamagitan ng pagpapakita na ang mga dios na ito ay huwad, pinalaya ni Socrates ang mga Hentil "mula sa mga demonyo."[34] Inihanda nito ang mga Hentil para sa mensahe ng tunay na Diyos at para sa pagdating ni Kristo bilang ang "Salita na nagkatawang-tao."

**Matteo Ricci**

Sa simula ng ika-17 siglo, si Matteo Ricci, isang misyonero sa Tsina, ay sumunod sa paraan ng patotoo ni Justin sa pag-eebanghelyo. Hiniram ni Ricci ang mga konsepto ni Confusius (kabilang dito ang

Tradisyunal na pangalan ng mga Intsik para sa Dios upang ipahayag ang ebanghelyo. Sa pamamagitan ng kanyang impluwensiya, ilang opisyal ng pamahalaan ang nagbalik-loob at naging Kristiyano. Gayunman, marami ang naniniwala na ikinompromiso ni Ricci ang doktrinang Kristiyano sa kanyang pagsisikap na iangkop sa mga tradiyong Tsino. Sa kasalukuyan, nahaharap pa rin ang mga Kristiyano sa hamon ng pagpapahayag sa ebanghelyo sa ibang kultura nang hindi ikinokompromiso ang mensahe ng ebanghelyo.

Dalawang apologists na taga Hilagang Africa, sina Clement ng Alexandria at Origen, ang gumamit ng Griegong pilosopiya upang ipaliwanag at ipagtanggol ang pananampalatayang Kristiyano. Ang Alexandria, ang ikalawang pinakamalaking lungsod ng Imperyong Romano, ay nagtataglay ng malaking populasyong Judio. Sa Alexandria, ang pilosopong Judio na si Philo (isang kapanahon ni Pablo) ay nagsikap na ipaliwanag ang Judaismo gamit ang mga pilosopikal na terrminong Griego. Sa katapusan ng ikalawang

[33]Sa Juan 1:1, ang Griegong salita na *logos* ay isinalin bilang Salita at ginamit upang tukuyin si Cristo Hesus.
[34]*First Apology,* 5

siglo, sinundan ni **Clement ng Alexandria** ang patotoo ni Justin sa pagsisikap na humanap ng mga kaugnayan sa pagitan ng pananampalatayang Kristiyano at ng pilosopiyang Griego.

Si **Origen**, ang sumunod kay Clement, ay nagpatuloy sa kanyang espekulasyong pilosopikal. Sinikap niyang ipaliwanag ang ebanghelyo sa kulturang Griego gamit ang isang allegorical na pamamaraan tungo sa Lumang Tipan. Halimbawa, sumulat si Origen ng isang komentaryo sa Awit ng mga Awit kung saan binigyan niya ng kahulugan ang bawat talata bilang isang larawan ng pag-ibig ni Kristo para sa iglesya. Ang mga sumunod na mga nagpahayag tulad nina Augustine ay sumunod sa allegorical na interpretasyon ni Origen. Gayunman, marami sa mga pilosopikal na ideya ni Origen ay tinanggihan ng iglesya katagalan bilang salungat sa Kasulatan.

**...Mula Noon Hanggang sa Kasalukuyan...**

May mga iskolar na pangmisyon sa kasalukuyan ang humihikayat sa mga nag-eebanghelyo na gamitin ang pamamaraan ng patotoo ni Justin sa pag-eebanghelyo. Ipinapanukala nila na dapat nating pag-aralan ang mga paniniwala ng mga hindi-Kristiyano upang makapag tatag ng mga tulay sa pagitan ng mga maling relihiyon at ng ebanghelyo. Sa ganitong pamamaraan, naglalabas ang Kristiyano ng mga katanungan kung saan ang isang hindi mananampalataya ay walang kasagutan. Ang layunin ay makalikha ng pagkagutom para sa mga sagot na matatagpuan lamang sa ebanghelyo ni Kristo Hesus.

►Anong mga katuruan sa inyong lipunan ang nagbibigay ng pagkakataon para sa mensahe ng ebanghelyo? Sa paanong paraan ang mga katuruang ito ay nakalilikha ng pagkagutom para sa katotohanan? Ano ang mga panganib sa pag-aaral sa mga maling ideyang ito?

## Ang Paglaganap ng Ebanghelyo – Sa Buong Imperyo ng Romano at Lampas pa Roon

Pagkatapos ng Pentekostes, ang sentro ng Kristiyanismo ay unti-unting kumilos palayo sa Jerusalem. Habang tumitindi ang pag-uusig, maraming Kristiyano ang tumakas patungo sa Antioch sa Siria. Ang iglesya ay naging pangunahing iglesyang nagsusugo ng misyonero sa Mga Gawa. Sa bandang dulo ng ikaapat na siglo, halos kalahati ng populasyon ng Antioch na 500,000 katao ay naging Kristiyano na.[35]

Dinala ni Pablo ang ebanghelyo pakanluran sa daang Asia Minor (ang modernong Turkey). Mga A.D. 112, ang ebanghelyo ay lumaganap na sa Asia Minor. Binigyang babala ng gobernador si Emperor Trajan na ang mga templong pagano ay malapit nang mawalan ng tao dahil napakarami nang tao ang nahikayat sa Kristiyanismo.

Nangaral sina Pablo at Pedro sa Roma. Mga A.D. 250, mayroon nang humigit-kumulang sa 30,000 na Kristiyano sa Roma mismo. Mula sa Roma, lumaganap ang ebanghelyo sa buong Imperyo. Dinala ni Pablo ang ebanghelyo sa Espanya pagkatapos niyang lumaya mula sa

[35] Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language, 3rd ed.* (USA: Thomas Nelson, 2008), 29

bilangguan. Itinatag ang mga iglesya sa kasalukuyang France mga kalagitnaan ng ikalawang siglo. Mga A.D. 314, mayroon nang hindi bababa sa tatlong Obispo na nagmula sa Britanya.

Isa pang sentro ng unang Kristiyanismo ay sa Hilagang Africa. Salungat sa Roma, kung saan karamihan sa mga Kristiyano ay nagmula sa mabababang klase ng tao, ang mga iglesya sa Hilagang Africa ay nakaakit ng maraming tao mula sa nakatataas ng klase ng tao.

**THE MISSIO DEI**

**Ang Dios na Kumikilos sa Mundo**

"Hindi dinala ng mga misyonero ang Dios sa Africa; dinala ng Dios ang mga misyonero sa Africa."

Sa bandang katapusan ng ikatlong siglo, nakaabot na ang ebanghelyo sa buong Imperyo ng Roma. Sa kabila ng Imperyo ng Roma, naglakbay ang ebanghelyo patungong silangan sa Edessa at hanggang sa India. Ayon sa maagang tradisyon ng iglesya, dinala ni apostol Tomas ang ebanghelyo sa India kung saan siya ay pinatay ng isang grupo ng high-caste Brahmins nang siya ay tumangging maghandog sa diosang si Kali. Ito ang pinakamatandang pagbanggit sa ebanghelyo na kumilos sa labas ng Imperyong Romano. May mga iskolar na naniniwala na ang ebanghelyo ay maaaring naglakbay mula sa India patungo sa Tsina sa Silk Road sa bandang una o simula ng ikalawang siglo.

Habang dinadala ng mga Kristiyano ang ebanghelyo sa Jerusalem, Judea, Samaria at sa dulo ng mundo, sinunod nila ang Dakilang Pagsusugo (Great Commission). Ang teologong African na si John Mbiti ay madalas magpaalala sa kanyang mga tagapakinig na hindi dinala ng mga misyonero ang Diyos sa Africa; dinala ng Diyos ang mga misyonero sa Africa.[36] Habang sumusunod tayo sa pagtawag ng Diyos, tinutupad Niya ang Kanyang gawain sa ating mundo.

## Konklusyon: Nagsasalita ang Kasaysayan ng Iglesya sa Kasalukuyan

Minsan ay sinabi ni Mahatma Gandhi, "Hindi ako kailanman naging interesado sa isang Hesus na pangkasaysayan. Hindi ako dapat mag-alala kung mapatunayan man ng sinuman na ang taong si Hesus ay hindi kalianman nabuhay.. Dahil ang Sermon sa Bundok ay totoo pa rin para sa akin." Nakakalungkot, maraming tao na nag-aangkin na siya ay Kristiyano ngunit naniniwala katulad ni Gandhi. Sinasabi nila na ang mga katuruan ni Hesus, ngunit hindi malahaga para sa kanila ang mga katotohanan sa kanyang buhay.

Ang mga unang ama ng iglesya ay nababatid ang kahalagahan ng pangkasaysayang katotohanan ng buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Ang ethical at espirituwal na katuruan ni Hesus ay nakabatay sa kung *sino si Hesus*. Malinaw ang salita ni Pablo, "Kung hindi muling binuhay si Kristo, walang kabuluhan ang iyong pananampalataya at ikaw ay nasa iyong mga kasalanan pa."[37]

---

[36]Binanggit ni Timothy C. Tennent, sa *Invitation to World Missions* (Michigan: Kregel, 2010, 75)
[37] 1 Corinto 15:17

Sa ikalawang henerasyon ng iglesya, ang mga ama ng iglesya ay handang harapin ang pagiging martir dahil sa kanilang pagtitiwala sa buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Tulad ng mga ama ng iglesya, dapat nating panghawakan ang mga katotohanan ng Kristiyanismo. Ang mga ama ng iglesya ay humarap sa pagiging martir sa halip na itatwa ang pananampalataya; ang mga Kristiyano sa kasalukuyan ay tinatawag upang sundan ang kanilang halimbawa, nanatiling matapat maging hanggang sa kamatayan.

Sa ikalawang henerasyon ng iglesya, ibinigay ng mga ama ng iglesya ang kanilang buhay para sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Dinala nila ang ebanghelyo sa mga sulok ng Imperyong Romano. Ang mga Kristiyano sa kasalukuyan ay tinatawag upang sundan ang kanilang halimbawa, na italaga ang kanilang sarili sa paggawa ng mga disipulo sa lahat ng mga bansa.

## Leksiyon 2 Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 70 | Pagkawasak ng Jerusalem |
| 89-96 | Pag-uusig ni Domitian sa mga Kristiyano |
| 155 | Ginawang martir si Polycarp. |
| 190 | Kabilang sa Muratorian Canon ang lahat ng aklat ng Bagong Tipan maliban sa Hebreo, Santiago, at ang mga Sulat ni Pedro. |
| 303-313 | Panahon ng mga Martir sa ilalim ni Diocletian |
| 313 | Ang Kautusan sa Milan ni Constantine na naglegal sa Kristiyanismo sa Imperyong Romano. |

**Leksiyon 2 Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesya**

**Clement ng Rome** (Unang Siglo). Obispo ng Roma sa bandang huli ng unang siglo. Sumulat siya sa iglesya sa Corinto na tumalakay sa mga suliranin ng kaayusan at awtoridad sa iglesya.

**Ignatius** (ca.35-ca.117). Obispo ng Antioch. Sumulat siya ng pitong liham sa mga iglesya habang naglalakbay patungo sa Roma upang humarap sa kamatayan. Ipinakita ng kanyang mga liham ang teolohiya ng unang henerasyon pagkatapos ng Bagong Tipan.

**Irenaeus** (ca. 130-202). Isa sa pinakamaimpluwensiyang tagapanguna sa unang iglesya. Ang kanyang *Against Heresies* ay kumalaban sa Gnosticism. Nagkaroon siya ng bahagi sa pagbuo ng canon at sa doktrina ng pagkakatawang-tao.

**Justin Martyr** (100-165). Siya ang pinakamahalagang Kristiyanong apologist. Gumamit siya ng pilosopiyang Griego upang ipaliwanag ang Kristiyanismo sa mga hindi mananampalataya.

**Origen** (185-254). Obispo ng Alexandria. Bagaman tinanggihan niya ang Gnosticism, tinanggap niya ang maraming ideyang pilosopikal ng mga Griego na nakahikayat sa mga Gnostics. Gumamit sya ng mga allegorical interpretation upang ipaliwanag ang mahihirap na talata sa Biblia.

**Polycarp** (ca.69-155). Obispo ng Smyrna at iginagalang na tagapangunang Kristiyano. Naging martir siya sa edad na 86.

## Leksiyon 2 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kasama sa pagsusulit ang mga petsa mula sa "Mga Susing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya" timeline (100-313).

(2) Maghanda ng isang buod ng talambuhay ng isa sa mga sumusunod na tagapangunang Kristiyano: Justin Martyr, Clement ng Alexandria o si Irenaeus. Dapat kasama sa iyong buod ang apat na bahagi:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya nanirahan? Kailan at saan siya namatay?
- Mga Pangyayari: Ano ang pinakamahalagang pangyayari sa kanyang buhay?
- Impluwensiya: Ano ang kanyang pangmatagalang impluwensiya sa iglesyang Kristiyano?
- Aplikasyon: Ano ang isang leksiyon para sa iglesya sa kasalukuyan mula sa tagapangunang ito?

Mayroon kang dalawang pagpipilian sa pagpiprisinta sa buod na ito:

- Magsumite ng 2 pahinang nakasulat na papel sa tagapanguna sa inyong klase.
- Magbigay ng 3-5 minutong presentasyon na pasalita sa inyong klase.

## Leksiyon 2 Pagsusulit

(1) Ang pag-uusig sa iglesya mula A.D. 89-96 ay pinangunahan ni Emperador____________________.

(2) Noong A.D. 303, iniutos ni Emperador ____________________ na wasakin ang mga iglesya at sunugin ang mga Kristiyanong Kasulatan.

(3) Ang apologist na si _________________ ay gumamit ng Griegong pilosopiya upang ipaliwanag ang Kristiyanismo sa mga hindi mananampalataya mula sa paganong pinagmulan o nakalakihan.

(4) Ang apologist na si _______________ ay gumamit ng allegorical approach sa Lumang Tipan upang ipaliwanag ang ebanghelyo sa mga taong nagsasalita ng Griego sa Alexandria.

(5) Ang ____________________ canon ay inilista noong A.D. 190. Kabilang dito ang karamihan sa ating kasalukuyang Bagong Tipan.

(6) Ang Kautusan ng Milan ay ipinahayag noong A.D. ____________.

# Leksiyon 3
# Ang Mga Ama ng Iglesya: Mga Hamon sa Pananampalataya A.D. 70-313

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Makilala ang kahalagahan ng mga sinaunang theologians sa pagpapakahulugan ng doktrinang Kristiyano.

(2) Makita ang kapahamakan ng maling doktrina para sa iglesiya ng ikalawang siglo *at* maging sa kasalukuyan.

(3) Malaman ang kahalagahan ng Bagong Tipan canon at sinaunang credo para sa pagpapakahulugan sa doktrinang Kristiyano.

(4) Maunawaan ang gampanin ng namumuno sa iglesya sa pagtatanggol sa tamang paniniwala.

## Introduksiyon

Ipinapakita ng Leksiyon 2 ang dalawang suliranin na kinaharap ng ikalawang henerasyon ng iglesya: ang pag-uusig at pag-eebanghelyo. Sa Leksiyon 3, pag-aaralan natin ang iba pang dagdag na suliranin.

Ang mga suliraning tinalakay sa leksiyong ito ay maaaring mas matindi pa sa pag-uusig. Ang pag-uusig ay nanggagaling sa labas. Ang suliranin sa leksiyong ito ay galing sa loob ng iglesya. Ang mga iglesya sa ikalawa at ikatlong siglo ay humarap sa mga maling pananampalataya, hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga mananampalataya, at ang kapahamakan ng lubusang pagtalikod sa pananampalataya at pagbalik sa dating gawain. Ang mga suliraning ito ay nagbunga ng mga bagong tanong para sa iglesya:

- **Maling doktrina**. Mananatili bang matapat ang iglesya sa "pananampalataya na minsang nakaukol sa mga pinabanal?"[38]
- **Hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga mananampalataya.** Habang lumalaganap ang ebanghelyo, mananatili bang nagkakaisa ang iglesya sa kabila ng pagkakaiba ng mga kultura?

---

[38] Judas 1:3

- **Pagtalikod sa pananampalataya at pagbalik sa dating gawain**. Kung ang isang Kristiyano ay nahulog sa takot na mausig o dahil sa kabiguang pangmoral, mapanunumbalik pa ba sila sa pakikipag-ugnayan sa iglesya?

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 70 | Pagkawasak ng Jerusalem |
| 90-150 | Paglaganap ng Gnosticism |
| 190 | Ang Muratorian Canon |
| 313 | Kautusan sa Milan |
| 367 | Pinatotohanan ng Liham ni Athanasius sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang Canon ng Bagong Tipan |

### Pagpapakahulugan sa Pananampalataya: Maling pananampalataya at Orthodoxy

Isinulat ni Bruce Shelley, "Ginagamit ng teolohiya ang sarili nating pananalita at ating sariling paraan ng pag-iisip upang maipaliwanag ang katotohanan ng Diyos."[39] Isa ito sa dahilan ng magkakaibang teolohikal na pahayag sa iglesya; ang bawat kultura ay naghanap ng ibang paraan upang maipahayag ang biblikal na katotohanan sa kanilang panahon.

Noong ikalawa at ikatlong siglo, nahirapan ang mga Kristiyano na ibahagi ang ebanghelyo sa nagbabagong mundo. Ang unang henerasyon ng Kristiyano ay mga Judio na nagbahagi ng pagkaunawa sa Diyos at sa Kanyang mundo ayon sa Lumang Tipan. Nagsimula sa ikalawang siglo, karamihan ng Kristiyano ay nagmula sa kultura ng paganong Hentil. Ang mga bagong mananampalatayang ito ay hindi nagtataglay ng teolohikong pundasyon ng mga Judiong nagbalik-loob na. Sa panahon ng mga siglong ito, nahirapan ang mga Kristiyanong teologo na maipaliwanag ang pangunahing paniniwalang Kristiyano sa paraang parehong tapat sa Banal na Kasulatan at mauunawaan sa kanilang panahon.

Ang salitang *orthodoxy* ay nangangahulugan ng tamang paniniwala, o tamang doktrina. Ang *heresy* ay maling doktrina, doktrina na sumasalungat sa pangunahing katuruan ng Biblia. Mahalagang malaman na hindi lahat ng hindi pagkakaintindihan sa katuruan ay kaugnay sa maling pananampalataya. Dapat lamang gamitin ang salitang ito sa mga turo na hindi sumasang-ayon sa tunay na ebanghelyo.

Alam ng mga sinaunang Kristiyano na ang panlabas na kaaway katulad ng Roma ay banta sa iglesya. Ngunit nalaman nila na may mas matinding panganib na nanggagaling sa loob, ang panganib ng maling katuruan. Karamihan sa ating mga theological na pagkaunawa sa

---

[39] Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language, 3rd ed.* (USA: Thomas Nelson, 2008), 48

ngayon ay nagmula sa tugon ng iglesya sa mga maling doktrina. Nang ang mga huwad na tagapangaral ay hindi sumang-ayon sa pinakamahalagang doktrina ng pananampalataya, kumilos ang mga Kristiyano upang maipaliwanag ang mga katuruan sa Biblia sa paraang mauunawaan ng lahat ng Kristiyano. Umasa ang iglesya sa tatlong pinagmulan ng awtoridad sa pagtugon sa mga maling doktrina: ang canon (ang pinagsama-samang kinasihan na banal na Kasulatan), tagapanguna ng iglesya (bilang kinatawan ng buong iglesya), at mga credo (mga buod ng pananampalataya ayon sa kaugaliang doktrina).

Ang mga sinaunang maling doktrina ay patungkol sa likas na katangian ni Kristo Hesus. Ang ebanghelyo ni Juan ay nagpapakita na si Hesus ay kapwa lubusang banal at lubusang tao. Gusto ni Juan na malaman ng nagbabasa na si Hesus ay tunay na Diyos; "ang mga ito ay nasulat upang kayo ay sumampalataya na si Hesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos…."[40] Gusto din niyang malaman ng kanyang mambabasa na si Hesus ay ganap na tao; tinukoy niya ang dugong dumaloy sa tagiliran ni Hesus sa krus, ang marka ng mga pako sa kamay ni Hesus, at ang pagkagutom ni Hesus.

Habang ang mga sinaunang maling doktrina ay pinabulaanan ang pagiging Diyos ni Hesus,[41] ang pinakakaraniwang maling doktrina ay pinabulaan ang kanyang pagiging tao. Ang mga ereheng ito ay itinanggi ang reyalidad ng pagkakatawang-tao; sinabi nila na si Hesus ay *nagwangis* lamang na tao.

### Gnostisismo

Isa sa pinakamapanganib na maling doktrina sa sinaunang iglesiya ay ang gnostisismo*.* Ang gnostisismo ay base sa pilosopiya na nagtuturo na ang mundo ay nahahati sa dalawang pwersa, mabuti at masama.[42] Humiram mula sa mga sinaunang pilosopong Griyego katulad ni Plato, ang Gnostisismo ay nagturo na ang espirituwal na mundo lamang ang lubusang mabuti; lahat ng pisikal ay masama. Bagaman may ilang Gnostiko ang nagsasabing sila ay Kristiyano, ngunit sumasalungat ang kanilang katuruan sa mga pangunahing katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano.

Una, inaangkin ng Gnostisismo na ang kaligtasan ay nagmumula sa lihim na kaalaman.[43] Itinuturo ng gnostisismo na ang espesyal na kaalaman na ito ang nagdadala sa kanilang mga tagasunod sa tunay na espirituwal na lugar na hindi na hinahadlangan ng materyal na mundo, at nagdudulot ng espesyal na kaugnayan sa isang Diyos na lubos na perpekto na dahilan upang hindi makilala sa pisikal na mundo. Sumasalungat ito sa katuruan ng biblia na ang kaligtasan ay para sa lahat – ayon sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya

---

[40] Juan 20:31
[41] Ang pinakakilala sa mga grupong ito ay kilala sa tawag na Ebionites. Itinuturo nila na si Hesus ay isa lamang tao na naging ang Mesiyas sa pamamagitan ng maingat na pagsunod sa Kautusan.
[42] Ang pilosopiyang ito ay tinawag na dualism.
[43] Ang salitang "gnostic" ay mula sa salitang Griego na *gnosis*, ang kahulugan ay "upang malaman."

kay Kristo Hesus.[44] Sa halip na sikretong karunungan, ang kinakailangang karunungan para sa kaligtasan ay matatagpuan sa Biblia.

Pangalawa, dahil naniniwala sila na ang pisikal na mundo ay masama, itinuturo ng Gnostisismo na ang Diyos ng Lumang Tipan ay isang masamang Diyos na lumikha sa materyal na mundo, samantalang ang Hesus ng Bagong Tipan ay espirituwal na nilalang. Batay sa katuruang ito, ang "hindi makikilalang Diyos" na walang kinalaman sa pisikal na sansinukob ay ang tunay na Diyos. Ang Diyos ng Lumang Tipan ay masamang Diyos na lumikha ng mundo at pinanatili ang pagkaalipin ng mga tao sa mga bagay. Ang Diyos na ito ay pumipigil sa sangkatauhan na makabalik sa espirituwal na mundo. Ang paglaya sa pisikal na mundo ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng sikretong kaalaman ng Gnostiko.

Sumasalungat ang katuruan nito sa Genesis 1 na ang mundo na nilikha ng Diyos ay "mabuti." Sumasalungat ito sa biblikal na katuruan na ang Diyos ay banal. At sumasalungat ito sa katuruan sa Juan 1:1-3 na si Hesus ay Diyos at ang "lahat ay nilikha sa pamamagitan niya."

Pangatlo, pinabulaanan ng Gnostisismo ang katotohanan sa Juan 1:14, "Ang Salita ay naging tao at nanahan kasama natin." May dalawang anyo ng Gnostisismo – parehong sumalungat sa Juan 1.

Isang anyo ng Gnostisismo ang nagsabi na si Hesus ay banal at siya ay *nag-anyong tao* lamang. Ang anyo ng Gnostisismo na ito ay natuturo na si Hesus ay espiritu lamang. Pinabulaanan ng katuruang ito ang pagkakatawang-tao. Itinanggi nito ang lubos na pagiging tao ni Hesu-Kristo.

Ang ikalawang anyo ng Gnostisismo ay nagsasabi na si Hesus ay isang pangkaraniwang tao na napuspos ng banal na Espiritu nang siya'y bautismuhan. Ang banal na espiritu ay humiwalay bago ang pagkapako. Pinabulaanan ng katuruang ito ang kabuuang pagiging Diyos ni Hesu-Kristo.

Kahit aling anyo ng maling doktrina ng Gnostisismo ay itinatanggi ang biblikal na doktrina ng pagbabayad-sala. Sa pagbabayad-sala kinakailangan na si Hesus ay maging tunay na Diyos at tunay na tao. Bilang kabayaran sa ating mga kasalanan, dumanas si Hesus ng tunay na pisikal na kamatayan sa krus. Bilang kapalit ng tao, kinailangan na si Hesus ay maging tao.[45] Itinangi ng Gnostisismo ang katotohanan ng pagbabayad-sala.

Ang mga manunulat ng Bagong Tipan ay labis na sumalungat laban sa maling katuruan ng Gnostisismo. Sa Colosas, hinatulan ni Pablo ang mga gumagawa ng *asceticism,* umaangkin ng pinakamataas na kaalaman, at itinatanggi ang muling pagkabuhay. Mariin niyang

[44] Efeso 2:8-9
[45] Hebreo 2:14-17

binalaan si Timoteo, "Iwasan ang walang kabuluhang usapan at pagtatalo tungkol sa hindi totoong 'karunungan'."[46]

Tumugon si Juan sa mga nagtatanggi sa pagiging tao ni Hesus, "Iyon na aming narinig, na nakita ng aming mga mata, na aming tiningnan at nahawakan ng sarili naming kamay…."[47] Tiniyak niya sa kanyang mambabasa na si Hesus ay tunay na tao. Sa huli, nagbabala siya na alin mang espiritu na hindi magpahayag tungkol kay Hesus "ay hindi galing sa Diyos. Ito ay ang espiritu nang kumakalaban kay Kristo."[48]

May ilang "Ebanghelyong Gnostisismo" ang nasulat sa ikalawang siglo. Ang mga sulat na ito, katulad ng "Ang Ebanghelo ni Tomas," "Ang Ebanghelyo ni Maria," "Mga Gawa ni Pedro," at "Mga Gawa ni Tomas" ay kilala at tinanggihan ng mga naunang ama ng iglesya. Kailanman ay hindi ito tinanggap na bahagi ng Bagong Tipan canon.

►Ang ideya ng Gnostisismo ay naging kilala sa unang bahagi ng ika-dalawampu't-isang siglo. Bumalik ang mga manunulat sa ideya na may sikretong kaalaman na itinago ng sinaunang iglesiya. Ilang Ebanghelyong Gnostisismo ang itinuturo sa mga unibersidad. Naaapektuhan ba ng ideyang Gnostisismo ang komunidad kung saan kayo nagministeryo? Kung oo, alin ang mga ito?

### Docetism

Isa sa pinaka maimpluwensyang grupong Gnostisismo ay pinamumunuan ni Marcion, anak ng isang mayamang pinuno ng iglesya. Noong ika 140 A.D, si Marcion ay pinatalsik sa iglesya ng kanyang ama dahil sa maling doktrina at imoral na gawain. Pumunta si Marcion sa Roma kung saan walang nakakaalam ng kanyang nakaraan. Nagbigay siya ng malaking donasyon sa simbahan sa Roma, sumapi sa simbahan, hanggang sa makapagturo ng ereheng doktrina na pinagsamang Gnostisismo at Kristiyanismo.

Ang mga turo ni Marcion ay nagsasabi na ang Diyos ng Lumang Tipan ay isang galit na Diyos, at hindi ang ama ni Hesus. Sinabi ni Marcion na ang ama ni Hesus ay mas mataas na Diyos ng biyaya at pagmamahal. Itinuro niya na ang Lumang Tipan ay hindi banal na aklat. Isang bahagi ng maling doktrina ni Marcion ay tinatawag na *Docetism*, na nangangahulugan na si Hesus ay *pawang* tao lamang. Itinatanggi ng katuruang ito ang katotohanan ng pagkakatawang tao. Katulad ng iba pang naniniwala sa Gnostisismo, naniniwala si Marcion na ang pisikal na bagay ay masama. Dahil dito, hidi niya matanggap na ang banal na Diyos ay nagkatawang tao.

Nang malaman ng simbahan sa Roma ang maling katuruan ni Marcion, siya ay inalis sa samahan ng iglesiya. Nagtayo siya ng ereheng iglesiya sa Italya at Asya Minor.

---

[46] 1 Timoteo 6:20
[47] 1 Juan 1:1
[48] 1 Juan 4:3

**Modalism**

Itinanggi ng Modalismo ang biblikal na doktrina ng Trinidad. Itinatanggi nito na ang tatlong pagkatao sa Trinidad ay magkakasamang buhay magpakailanman. Sa halip, itinuturo ng modalismo na ang Diyos ay iisang tao na nagpakita sa tatlong anyo.

Ayon sa modalismo, ipinakilala ng Diyos ang kanyang sarili bilang isang Ama sa Lumang Tipan. Sa incarnation, ipinakilala niya ang kanyang sarili bilang isang Anak. Matapos ang pagakyat sa langit, Siya ay nagpakilala sa iglesiya bilang Banal na Espiritu. Itinuturo ng Modalism na ang Ama, Anak, at ang Banal na Espiritu ay hindi magkakasama sa iisang panahon. Pinabubulaanan nito ang Trinidad na itinuturo sa Bagong Tipan.[49]

Sa ikatlong siglo, ipinagtanggol ni Tertullian, na mula sa North Africa, ang orthodoxy laban sa modalism. Dahil sa kanyang malinaw na paliwanag, tinawag si Tertullian na "Ama ng Teolohiyang Latin." Upang maipaliwanag ang pinagmulan ng Trinidad, ginamit ni Tertullian ang pahayag na "isang substance, tatlong tao." Ipinapakita nito na ang Diyos ay tunay na tatlong tao, hindi lamang tatlong anyo ng iisang tao.

Tumulong din si Tertullian sa mga Kristiyano upang maunawaan ang misteryo ng pagkakatawang-tao sa pamamagitan ng paglalarawan kay Hesus bilang "isang tao at dalawang substance." Sa isang persona, si Hesus ay kapwa lubos na banal at lubos na tao.

| **Sinaunang Maling Katuruan** | |
|---|---|
| Gnosticism | • Ang Kaligtasan ay base sa sikretong kaalaman.<br>• Lahat ng materyal na bagay ay masama.<br>• Itinatanggi ang katotohanan ng pagkakatawang-tao. |
| Docetism | • Si Hesus ay *nagmukhang tao* lamang. |
| Modalism | • Itinanggi ang doktrina ng Trinidad. |

**…Mula Noong Hanggang Ngayon…**

Paminsan-minsan, may nagsasabing nakatuklas sila ng lumang teksto na sumasalungat sa Biblia. Kasama ang Gnostisismong katuruang "Ebanghelyo ni Tomas" at ang "Ebanghelyo ni Hudas." Sa bawat pagkakataon, ipinapahayag ng mga nagdududa na, "Ang natuklasang ito ay nagpapatunay na ang kwento patungkol kay Hesus sa Bagong Tipan ay walang katotohanan." Subalit, ang mga natuklasang ito ay hindi na bago.

Sa panahon ng unang siglo, isinulat ni Pablo na "nawasak" na nina Hymenaeus at Alexander ang kanilang pananampalataya. Ang mga lalaking ito ay nagtuturo ng maling doktrina

[49] Ang katotohanan ng Trinidad (tatlong persona na sabay-sabay na kumikilos) ay nakikita sa mga Kasulatan tulad ng Mateo 3:16-17. Sa araw ng pagbabautismo kay Hesus, naroon ang tatlong persona ng Trinidad. Ang Anak ay binautismuhan ni Juan, ang Espiritu ay bumaba sa anyo ng isang kalapati, at ang Ama ay nagsalita mula sa langit na nagsasabi, "Ito ang aking minamahal na Anak, na lubusang kong kinalulugdan."

patungkol sa mga "alamat" at "haka-haka" sa halip na ituro ang ebanghelyo ng pananampalataya.[50] Sa bandang huli ng unang siglo, isinulat ni Ignatius ng Antioch ang pitong liham kung saan isinalaysay niya ang pagsalungat sa mga maling katuruan na makikila bilang Gnostisismo.

Ang mga huwad na aklat katulad ng Ebanghelyo ni Tomas ay nakilala at hindi tinanggap sa ikalawang siglo. Alam ng mga Kristiyanong namuhay matapos ang pangyayaring iyon sa Ebanghelyo ang mga maling kwento; ngunit mas mahalaga, alam nila ang tunay na ebanghelyo. Sa ikalawang siglo, tinukoy ito nila Justin Martyr, Irenaeus, and Tertullian ang gnostisismong katuruan. Alam nila na mali ang mga katuruang ito.

Huwag mong hayaang mayanig ng maling ebanghelyo ang iyong pagtitiwala. Nagbabala si Judas, "Sa katapusan ng panahon, may mga manlilibak, na sumusunod sa kanilang hindi maka-diyos na gawain. Sila ang nagiging dahilan ng paghahati-hati, makamundong tao, hindi kumikilala sa Espiritu." Simple lang ang tugon ng Kristiyano: "Patatagin mo ang sarili mo sa pananampalataya, manalangin sa Banal na Espiritu, panatilihin mo ang iyong sarili sa pagmamahal ng Diyos, at iligtas ang mga nag-aalinlangan."[51] Ang "ebanghelyong Gnostisismo" ay hindi na bago. Ito ay mga lumang maling katuruan sa bagong pambalot. Ang ebanghelyo ay nananatiling ang magandang balita![52]

**Tugon sa Maling Katuruan: The Canon**

Nang itanggi ni Marcion ang pagkabuhay na muli at ang awtoridad ng Lumang Tipan, naharap siya sa isang suliranin: ang apat na Ebanghelyo ay malinaw na nagtuturo ng katauhan ni Hesus at ang iba pang aklat sa Bagong Tipan ay tumutukoy sa mga aklat sa Lumang Tipan na itinanggi ni Marcion. Simple ang kanyang solusyon: tanggapin lamang ang mga aklat na sumasang-ayon sa kanya! Maikli lamang ang listahan: bahagi ng Lucas (inalis ang kwento ng kapanganakan ni Hesus) at sampu sa mga sulat ni Pablo.

Upang maipakita na ang mensahe ni Marcion ay hindi ayon sa Biblia, kinailangang sumang-ayon sa tanong na, "Aling banal na aklat ang tunay na Salita ng Diyos?" Ang maling katuruan ni Marcion ang humikayat sa iglesiya na magtatag ng canon ng Bagong Tipan.

Ang salitang "canon" ay nangangahulugan ng panukat o batayan ng sukatan. Ang biblikal na "canon" ay tumutukoy sa mga aklat na kinasihan ng Diyos. Ang iglesiya ay may tatlong katanungan:

[50] 1 Timoteo 1:3-7, 20
[51] Judas 1:18-22
[52] Kung nais mong higit pang pag-aralan ang sagot ng Biblia sa mga huwad na ebanghelyong ito, maaari mong basahin ang ang aklat ni Darrell L. Bock, *The Missing Gospels* (Nashville: Thomas Nelson Books, 2006).

- Ito ba ay *apostoliko*? May kaugnayan ba ang aklat na ito sa apostol?[53]
- Ito ba ay *pandaigdigan?* Tinanggap ba ng iglesya sa lahat ng dako ng mundo ang aklat na ito?
- Ito ba ay *hindi nagbabago*? Sumasang-ayon ba ang aklat na ito sa alam natin patungkol sa Diyos mula sa Lumang Tipan? Hindi kokontrahin ng Salita ng Diyos ang kanyang sarili.

Hindi ang mga unang ama ng iglesya ang lumikha sa Biblia; *kinilala* lamang ng mga ama ng iglesya ang mga biblikal na aklat na kinasihan ng Banal na Espiritu. Kung paanong kinasihan ng Banal na Espiritu ang pagsulat ng Kasulatan, ang Espiritu ang gumabay sa pagpili ng canon.

Sa panahong A.D. 190, kasama sa Muratorian Canon ang karamihan sa Bagong Tipan sa ngayon. Hindi kumpleto ang talaang ito, kasama rito ang dalawang aklat na sa huli ay hindi kinilala. Ngunit, ipinapakita ng Muratorian Canon na karamihan sa canon ay tinanggap sa ikalawang siglo. Ang canon ay natapos sa ika-apat na siglo. Sa panahong A.D. 367, isinulat ni Obispo Athanasius mula sa Alexandria ang Easter letter na naglalaman ng kumpletong talaan ng mga aklat ng Bagong Tipan. Noong A.D. 393 at 397, kinumpirma ng pamunuan ng iglesya sa Hippo and Carthage ang parehong canon.

Ang maling katuruan ni Marcion ay nagpapakita ng pangangailangan sa *pagtukoy sa canon*. Ang kilusan ng Mga Bagong Propeta na pinamumunuan ni Montanus ay nagpapakita ng pangangailangang *maisara ang canon*. Sa kalagitnaan ng ikalawang siglo, nangangailangan mabuhay muli ang iglesya. Ang sigla ng naunang iglesya ay nawawala; ilang Kristiyano ang namumuhay ng halos kaunti na ang ipinagkaiba sa mundo. Sa pagsubok ng iglesya na mabahaginan ang kulturang pagano, ilang Kristiyano ang nagsimulang mag-isip at kumilos katulad ng mga pagano.

Noong A.D. 160, si Montanus, isang Kristiyano mula sa Asya Minor (Turkey sa kasalukuyan) ay nagsimulang tawagin ang iglesya na bumalik sa disiplina at sa pagbabagong nakatuon sa Banal na Espiritu. Kung ang mensahe ni Montanus ay para lamang sa pagtawag sa paglayo sa mundo, pansariling disiplina, at pagiging bukas sa pamumuno ng Banal na Espiritu, maaari siyang makahikayat ng tunay na pagbabago. Ngunit, siya kasama ng dalawang babaeng propeta (sina Prisca at Maximilla) ay nagsimulang gumawa ng mga propesiya at mahulog sa estado ng labis na kasiyahan kung saan inangkin nila na nagsasalita ang Banal na Espiritu sa pamamagitan nila. Nakilala si Montanus at ang kanyang mga taga sunod na mga "Bagong Propeta."

---

[53] Karamihan sa mga aklat ng Bagong Tipan ay isinulat ng mga apostol. Ang nakabukod ay ang mga aklat na makaugnay sa mga apostol: si Marcos ay naglakbay kasama ni Pedro at itinala ang kanyang mga alaala; si Lucas ay naglakbay kasama ni Pablo; si Timoteo ay disipulo ni Pablo; sina Santiago at Judas ay kapatid-sa-ina ni Hesus at tinanggap kasama ng mga apostol.

Dalawang suliranin na mayroon sa Montanists:

- Gumawa ng maling hula ang mga Bagong Propeta. Ayon sa Deuteronomy 18:20-22, naging malinaw na hindi galing sa Banal na Espiritu ang kanilang mga hula.
- Ang mga hinihingi ng mga Bagong Propeta ay humigit pa sa pamantayan sa moralidad ng Biblia. Katulad ng Gnostisismo, ipinagbawal ng mga Montanista ang pagpapakasal. Kailangan nila ng labis na pag-aayuno at ascetic na pagsasanay bilang paghahanda sa pagbalik ni Hesus.

May ilang iglesya na itinuturing ang Montanus na heretiko katulad ni Marcion; ang iba ay tumangging tawagin siyang heretiko.[54] Ngunit, itinanggi ng kabuuan ng iglesya ang katuruan ni Montanus at ng kanyang mga tagasunod. Ang inangkin ng mga Bagong Propeta na bagong pahayag ay nagbigay ng bagong motibasyon para sa paglikha ng canon ng Bagong Tipan. Sa "pagsasara ng canon" (sa basehan na wala nang anumang apostolikong aklat ang maisusulat), nahadlangan ng iglesya ang mga taong katulad ni Montanus na mailagay ang sariling propesiya nang mas mataas sa Kasulatan.

Itinanggi ng iglesya ang maling pag-angkin ni Montanus at ng kanyang mga tagasunod. Hndi nito itinanggi ang gawa ng Banal na Espiritu. Sa halip, kinilala ng iglesya ang pagkakaiba ng gawa ng Espiritu sa unang siglo at ng mga sumunod na siglo. Sa panahon ng mga Apostol, hango sa Banal na Espiritu ang pagkasulat ng Kasulatan; "nagsasalita ang mga lalaki mula sa Diyos na para bang dala sila ng Banal na Espiritu."[55] Sa mga sumunod na panahon, pinagliwanag ng Banal na Espiritu ang Kasulatan sa isipan ng mga mambabasa; "Sa pagdating ng Espiritu ng katotohanan, gagabayan niya kayo sa lahat ng katotohanan."[56]

| Ang Canon ng Bagong Tipan ay... |
|---|
| **Apostolic**: Bawat aklat ay isinulat ng isang apostol o kasama ng apostol. |
| **Pandaigdigan**: Bawat aklat ay tinanggap sa kabuuan ng iglesiyang Kristiyano. |
| **Hindi nagbabago**: Walang aklat ang sumalungat sa naunang pagpapahayag ng Biblia. |
| **Sarado**: Walang bagong aklat ang idadagdag sa canon. |

### Tugon sa Maling Katuruan: Kaayusan ng Simbahan

Sa kanyang mga liham, isinulat ni Pablo ang tungkol sa mga tungkulin ng diyakono, tagapangasiwa, at matatanda ng iglesya.[57] Nagbibigay ang mga tungkuling ito ng

[54] Maging si Tertullian, isang tagapagtanggol ng orthodox theology, ay naging tagasunod ni Montanus. Naakit siya sa pagbibigay-diin ni Montanus sa pagpapanibagong-lakas at disiplina sa sarili.
[55] 2 Pedro 1:21
[56] Juan 16:13
[57] 1 Timoteo 3:1-13; 5:19

pamumuno sa lokal na iglesya. Karaniwang nagtitipon ang iglesya sa mga pribadong tahanan, at mayroon lamang maliit na istraktura ng organisasyon sa labas ng lokal na iglesya.

Sa ikalawa at ikatlong siglo, naging mas maayos ang mga iglesya. Sa halip na magtipon sa mga pribadong tahanan, ang kongregasyon ay nagsimulang magtayo ng simbahan. Ang obispo (minsan tinatawag na tagapangasiwa) ang gumagabay sa mga simbahan sa lungsod, at nagtatalaga ng mga matatanda ng iglesya sa bawat lokal na iglesya. Ang mga obispo ay nakilala bilang "mga papa" (salitang Latin ng "mga ama").[58] Sila ay naatasang gabayan ang iglesya sa matuwid na pagsunod sa Banal na Kasulatan. Ang mga pagtatalo katulad ng awayan sa Gnostisismo ay nagbigay ng higit na kontrol sa mga obispo, sapagkat sila ang itinuturing na huling awtoridad sa usapin ng doktrina.

Mula sa pananaw ng sumunod na kasaysayan, makikita natin ang parehong pakinabang at ang panganib ng dagdag na awtoridad. Ang pakinabang ay ang pagpapanatili ng orthodoxy laban sa mga atake ng heretiko. Isinulat ni Irenaeus, "Ang tradisyon ng mga apostol ay protektado ng pagpapalit ng matatanda sa iglesya."[59] Naniwala siya na ang katotohanan ng ebanghelyo ay kayang protektahan ng mga obispo at mga namumuno sa iglesya. Nang maging kilala ang mga guro na nagtuturo ng maling katuruan katulad ni Arius sa ika-apat na siglo, natalo ng mga obispong orthodox katulad ni Athanasius ang kaniyang maling katuruan.

Ngunit, may panganib kung ang sino mang tao ay magtaglay ng walang hanggang kapangyarihan. Ang mga obispo ay binigyan ng kapangyarihang magdesisyon ukol sa hindi pagkakaunawaan sa doktrina; nabigyan sila ng kapangyarihang magpatawad ng kasalanan; itinuring silang tagapamagitan sa tao at ng Diyos. Lumabis ito sa gampanin ng mga obispo at mga matatanda sa iglesya sa iglesya ng Bagong Tipan.

Matapos ang Repormasyon, may tatlong pananaw patungkol sa pamumuno ng mga obispo.

- Ilang gawaing "pagbalik sa Biblia" ay ipinilit na ang iglesya ngayon ay dapat bumalik sa modelo ng apostolikong iglesya. Nagbibigay ito ng kaayusan ng matatanda sa iglesya para sa bawat isang lokal na iglesya, ngunit walang istraktura ng denominasyon sa labas ng lokal na iglesya.

- Ilang Kristiyano ang nagsasabi na ang balangkas ng iglesya ay dapat mabago upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat bagong henerasyon. Sinabi nila na ang modelo ng Mga Gawa ay tama para sa iglesya ng unang siglo ngunit hindi modelo para sa kasalukuyan.

---

[58] Sa paglipas ng panahon, ang papa sa iglesya sa Roma ay itinuring na pinakamataas na awtoridad sa Simbahang Romano Katoliko. Inangkin ng papa ang awtoridad sa mga obispo ng mga lokal na iglesya.

[59] Binanggit sa sinulat ni Timothy Paul Jones, *Christian History Made Easy* (CA: Rose Publishing, 2009), 28.

- Itinuturo ng tagapanguna ng Romano Katoliko at Silangang Orthodox na ang otoridad ng obispo ay ginagabayan ng Banal na Espiritu at ito ay permanenteng magbubuklod sa iglesya.

**Tugon sa Maling Katuruan: Ang mga Kredo**

Ang ikatlong tugon sa maling katuruan katulad ng gnostisismo at Docetism ay ang maingat na pagpapaliwanag ng doktrina sa mga bagong mananampalataya. Ang mga pahayag sa Bagong Tipan katulad ng "Si Hesus ang Panginoon" at "Ang Diyos ay nahayag sa laman, nabigyang katwiran sa Espiritu, nakita ng mga anghel, nangaral sa mga Hentil, pinaniwalaan sa mundo, tinanggap hanggang sa kaluwalhatian" ay mga apostolikong pagbubuod ng paniniwalang Kristiyano[60] Ang mga pahayag na ito ay maaaring bahagi ng liturhiya sa binyag sa unang siglo.

> **Naniniwala ka ba sa Diyos Ama, Pinuno ng lahat?**
>
> "Naniniwala ka ba kay Hesu Kristo, Anak ng Diyos, ipinanganak ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng birheng Maria, ipinako sa krus sa ilalim ng pamumuno ni Pontio Pilato, namatay at inilibing, nabuhay na muli sa ikatlong araw, nabuhay mula sa patay, at umakyat sa langit, umupo sa kanang kamay ng Ama, at babalik upang hatulan ang mga buhay at mga patay? Naniniwala ka ba sa Banal na Espiritu, sa banal na iglesya, at ang muling pagkabuhay ng laman?
>
> - Sinaunang anyo ng Kredo ng mga Apostol

Matapos ang hindi pagkakaunawaan kay Marcion, nagsimulang magtanong ang mga namumunong Kristiyano ng mas detalyadong tanong sa mga magpapabautismo upang makasigurado na naunawaan nila ang mga pangunahing doktrina ng pananampalatayang Kristiyano. Ang mga pahayag na ito ay nakilala bilang "Panuntunan ng Pananampalataya" o "Kredo." Ang pinakakaraniwang kredo sa ngayon ay ang Kredo ng mga Apostol, na unang lumabas bilang pagtatapat sa bautismo sa ikalawang siglo sa Roma.


Isa pang pagbubuod ng sinaunang paniniwalang Kristiyano ay ang simbolo ng isda. Sa Griyego ang salitang isda ay ἰχθύς (*ichthus*). Ang bawat letra nito ay nagpapaalala sa mga sinaunang Kristiyano sa ilang aspeto ng paniniwala tungkol kay Hesus ng Nazareth. Ang simbolo ng isda ay naging isang simpleng "kredo" para sa sinaunang Kristiyano: Hesu Kristo, Anak ng Diyos, at ating Tagapagligtas.[61]

ἰ = Iesous (Hesus)
χ = Christos (Kristo)
θ = Theou (Diyos)
ύ = Uios (Anak)
ς = Soter (Tagapagligtas)




[60] Filipos 2:11 at 1 Timoteo 3:16
[61] Image: "ICTHUS", retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:ICTHUS.gif, public domain.

**Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Nating Makilala: si Irenaeus, Obispo ng Lyons (ca. 130-202)**



Si Irenaeus[62] ay isang pastor sa ngayong Lyons, France. Bilang isang kabataan, nag-aral siya kay Polycarp at sa huli ay kay Justin Martyr.

Noong A.D. 177, si Irenaeus ay naninirahan sa Lyons nang ipag-utos ni Marcus Aurelius ang pagpatay sa mga Kristiyano sa rehiyong iyon. Sa panahong iyon, malayo siya sa kanilang tahanan, dala ang isang liham sa Roma patungkol sa maling katuruan ni Montanus. Dahil dito, natakasan niya ang pagiging martir. Apatnapu't walong Kristiyano mula sa Lyons ang pinahirapan at pinatay sa pag-uusig na ito. Nang siya ay bumalik, itinalaga si Irenaeus bilang obispo ng Lyons at nagsimulang itatag muli ang iglesya.

Naniniwala si Irenaeus na mayroon siyang dalawang mahalagang tungkulin bilang pastor: upang mangaral sa kanyang mga nasasakupan at palakasin sila laban sa mga maling katuruan. Hindi siya nagtangkang gumawa ng bagong doktrina; sa halip ay ninais niyang maging matapat sa ebanghelyo na kanyang natanggap mula kay Juan sa pamamagitan ni Polycarp.

Bakit mahalaga si Irenaeus sa kasaysayan ng iglesya?

**(1) Pinagtibay ni Irenaeus ang kahalagahan ng canon nang Bagong Tipan.**

Isa si Irenaeus sa mga unang manunulat na nagsabi na ang apat na Ebanghelyo ay mga teksto sa Biblia. Ginawa niya ito bilang tugon sa pagtanggi ni Marcion sa Mateo, Marcos at Juan. Ang mga isinulat ni Irenaeus ay mga sipi mula sa dalawampu't-isa sa dalawampu't-pitong aklat ng Bagong Tipan. Salungat sa makabagong kritiko na nagsasabing ang canon ng Bagong Tipan ay "nagawa" makalipas ang marami pang panahon, ipinakita ni Irenaeus na ang canon ay nakilala na maging sa simula pa man ng kasaysayan ng iglesya.

**(2) Pinahalagahan ni Irenaeus ang pagkakabuklod ng iglesya.**

Binigyang diin ni Irenaeus ang dalawang panlaban sa maling katuruan: ang canon ng Bagong Tipan at ang awtoridad ng mga namumuno sa iglesya. Sinabi niya na ang pagkakaisa ng mga obispo ay nagsisilbing panlaban sa maling katuruan.

Pinahalagahan ni Irenaeus ang pagkakabuklod ng iglesya. Sa hindi pagkakaunawaan sa araw ng Pasko ng Pagkabuhay, hiniling ni Irenaeus sa obispo ng Roma na tanggapin ang mga Kristiyano sa silangan na nagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay sa hindi katulad na araw ng iglesya sa kanluran.

---

[62] Image: "Bildnis des S. Irenaevs, Episcopvs Lvgdunensis", retrieved from the Leipzig University Library https://www.flickr.com/photos/ubleipzig/16848157170/, public domain.

Ang pinakasikat na aklat ni Irenaeus ay ang *Against Heresies,* isang tugon sa maling katuruan ng Gnostisismo. Sinabi ng mga Gnostics na mayroon silang sikretong tradisyon mula kay Hesus; sumagot si Irenaeus na ang tunay na tradisyong Kristiyano ay ang ebanghelyo na naipasa mula sa mga Apostol tungo sa mga obispo.

Sa kasamaang palad, ang mga sulat ni Irenaeus patungkol sa awtoridad ng iglesya ay nagamit bilang katuwiran na ang Iglesya ng Romano Katoliko ay ang panghuling awtoridad para sa lahat ng Kristiyano. Ginamit ng mga manunulat na Romano Katoliko ang mga ideya ni Irenaeus nang higit pa sa mismong itinuro ni Irenaeus. Para kay Irenaeus, ang kapangyarihan ng iglesya ay batay sa katapatan nito sa doktrinang itinuro sa Bagong Tipan. Sa bandang huli binaligtad ito ng mga papang Romano Katoliko at inangkin ang kapangyarihan kahit na iniwan nila ang doktrina ng Bagong Tipan. Ito ay napakasamang maling paggamit ng katuruan ni Irenaeus.

**(3) Itinuro ni Irenaeus ang kahalagahan ng doktrina ng Pagkakatawang-tao.**

Itinuro ng Gnostics na ang Diyos ay hindi dumating na anyong tao. Sumagot si Irenaeus na ang pagkakatawang-tao ay ang sentro ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng pagiging isa sa atin, ginawang posible ng Diyos na tayo'y maging katulad Niya. Higit pa sa "maituring na matuwid" sa harapan ng Diyos, itiruro ni Irenaeus na ang mga anak ng Diyos ay maaaring "gawing" matuwid. Ang pangako ng Diyos na tayo ay lilikhain sa kanyang wangis ay maaaring maging tunay dahil sa pagkakawang-tao. Sa panahon na ang mga liberal na teologo ay nagsasabi na maaari nating sundin ang etikal na aral ni Hesus nang hindi naniniwala na Siya ay Anak ng Diyos, pinaalalahanan tayo ni Irenaeus na ang *buhay* at mga *katuruan* ni Hesus ay hindi maaaring paghiwalayin.

Ang buhay at ministeryo ni Irenaeus ay nagpapakita kung paano tumugon ang mga namumuno sa ikalawang siglo sa mga maling katuruan. Tumugon sila sa pamamagitan ng pagtuturo sa katotohanan ng Bagong Tipan at pagpapatunay sa kapangyarihan ng iglesyang Kristiyano. Sa sumunod na siglo, ang mga turong ito ay makukumpirma sa pormal na mga kredo ng iglesya. Kapag pinagsama-sama, ang tatlong awtoridad na ito (canon, kaayusan ng iglesya, at mga kredo) ay naging panlaban ng iglesya laban sa maling katuruan.

►Alin sa tatlong tugon sa maling katuruan (ang canon, awtoridad ng iglesya, o ang mga kredo) ang may pinakamalaking epekto sa inyong iglesya sa ngayon?

## Pagtugon sa Pagkakaiba

Habang lumalaki ang iglesya, nagkakaroon ng mga hindi pagkakaunawaan dahil sa pagkakaiba ng kulturang kinagisnan sa mga unang araw ng iglesya. Ang mga Hudyo na nagsasalita ng Griyego ay nagreklamo na ang kanilang mga balo ay hindi nakatatanggap ng pag-aaruga katulad ng mga Hudyong nagsasalita ng Hebreo.[63] Sa paglaganap ng iglesya sa mundo ng mga Hentil, mas lalong lumaki ang hindi pagkakaunawaan. Noong A.D 49

[63] Mga Gawa 6

nagtipon ang isang konseho ng iglesya upang pag-usapan ang mga bagay patungkol sa pagbabalik-loob ng mga Hentil.[64]

Sa ikatlong siglo, dumami pa ang bilang ng mga pagkakaiba sa iglesya. Ilan dito ay ang mga:

**Bautismo**

- Sa ilang iglesya, ang mga bagong mananampalataya ay agad na nabautismuhan matapos ang pagbabalik-loob.
- Sa maraming iglesya, nakakatanggap ang mga bagong mananampalataya ng isang taon ng pagtuturo bago ang bautismo.
- Sa ilang iglesya, ang mga bata ay binabautismuhan.

**Paggunita sa Pasko ng Pagkabuhay**

Sa ikalawang siglo, nagkaroon ng pagtatalo ang mga Kristiyano patungkol sa tamang araw ng paggunita sa Pasko ng Pagkabuhay. Ang mga Kristiyano sa bahagi ng silangang Imperyo ng Roma ay nagdiriwang ng Muling Pagkabuhay sa panahon ng Paskuwa ng mga Judio. Ang mga Kristiyano sa kanlurang bahagi ng Imperyo ay nagdiriwang ng Muling Pagkabuhay tuwing unang Linggo matapos ang Paskuwa.

Ang dalawang obispo, si Polycarp (mula sa silangan) at Anicetus (mula sa Roma), ay nagkita upang pag-usapan ang usapin. Hindi sila nagkaroon ng kasunduan patungkol sa petsa, ngunit nagkasundo sila na ang pagkakaiba nila ay hindi magiging dahilan ng pagkakahati ng kanilang mga iglesya. Nakakalungkot na, ang mga sumunod na obispo ay hindi nakatuon sa pagkakaisa; may panahon na ang silanganin at kanluraning iglesya ay hindi tinanggap ang isa't isa dahil sa petsa ng Pasko ng Pagkabuhay. Ang iglesya na natatag sa pananampalataya sa Muling Pagkabuhay ay nahati dahil sa araw ng pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay!

Kinilala ng iglesya ang iba't ibang antas ng hindi pagkakaunawaan. Ilang usapin (katulad ng Gnostisismo at Docetismo) ay kaugnay sa pagtanggi sa katotohonang biblikal. Hindi kinunsinti ng iglesya ang mga maling katuruang ito. Ilang usapin (mga gawain sa bautismo at ang paggunita sa Pasko ng Pagkabuhay) ay dahil sa pagkakaiba sa pagpapakahulugan sa Biblia. Sa ganitong mga usapin, *karaniwang* pinahihintulutan ng mga Kristiyano ang ibang mga pananaw. Maaari silang sumamba ng hiwalay upang makisalamuha sa ibang mananampalataya na may kaparehong pananalig, ngunit hindi nila itinatanggi ang pananampalataya ng kanilang kaaway.

►Dahil nahaharap sa hindi pagkakaunawaan patungkol sa doktrina o nakasanayan, kailangang magdesisyon ang mga Kristiyano sa unang siglo, "Ito ba ay maling katuruan o ito ay pagkakaiba lamang ng opinyon na maaari namang tanggapin?" Anong pagkakaiba sa

[64] Mga Gawa 15

mga pagpapakahulugan ang naghahati sa iglesya sa ngayon? Paano ka mananatiling tapat sa iyong paniniwala sa Banal na Kasulatan, habang pinapananatili ang pagkakaisa sa katawan ni Kristo?

## Isa pang Usapin: Pagtalikod sa Pananampalataya at Pagbalik sa Dating Gawain

### Pagtalikod sa Pananampalataya sa Harap ng Pag-uusig

Sa taong 247, ang lungsod ng Roma ay isang libong taon na. Ang tatlong araw na pagdiriwang ay may kasamang mga paghahandog para sa mga diyos ng mga pagano. Syempre, hindi nakilahok ang mga Kristiyano sa sakripisyong ito. Sa huling bahagi ng taon, dumating ang isang salot na kumalat sa buong Roma. Ang mga Kristiyano ang sinisi ng mga Romano sa pagdating ng salot. Naniniwala sila na nagalit ang mga diyos dahil tumanggi ang mga Kristiyano na maghandog sa mga diyos ng mga pagano.

Bilang tugon, sinimulang usigin ni Emperador Decius ang mga Kristiyano na tumangging maghandog para sa mga diyos. Ang lahat ay dapat kumuha ng "katunayan ng paghahandog" na magpapatunay na sila ay gumawa ng paghahandog sa mga diyos. Maraming Kristiyano ang namatay sa apat na taon ng pag-uusig na nagtapos nang mamatay si Decius noong 251.

Upang matakasan ang pagiging martir, maraming Kristiyano ang nagtago. Ang iba ay kumuha ng pekeng katunayan, o kahit ang pagtalikod sa pananampalataya sa pamamagitan ng paghahandog sa mga diyos. Makalipas iyon, nagkaroon ng pagtatalo sa iglesya kung paano papanumbalikin ang taong nagsisi matapos talikuran ang kaniyang pananampalataya.

### Pagbalik sa Maling Gawain Dahil sa Sinasadyang Kasalanan

Sa ikalawang siglo, sinabi ng opisyal na Romano na si Pliny kay Emperador Trajan na wala siyang makitang moral na mali sa mga Kristiyanong siniyasat niya. Katulad nito, sinabi ni Justin na ang pagiging dalisay ng mga Kristiyano ang nakahikayat sa kanya sa katotohanan ng ebanghelyo.

Ngunit, sa ikatlong siglo, nagkaroon ng pagbabago. Habang si Montanus ay mali sa ilan niyang mga katuruan, tama naman siya sa pagpilit na kailangan ng iglesya ang pagbabago. Maraming Kristiyano ang hindi tapat kumpara sa mga Kristiyano sa unang siglo; nagbunga ito ng mga suliranin ng mga kasalanan at pagtalikod sa pananampalataya.

May mga kasapi ng iglesya na tumalikod sa pananampalataya upang makaligtas sa pag-uusig; ang iba ay nagkasala ng sekswal na imoralidad o iba pang malubhang kasalanan. Habang ang mga Kristiyano ay laging humaharap sa tukso na tumalikod, mas mahina ang iglesya ng ikatlong siglo kaysa sa mga naunang iglesya. Ang kahinaang ito ay makikita sa pagdami ng mga tumatalikod.

**Ang Tugon ng Iglesya sa Pagtalikod sa Pananamplataya at Pagbalik sa Dating Gawain**

Ang mga miyembro na nagbalik mula sa pagtalikod kay Kristo sa harap ng pag-uusig o ang mga nakagawa ng seryosong sinasadyang kasalanan ay nagdulot ng mahihirap na katanungan sa iglesya. Itinanong ng mga namumuno ng iglesya:

- Ang nagpapatawad na habag ba ng Diyos ay higit pa sa pinakamasamang kasalanan ng tao?
- May mga kasalanan ba na wala nang kapatawaran?
- Kung ang isang tao ay pinatawad na ng Diyos, sila ba ay agarang naibabalik sa iglesya?
- Kung pahihintulutan ba ng iglesya na makabalik ang mga nagsisi mula sa pagtalikod sa pananampalataya, pahihintulutan ba ng iglesya ang mga sinasadyang kasalanan?

Habang sumasang-ayon ang mga Kristiyano na patatawarin ng Diyos ang mga nagsisi na bumalik sa maling gawain, maraming iglesya sa ikalawang siglo ang tumangging ibalik ang pagiging kasapi ng sino mang nakagawa ng alin man sa tatlong kasalanan: imoralidad na seksuwal, pagpatay, o pagtalikod sa pananampalataya. Ang mga taong gumawa ng ganitong mga kasalanan ay hindi pinahintulutan na bumalik sa Banal na Hapunan kahit matapos silang magsisi.

Sa ikatlong siglo, nagsimulang baguhin ng mga obispo ang panuntunang ito. Si Callistus, ang obispo ng Roma mula A.D. 217 hanggang 222, ay tinanggap ang mga miyembro na nagsisi na nagkasala ng pakikiapid. Inangkin niya ang awtoridad na gawin ito sa pamamagitan ng pagsasabing ang iglesya sa Roma ay nabigyan ng awtoridad na makapagpatawad ng kasalanan. Ito ay isang malaking hakbang sa pagtatatag ng "Simbahang Romano Katoliko" kung saan ang obispo ng Roma ay umaako ng awtoridad sa buong Kristiyanismo.

Bagaman ang pag-uusig ni Decius ay tumagal lamang ng apat na taon, nagdulot ito ng mga usapin na nanatili ng mas matagal pa. Matapos ang kamatayan ni Decius, ilang kasapi ng iglesya na tumalikod sa pananampalataya ay nagnais na makabalik sa iglesya. Maraming Kristiyano ang naniniwala na ang mga tumalikod na sa relihiyon sa panahon ng pag-uusig ay hindi na dapat hayaang makabalik sa iglesya.

Subalit, si Cyprian, na nagsilbi bilang obispo sa Carthage mula 249 hanggang 258, ay humiling sa iglesya na hayaang makabalik ang sino mang magpapakita ng tapat na pagsisisi. Iminungkahi niya ang isang sistema kung saan ang sinoman na mag hahandog sa diyos matapos lamang ang pagpapasakit ang agarang makakabalik sa iglesya. Ang mga naghandog para sa diyos nang hindi pinahirapan ay makatatanggap ng mas mahirap na kaparusahan, kasama na ang pag-amin sa publiko sa harap ng kongregasyon.

Ang mungkahi ni Cyprian ang naging sanhi ng magkatatag ng sistema ng pagsisisi[65] bago hayaan ang isang tao na makabalik sa Hapag ng Panginoon. Sa kalaunan, ito ay lumago sa sistema ng pagsisi sa Romano Katoliko at nagbunga ng paggamit ng mga indulhensiya na tinutulan ni Martin Luther.

►Anong proseso ang inyong sinusunod upang mapanumbalik ang isang miyembro na tumalikod na sa pananampalataya? May proseso ba kayo na kumikilala sa pagiging seryoso ng kasalanang sinasadya, nagpapatuloy at nag bibigay pagkakataon sa pagpapanumbalik kapag ang bumalik sa dating gawain ay tunay na nagsisi?

### Pagtalikod ng mga Namumuno sa Iglesya: Ang Donatist Controversy

Mayroong mas malaking usapin kaugnay ang mga obispo na tumalikod sa panahon ng pag-uusig ni Diocletian (303-312). Ipinilit ni Donatus, na nagsilbi bilang obispo sa Carthage sa unang bahagi ng 313, na ang mga ordinaryong mananampalataya na bumalik sa dating gawi (tinawag na *traydor*[66]) ay kailangang mabautismuhan muli. Hanggang hindi ito nagaganap, ipinilit niya na ang kanilang ministeryo ay walang halaga; hindi kikilalanin ng iglesya ang ginawang pagbabautismo ng mga obispong ito. Ito ay isang seryosong usapin para sa mga kasapi ng iglesya. Natatakot silang ang kanilang bautismo ay hindi tanggapin ng iglesya dahil ang kanilang pastor ay hindi kwalipikado.

Ang "Donatist controversy" ay nagdulot ng pagkakahati ng iglesya na tumagal ng ilang dekada. Habang ang mga Donatists ay nagsasabi na ang bautismo o komunyon ng isang "huwad na obispo" ay hindi balido, karamihan ng iglesya ay nagpasya na ang awtoridad para sa bautismo o komunyon ay nanggaling sa iglesya, hindi sa indibidwal na pastor. Dahil dito, ang taong nabautismuhan ng isang *traydor* ay nabautismuhan sa mata ng Diyos; hindi kinakailangan ang 'muling pagbabautismo'. Ito ay naging kasanayan sa buong kasaysayan ng iglesya.

## Konklusyon: Ang Kasaysayan ng Iglesya ay Nagsasalita sa Ngayon

Ilan sa pinakamatinding banta sa iglesya ay nanggaling sa loob. Sa pagharap ng iglesya sa mga maling katuruan na itinuturo ng ilan sa sarili nitong kasapi, natutunan niya na dapat siyang manatiling matapat sa apostolikong mensahe ng Bagong Tipan.

Itinakwil ng mga naunang ama ng iglesya ang mga gurong katulad ni Marcion na bumaling sa maling katuruan. Ang mga taong katulad ni Marcion ay naniniwala na kaya nilang ituro ang bahagi ng Banal na Kasulatan habang hindi pinagtutuunan ang ibang bahagi. Ipinapakita ng kredo na ang paniniwala sa Hesus sa kasaysayan ay isang pagsubok sa tunay na paniniwalang Kristiyano.

---

[65] Ang pangungumpisal /pagpipinetensiya ay isang sistema kung saan ang isang tao ay dapat magsagawa ng tiyak na mga aksyon upang maging karapat-dapat sa kapatawaran.

[66] Ang salitang Latin ay galing sa parehong salitang ugat ng 'traydor.' Ipinagkanulo ng mga obispong ito ang pananampalataya.

Nakaharap muli ang mga suliraning ito sa ika-dalawampu't-isang siglo. Muli, ilang iskolar ay nagsasabing sila ay naniniwala sa mga turo ni Hesus, ngunit itinatanggi ang katotohanan sa kasaysayan ng kanyang buhay, kamatayan, at pagkabuhay na muli. Muli, ilang iskolar ang gumagamit sa maling "ebanghelyo" katulad ng "Ebanghelyo ni Tomas" upang ituro ang mensahe ng Gnostisismo na nanlilinlang sa marami.

Sa ngayon, ang iglesya ay dapat na muling tumayo nang matatag laban sa maling katuruang ito. Katulad ng mga ama ng iglesya, dapat nating panghawakan ang katotohanan ng Kristiyanismo at itanggi ang mga maling katuruan na nagpapahina sa pananampalataya. Humarap ang mga ama ng iglesya sa pagiging martir sa halip na itanggi ang pananampalataya; ang mga Kristiyano ngayon ay tinatawag upang sumunod sa kanilang halimbawa, manatiling matapat sa pananampalataya kahit hanggang kamatayan.

## Leksiyon 3 Mahalagang Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 90-150 | Ang paglaganap ng Gnostisismo |
| 190 | Ang Muratorian Canon kasama ang lahat ng aklat sa Bagong Tipan maliban sa Hebreo, Santiago, at Mga Sulat si Pedro |
| 303-313 | Panahon ng mga Martir sa ilalim ni Diocletian |
| 313 | Kautusan ni Constantine sa Milan na ginawang legal ang Kristiyanismo sa Imperyong Romano. |

## Leksiyon 3 Pangunahing mga Tao sa Kasaysayan ng Iglesya

**Irenaeus** (ca. 130-202). Isa sa pinakamaimpluwensiyang tagapamuno ng unang iglesya. Ang kanyang *Against Heresies* ay lumaban sa Gnostisismo. Nag-ambag siya sa pagkatatag ng canon at sa doktrina ng pagkakatawang-tao.

**Justin Martyr** (100-165). Pinakamahalagang naunang Kristiyanong apologist. Ginamit niya ang pilosopiyang Griyego upang ipaliwanag ang Kristiyanismo sa mga hindi mananampalataya.

**Marcion** (namatay noong 160). Nagsulong ng isang uri ng Gnostisismo. Ang kanyang maling katuruan ang nagtulak sa mga namumuno sa iglesya na magtatag ng canon ng Bagong Tipan.

**Montanus** (namatay noong ca. 175). Pinuno ng "Mga Bagong Propeta." Binigyang-diin niya ang pangangailangan ng pagbabago at disiplinang espirituwal. Gumawa din sila ng mga propetikong hula na napatunayang walang katotohanan.

**Origen** (185-254). Obispo ng Alexandria. Kahit itinanggi niya ang Gnostisismo, tinanggap naman niya ang maraming kaisipang batay sa pilosopiyang Griyego na nagmulat sa mga Gnostics. Gumamit siya ng allegorical interpretation upang ipaliwanag ang mahihirap na pahayag sa Biblia.

**Tertullian** (160-225). Pinuno ng iglesya sa Kanlurang African. Ipinaglaban niya ang orthodoxy laban sa modalism – ang katuruan na ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay hindi iba't ibang katauhan.

## Leksiyon 3 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kasama sa pagsusulit ang mga petsa mula sa "Leksiyon 3 Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya" timeline (100-313).

(2) Maghanda ng pagbubuod ng talambuhay ng isa sa mga sumusunod na pinunong Kristiyano: Irenaeus o Tertullian. Ang pagbubuod ay dapat binubuo ng apat na bahagi:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya nanirahan? Kailan at saan siya namatay?
- Pangyayari: Ano ang mga pinkamahalagang pangyayari sa kaniyang buhay?
- Impluwensiya: Ano ang kanyang nananatiling impluwensiya sa iglesiyang Kristiyano?
- Aplikasyon: Ano ang isang aral para sa iglesya ngayon mula sa pinunong ito?

Mayroong kang dalawang pagpipilian sa pagbabahagi ng pagbubuod na ito:

- Magpasa sapinuno ng klase ng 2 pahinang sinulat sa papel.
- Magbigay ng 3-5 minutong pagbabahagi sa klase.

## Leksiyon 3 Pagsusulit

(1) Ang maling katuruan na tinatawag na ________________ ay nagturo na ang lahat ng pisikal na bagay ay masama.

(2) Ang maling katuruan na tinatawag na Docetism ay itinuro ni _____________.

(3) Ang "Ama ng teolohiyong Latin" ay si ___________________.

(4) Ang tatlong "alituntunin" para sa canon ng Bagong Tipan ay ang:

- Ito ba ay ___________________?
- Ito ba ay ___________________?
- Ito ba ay ___________________?

(5) Sa ikalawang siglo, pinangunahan ni __________________ ang isang kilusang tumatawag sa disiplina at pagbabago na nakatuon sa Banal na Espiritu. Ngunit, gumawa siya ng maling hula na nagpawalang halaga sa kanyang kilusan.

(6) Isang kilusan na pinangunahan ni ______________ ang nagsabi na ang bautismo o komunyon na ginawa ng obispong tumalikod sa pananampalataya ay walang halaga.

(7) Si _____________________ ay isang pinuno ng iglesya sa ikalawang siglo na nag-ambag sa pagpapatotoo sa canon at ang nagturo ng kahalagahan ng pagkakatawang-tao.

(8) Noong 367, Si Obispo __________________ ay sumulat ng "Liham sa Pasko ng Pagkabuhay" na nagtala ng mga aklat ng canon ng Bagong Tipan.

# Leksiyon 4
# Mga Kredo at mga Konseho
# A.D. 313-410

## Layunin ng mga Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan ang parehong mga benepisyo at panganib ng opisyal na pagkilala sa Kristiyanismo ng Imperyong Romano.

(2) Kilalanin ang kontribusyon ng mga konseho ng iglesya sa doktrinang Kristiyano.

(3) Pahalagahan ang praktikal na kahalagahan ng doktrina ni Kristo na nabuo sa mga konseho.

(4) Pahalagahan ang kontribusyon ng mga dakilang Kristiyano tulad nina Ambrosio, Atanasius, Jerome at ng mga taga-Cappadocia.

## Introduksiyon

Sa Leksiyon 3, pinag-aralan natin ang tugon ng iglesya sa heresy. Sa pamamagitan ng pagtatatag ng canon, awtoridad ng mga opisyal ng iglesya at pagpapatotoo ng mga credo, binigyang-kahulugan ng iglesya ang orthodoxy sa liwanag ng Biblikal na katuruan. Sa Leksiyon 4 at 5 pag-aaralan natin ang nagpapatuloy na pag-unlad ng mga credo sa pamamagitan ng serye ng mga konseho na tumugon sa mga bagong katanungan na lumalabas. Karamihan sa mga tanong na ito ay kaugnay sa kalikasan ni Kristo Hesus. Itinatanong ng mga Kristiyano ang mga tanong na tulad ng:

- “Ano ang kaugnayan sa pagitan ng Ama at ng Anak?”
- “Nagtataglay ba si Hesus ng dalawang kalooban –kalooban ng Diyos at kalooban ng tao?”
- “Si Hesus ba ay ganap na tao?”

Bagaman ang mga tanong na ito ay tila simpleng teorya lamang, nangusap ito sa puso ng ebanghelyo. Tulad ng makikita natin sa pagpapatuloy, *kung sino si Hesus* ay direktang nakaugnay sa kung *ano ang ginawa ni Hesus.* Ang kanyang ginawang pagbabayad-sala ay batay sa kanyang identity bilang lubos na Diyos at lubos na tao. Ang mga usaping ito ay tinapos sa mga credo na isinulat ng isang serye ng mga konseho ng mga ecumenical na iglesya.


| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 313 | Kautusan sa Milan |
| 325 | Konseho ng Nicaea |
| 367 | Liham ni Atanacio noong Araw ng Muling Pagkabuhay |
| 397 | Pinatotohanan ng Konseho ng Carthage ang canon ng Bagong Tipan |
| 410 | Pagbagsak ng Roma |

## Ang Pagbabalik-loob ni Constantine

Sa panahon ng ikalawang siglo, tila gumuguho na ang Imperyong Romano. Tatlumpung emperador ang sumikat at bumagsak sa panahon ng ikatlong siglo. Ang mga emperador at kanilang mga pamilya ay madalas na pinapatay ng mga kaagaw sa trono.

Noong 284, naging makapangyarihan si Diocletian at nagdala ng bagong katatagan sa Imperyo. Namuno siya sa loob ng dalawampung taon at muling ibinalik ang kapangyarihan ng Roma. Gayunman, sa mga huling taon ng kanyang paghahari, nagsagawa si Diocletian ng labis na pag-uusig sa mga Kristiyano. Walang nakakatiyak sa dahilan ng pagbabago ng kanyang puso, bagaman may ilang historians na naniniwala na siya ay naninibugho dahil ang mga Kristiyano ay mas matapat kay Kristo kaysa kay Caesar. Partikular siyang natatakot sa mga sundalong Kristiyano na nangako ng kanilang lubusang katapatan kay Hesus.

Si Diocletian at isa sa kanyang mga heneral, si Galerio ay pumatay ng libo-libong Kristiyano dahil sa kanilang pananampalataya. Inalis nila ang mga Kristiyano mula sa hukbo ng Romano. Winasak nila ang mga gusaling sambahan at sinunog ang mga kopya ng Banal na Kasulatan.



Sumunod si Galerio kay Diocletian bilang emperador at ipinapatuloy niya ang pag-uusig sa buong panahon ng kanyang pamumuno. Gayunman, sa bingit ng kanyang kamatayan, kinilala ni Galerio na nabigo ang kanyang pag-uusig; ang karamihan sa mga Kristiyano ay matapat sa harap ng pag-uusig. Isa sa mga huling kautusan ni Galeio ay nagpahintulot sa mga Kristiyano na malayang sumamba. [67]

Pagkatapos ng kamatayan ni Galerio, dalawang heneral, sina Constantine at Maxentius, ay naglaban para sa pagkontrol sa Imperyo. Noong 312, hinarap ng hukbo ni Constantine si Maxentius sa Roma. Isang araw bago ang digmaan, nakakita si Constantine

[67] Image: "Simple Labarum" by Арман Балуни, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Simple_Labarum.png, public domain.

ng isang pangitain ng isang krus, at ayon sa alamat, narinig niya ang mga salitang, "Sa pamamagitan ng tandang ito, ikaw ay magwawagi." Nang sumunod na araw, tinalo ng hukbo ni Constantine si Maxentius at pumasok sa Roma sa ilalim ng simbolo ng krus.

Isang taon pagkalipas nito, ang Kautusan sa Milan ni Constantine ay nagpahintulot sa "lahat ng Kristiyano at lahat ng iba pa upang sumamba ayon sa kanilang kagustuhan, upang kung ano mang Diyos ang nabubuhay sa langit ay magiging mabuti sa atin." Ang pagbabalik-loob ni Constantine at ang kanyang Kautusan sa Milan noong 313 ay mahahalagang pangyayari sa panahon sa kasaysayan ng iglesya.

Ang sumulat ng unang naitalang kasaysayan ng iglesya ay si Eusebius. Siya ang obispo ng Caesarea at madalas na tinatawag na "Ama ng Kasaysayan ng Iglesya." Nabuhay si Eusebius sa panahon ng pamumuno ni Constantine at naniwala na ginagamit ng Diyos si Constantine upang magdala ng "isang bagong panahon ng kaligtasan" sa mundo. Isinulat niya ang tungkol sa kagalakan ng mga Kristiyano nang marinig ang Kautusan ni Constantine; "Ang buong sangkatauhan ay pinalaya mula sa pagpapahirap ng mga malulupit na pinuno. Kami mismo, na naglagak ng aming pag-asa kay Kristo na bigay Diyos, ay nagkaroon ng hindi mabigkas na labis na kagalakan."

Taong 325, tinipon ni Constantine ang 300 obispo sa Nicaea upang talakayin ang doktrina ng Kristiyanong Orthodox. Isipin ninyo ang pagbabago –ang ilan sa mga obispong nagkita sa pagpupulong na ito na ipinatawag ng emperador ay pinag-usig ng naunang emperador mga labinlimang taon pa lamang ang nakalilipas. Ang isa sa mga obispo ay binulag sa isang mata sa panahon ng pagpapahirap. Ang isa naman ay nawalan ng paggamit ng kanyang mga kamay. Ngayon ang mga obispong ito ay nasa posisyon na ng kapangyarihan.

Bago ang kanyang kamatayan noong 337, binautismuhan si Constantine. Pagkatapos ng kanyang bautismo, tumanggi siyang isuot ang kanyang purple imperial robe kundi isinuot niya ang kanyang puting damit pambautismo hanggang sa kanyang kamatayan.

Binigyan ni Constantine ang mga tagapanguna sa iglesya ng espesyal na pabor at naging awtoridad sa mga di-pagkakaunawaan sa iglesya. "Ang Kristiyanismo ay naging kapwa daan patungo sa Diyos at daan upang pag-isahin ang imperyo."[68] Sa sumunod na 1200 taon, naging mas malapit ang kaugnayan ng iglesya at ng estado.

Naghatid kapwa ng pagkakataon at panganib ang mga ginawa ni Constantine. Sa isang banda, ang Kautusan sa Milan ay tumapos sa pag-uusig. Maaari nang maging malawak ang iglesya nang walang pagsalungat. Nagpahayag ng pagiging Kristiyano ang mga opisyal ng pamahalaan. Ang "pagpapagingKristiyano ng Roma" ay nalubos na.

Gayunman, may isa pang panig ang pangyayaring ito. Maging bago pa inilabas ang kautusan ni Constantine, 2/3 ng mga mamamayan sa Roma ay mga Kristiyano na. Maging sa ilalim ng pag-uusig, lumago ang iglesya habang nagpapatotoo ang mga Kristiyano sa

---

[68] Mark Noll, *Turning Points*, (MI: Baker Books, 2012), 43

kanilang mga kapitbahay. Pagkatapos ng pagbabalik-loob ni Constantine, ang alab ng kalooban sa pag-eebanghelyo ay madalas na napapalitan ng paghahangad sa posisyon at awtoridad.

Ang obispo ng Roma (na sa kalaunan ay tinawag ng "pope") ay unti-unting nagkaroon ng higit na kapangyarihan. Ang istraktura ng iglesya ay naging tulad ng bureaucracy ng Roma. Sa ibang salita ni Peter Heather, "Ang Pagiging Romano ng Kristyanismo" ay nagsimula na.

Sa ilang bahagi ng mundo, ang kaugnayan sa pagitan ng Kristiyanismo at ng Imperyong Romano ang nagpahirap sa pag-eebanghelyo. Sa Persia, halimbawa, ang Kristiyanismo ay nakilala bilang ang relihiyon ng kanilang mga kaaway sa pulitika. Noon tulad ngayon, ang malapit na relasyon sa pagitan ng Kristiyanismo at kapangyarihang pulitikal ay mapanganib.

> Sa ika-4 na siglo, "Ang Kristiyanismo ay kumilos mula sa mga libingan patungo sa mga palasyo. Sinimulan nito ang ika-4 na siglo bilang isang pinag-uusig na minority; winakasan nito ang siglo bilang ang nakatatag na relihiyon ng imperyo."
>
> - Bruce L. Shelley

Sa pagitan ng A.D. 300 at 400, mabilis na lumaganap ang mga iglesya at ang mga Kristiyano ay nagkaroon ng estadong panlipunan at kayamanan. Magagarang gusali (na tinatawag na "basilica") ay pumalit sa malalapit na pagsasama-sama ng mga iglesya sa mga tahanan. Sa halip ng hindi pormal na pagsamba ng unang iglesya, ginaya ng mga pormal na mga liturhiya ang grandeur ng korte sa Roma.

Sa kasamaang-palad, ang kaunlarang panlipunan at pang-ekonomiya ay hindi laging patotoo sa kaunlarang espirituwal. Pagkatapos ipakita ng emperador ang kanyang suporta sa Kristiyanismo, may mga taong nakianib sa iglesya upang paunlarin ang kanilang pagkakataon sa tagumpay pampulitika. Ang iba naman ay nakianib para sa kalagayang panlipunan. Taong 380 nang *ni-require* ni Emperador Theodosius sa lahat ng mamamayang Romano na ipahayag ang Kristiyanismo. Ang patotoo ng isang Kristiyano ay naging isang pahayag na pulitikal.

Ang mga taon na sumunod sa Kautusan sa Milan ay naghatid ng maraming hamon sa mga Kristiyano. Sa mga unang araw ng iglesya, ang pagiging martir ang naging pinakamalaking pagsusulit sa mga Kristiyano. Sa ika-4 na siglo, ang dalawang pinakamalaking panganib para sa mga Kristiyano ay ang maling katuruan at "Kristiyanismong panlipunan" na walang tunay na lalim ng pananampalataya.

**...Mula Noon Hanggang Ngayon.....**

Kapag ang iglesya at ang estado ay may malapit na pagkakaugnay sa isa't-isa, kapwa natatagpuan ng mga Kristiyano ang mga pagkakataon at mga panganib. Nagkakaroon ang mga Kristiyano ng mga pagkakataon upang impluwensyahan ang lipunan para sa layunin ni Kristo, ngunit nahaharap sila sa tukso na ikompromiso ang mensahe ng iglesya upang panatilihin ang pagsang-ayon ng mga tao na nasa posisyon ng kapangyarihan.

► Isipin ninyo ang mga tagapanguna sa iglesya sa mga tahanan sa Tsina na nakulong noong 1995 ay inanyayahan sa 2030 upang bigyang payo ang Presidente ng Tsina. Anong mga pagkakataon at panganib ang maaaring kaharapin ng iglesya? Paano mananatiling matapat ang mga Kristiyano sa mga panahon ng popularidad katulad lang ng kapag sila'y nasa panahon ng pag-uusig?

► Talakayin ang kaugnayan sa pagitan ng Kristiyanismo at ng gobyerno sa inyong bansa. Mayroon ba kayong pagkakataon upang impluwensyahan ang iyong bansa para kay Kristo? Anong mga panganib ang iyong kinakaharap sa kaugnayan sa pagitan ng iglesya at ng bansa?

## Ang Konseho ng Nicaea

Sa mga unang siglo ng iglesya, nahirapan ang mga Kristiyano na ilarawan ang kalikasan ni Kristo. Ang pagkakatawang-tao ay mahirap ipaliwanag; paanong si Hesus ay kapwa lubos na Diyos at ganap na tao?

May mga taong binigyang-diin ang pagkakaisa ng Godhead. Ito ay nagbunga ng maling katuruan na tinawag na Modalismo. Ayon sa mga modalista, ang Diyos ay isang persona na nagpakita sa tatlong iba't-ibang paraan sa kabuuan ng kasaysayan. Ang isa pang pagkakamali ng modalismo ay ang pagtatanggi ng pagiging tao ni Hesus, bagaman naniwala sila sa kanyang pagiging Diyos.

Ang ibang tao ay nagbigay-diin sa pagbubukod sa pagitan ng Ama at ng Anak. Ang pinakamalaking hamon sa iglesya sa ika-apat na siglo ay sinimulan ni Arius, isang matanda mula sa Alexandria, sa Egipto. Katulad ng marami sa kanyang mga kasabayan na Egiptio, sinikap ni Arius na pagsamahin ang mga ideyang pilosopikal ng Griego at ang teoholiyang Kristiyano. Tulad ng mga Griego, naniwala siya na hindi nakaranas ng mga damdamin ang Diyos. Sinabi ni Arius na kung si Hesus ay lubos na banal, nangangahulugan ito na nakaramdam ang Diyos ng sakit at kalungkutan sa katauhan ni Kristo Hesus. Dahil ipinilit ni Arius na hindi nakararanas ang Diyos ng emosyon, kinailangan niyang ihiwalay ang paghihirap ni Hesus mula sa Diyos. Ang solusyon ni Arius ay ang ituro na si Hesus ay hindi walang-hanggang Diyos. Sa halip, itinuro ni Arius na si Hesus ay ang unang tao na nilikha ng Diyos.

Sinabi ni Arius, "Ang Anak ay may pasimula, subali't…ang Diyos ay walang simula."[69] Sa pananaw na ito, si Hesus ay higit pa sa pagiging tao lamang, nguni't mas mababa kaysa lubusang Diyos. Binuod ni Arius ang kanyang doktrina sa isang awit:

---

[69] Binanggit ni Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language, 3rd ed.* (USA: Thomas Nelson, 2008), 100.

Ang hindi nilikhang Diyos ay ginawa ang anak
Simula ng mga bagay na nilikha…
Ang Anak ay hindi kapantay ng Ama,
O nakikihati man Siya sa parehong katatayuan.

Lumikha si Arius ng malaking kalituhan sa iglesya. Bilang tugon, tumawag at pinagsama-sama ni Emperador Constantine ang 300 obispo sa Nicaea (isang pamayanan sa modernong Turkey) upang pagdebatihan ang doktrina ni Arius. Sa Nicaea, ipinasya ng mga obispo na mali ang Arianismo. Nagkasundo ang mga obispo na:

- Si Hesus ay tunay na Diyos.
- Si Hesus ay iisang subnstance sa Ama.[70]
- Si Hesus ay "ipinanganak, hindi nilikha"[71]
- Si Hesus ay naging tao para sa atin at para sa ating kaligtasan.

"Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Banal na Espiritu; Mula pa sa simula, ngayon, sa magpawalanghanggan, sa mundong walang wakas."

- "Gloria Patri"

"Gloria Patri" ay isang himno na tumutugon sa maling katuruan ng Arianismo. Inaawit pa rin ito sa mga iglesya sa kasalukuyan.

Maraming pangkaraniwang tao ang hindi nakauunawa sa pormal na talakayan sa Nicaea. Gayunman isang matalinong musikero at matapat na obispo, si Ambrose ng Milan, ang nagbuod ng doktrinang orthodox ng pagiging Diyos ni Kristo sa mga himno na inaawit at nauunawaan ng mga karaniwang Kristiyano. Isang himno ang inaawit pa rin ilang linggo bago ang Pasko ang nagtuturo ng pagiging Diyos ni Kristo.

---

[70] Mahalaga ang talatang "isang substance". Sa Griego, ang salita ay *homoousios* (ang parehong substance). Iminungkahi ng ilang naniniwala kay Arius ang salitang *homoiousios* (katulad o katulad na substance). Ito ay nangahulugan na si Kristo ay katulad ng Ama, ngunit hindi ang parehong substance ng Ama. Itinanggi nito ang lubos na pagiging Dios ni Hesus. Dahil dito, ang salitang *homoiousios* ay tinanggihan sa Nicaea.

[71] Nangangahulugan ito na si Hesus ay hindi nilikha, kundi siya ang Anak ng Dios mula sa walang hanggan. Hindi siya bahagi ng sannilikha; siya ay walang hanggan. Ipinaliwanag ni C.S. Lewis ang pagkakaiba ng "ipinanganak" at "nilikha": Ang ipanganak ay ang maging ama ng: ang lumikha ay ang paggawa ng isang bagay. Ito ang pagkakaiba. Kapag ipinanganak nanganganak ka ng isang bagay na parehong uri sa iyong sarili. Ang isang tao ay nanganganak ng sanggol na tao, ang isang beaver ay nanganganak ng maliliit na beaver at ang isang ibon ay nangingitlog ng mga itlog na nagiging maliliit na ibon. Kapag ikaw ay **lumilikha**, gumagawa ka ng isang bagay na iba ang uri sa iyong sarili. Ang isang ibon ay gumagawa ng pugad, ang isang beaver ay nagtatayo ng dam, ang isang tao ay gumagawa ng estatwa. Kung siya ay may sapat na talento, maaari siyang gumawa ng isang estatwa na katulad ng isang tao. Subali't ito ay hindi tunay na tao; mukha lamang itong tao. Hindi ito buhay. (Hinalaw mula sa *Mere Christianity*).
Ang ipinanganak ng Dios ay Dios; katulad na ang ipinanganganak ng tao ay tao. Ang nililikha ng Dios ay hindi Dios, kung paanong ang nililikha ng tao ay hindi tao.


| | |
|---|---|
| O come, Redeemer of the earth, | O pumarito ka, Manunubos ng mundo, |
| and manifest thy virgin-birth. | At ipakita ang iyong pagkapanganak mula sa isang birhen. |
| Let every age in wonder fall: | Hayaang mamangha ang lahat ng tao: |
| such birth befits the God of all. | Ang kapanganakang iyan ay para lamang sa Diyos ng lahat. |
| Begotten of no human will | Ipinanganak hindi ayon sa kagustuhan ng tao |
| but of the Spirit, Thou art still | Kundi ng Espiritu, Ikaw ay nananatili |
| the Word of God in flesh arrayed, | Ang Salita ng Diyos na inihayag sa katawan |
| the promised fruit to man displayed. | Ang ipinangakong bunga na inihayag sa tao. |

**…Mula Noon Hanggang Ngayon…**

Ang maling katuruan ni Arius ay itinuturo sa kasalukuyan ng mga Mormon at mga Saksi ni Jehovah. Ginagamit nila ang Colosas 1:15 at Hebreo 1:5-6 upang sikaping patunayan na nilikha ng Diyos si Hesus. Kung nilikha ng Diyos si Hesus, sagayun si Hesus ay hindi tunay na Diyos. Gayunman, malinaw na ipinapakita ng Kasulatan na si Hesus ay banal.

Ang Colosas at Hebreo ay gumagamit ng salitang Judio na nagpapakita na si Hesus ay umiiral na bago pa likhain ang tao. Ang mga talata ay hindi nagpapahiwatig na si Hesus ay isang taong nilikha; ang mga ito ay nagpapatotoo sa Kanyang pag-iral bago ang simula. Si Hesus ay tunay na "Diyos ng mismong Diyos."/God of very God."[72]

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makilala: Ambrose, Tagapagtanggol ng Orthodoxy (339-397)



Si Ambrose ay lumaki sa isang pamilyang Kristiyano, ngunit hindi nagnais na maging pastor.[73] Siya ay naging gobernador na isa sa mga probinsiya ng Italya hanggang sa siya ay mapili bilang obispo nang biglaang mamatay ang obispo ng Milan. Ayaw maging obispo ni Ambrose, nguni't matapat siyang naglingkod sa loob ng mahigit na dalawampung taon.

Ipinagtanggol ni Ambrose ang katuruang orthodox bilang pagsalungat sa maling katuruan ng Arianismo. Muli rin niyang sinimulan ang sama-samang pag-awit ng kongregasyon sa iglesya. Dahil sa impluwensya ni Ambrose kung kaya't ang pag-awit ng mga himno ay isang mahalagang bahagi ng pagsamba sa kasalukuyan.

---

[72] Para sa dagdag na impormasyon sa paksang ito, tingnan ang mga leksiyon tungkol sa mga Mormon at Saksi ni Jehovah sa kurso ng Shepherds Global Classroom *World Religions and Cults*.
[73] Image: "S. Ambrosii Episcopi Effigies Ex Antiquis", retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:S._Ambrosii_Episcopi_Effigies_Ex_Antiquis.jpg, public domain.

Isa pang lugar kung saan ipinagtanggol ni Ambrose ang iglesya ay sa kaugnayan sa pagitan ng iglesya at ng estado. Pagkatapos ng Kautusan ni Constantine sa Milan, sinikap ng mga emperador na Romano na maglingkod ang iglesya sa mga layunin ng Imperyo. Tumanggi si Ambrose na hayaan ang estado na magkaroon ng kapangyarihan sa ibabaw ng iglesya.

Nang patayin ng Kristiyanong Emperador na si Theodosius ang 7000 katao sa lungsod ng Tesalonica bilang paghihiganti sa isang kaguluhan, sumulat si Ambrose ng isang liham na nagbabawal sa Emperador na sumamba hanggang hindi siya nagsisisi sa harap ng publiko para sa kanyang mga ginawa. Tumanggi si Ambrose na ikompromiso ang katotohanan ng Diyos para sa kapakanan ng popularidad sa pulitika.

## Si Athanasius Laban sa Mundo

Isa sa mga tao sa Konseho ng Nicaea ay si Athanasius, ang katuwang ng obispo ng Alexandria. Ginugol niya ang natitirang panahon sa kanyang buhay sa pagtatanggol sa katuruang naitatag sa Nicaea.

Pagkatapos magdeklara ang Konseho ng Nicaea, si Arius at dalawa sa kanyang mga obispo ang tumangging lagdaan ang pagpapatotoo sa lubusang pagkaDiyos ni Hesus. Bilang tugon tinanggal ng Konseho ang tatlong lalaking ito mula sa pagiging miyembro ng iglesya.

Sa loob ng dalawang taon, nagpasya si Constantine na ibalik sa lubos na pagiging miyembro ng iglesya si Arius, kahit na patuloy pa ring itinuturo ni Arius ang kanyang maling katuruan. Mas pinahahalagahan ni Constantine ang pagkakaisang pampulitika kaysa sa integridad ng doktrina. Sa ngayon si Athanasius na ang obispo ng Alexandria at tumanggaing ipabalik si Arius sa pagiging miyembro. Bunga nito, ipinakulong ni Constantine si Athanasius. Ang nagtuturo ng maling katuruan ay naibalik sa posisyon at ang tagapagtanggol ng katotohanan ay ikinulong. Ang pangyayaring ito ay naglarawan ng mga suliranin na naging resulta ng pagkakaroon ng magkahalong kaugnayan sa pagitan ng iglesya at ng estado.

> **Si Athanasius at ang Pagkakatawang-tao**
>
> "Sumulat si Athanasius ng isang bantog na kasunduan *On the Incarnation/Sa Pagkakatawang-tao* kung saan ipinaliwanag niya kung bakit ang lubos na pagiging Dios at ang lubos na pagiging tao ni Hesus ay napakahalaga sa pananampalatayang Kristiyano. Ang isa lamang lubos na tao ang maaaring magbayad-sala para sa kasalanan ng tao; Ang isang lubusang banal ang may kapangyarihang iligtas tayo.
>
> Dahil dito, ipinakita ni Athanasius na ang pagtanggi sa lubos na pagiging Dios ni Kristo ay pagtanggi rin sa katotohanan ng pagbabayad-sala. Ang labanan sa Nicaea ay hindi lamang sa teoriya; ito ay isang labanan para sa puso ng pananampalatayang Kristiyano."

Taong 337, namatay si Constantine. Kasunod ng pagkamatay ni Constantine, bumalik si Athanasius sa Alexandria upang pamunuan ang iglesya. Gayunman, sa panahong ito ang mga tagasunod ni Arius ay nagkaroon na ng kapangyarihan sa iglesya. Muling ipinakulong si Athanasius ng mga tagapanguna sa iglesya na tumanggap na sa Arianismo. Sa natitirang

panahon sa buhay ni Athanasius, ipinagtanggol niya ang tunay na pananampalatayang Kristiyano laban sa mga atake ng tagapanguna kapwa sa pampulitika at sa panrelihiyon.

Taong 360, naging emperador si Julian "Ang Apostate" (tumalikod sa pananampalataya) kasunod ng pamumuno ng anak at apo ni Constatine. Tinanggihan ni Julian ang Kristiyanismo at pinawalang-bisa ang mga pribilehiyo na ibinigay ni Constantine sa iglesya. Kinatawan ni Athanasius ang iglesya laban sa kapangyarihan ni Julian, kaya't muling ipinakulong ni Julian si Athanasius.

Ipinakulong si Athanasius ng limang beses ng apat na iba't-ibang Emperador na Romano. Tinangka siyang patayin ng kanyang mga kaaway nang hindi bababa sa anim na beses. Ang kanyang buhay ay inilarawan ng talatang "*Athanasius contra mundum*, si "Athanasius laban sa mundo." Gumugol si Athanasius nang may kabuuang labimpitong taon sa pagkakakulong dahil sa kanyang katapatan sa orthodoxy at sa kanyang kombiksiyon na ang iglesyang Kristiyano ay hindi kailanman dapat maging kasangkapan ng isang imperyong pampulitika.

**Si Athanasius at ang Canon**

Dagdag pa sa kanyang pagtatangggol sa orthodoxy, nagbigay rin si Athanasius ng isa pang dakilang kontribusyon sa iglesya. Taon-taon, sumusulat siya ng isang liham sa mga iglesya sa kanyang nasasakupan. Tinalakay sa mga liham na ito ang mahahalagang usapin para sa mga iglesya. Noong 367, inilista ng sulat ni Athanasius ang mga aklat na dapat ituring na "Ang Bagong Tipan." Ang listahang ito ng dalawampu't-pitong aklat ang sa pagdaan ng panahon ay ginamit na ng buong iglesyang Kristiyano, na bumuo sa ating canon ng Bagong Tipan. Mahalaga ito dahil pinatotohanan nito ang mga aklat na may taglay na awtoridad para sa buhay Kristiyano.

## Si Jerome at ang mga Monghe sa Disyerto

Dahil sa pagkilala ni Constantine sa Kristiyanismo, maraming tao ang naakay sa iglesya. Gayunman, ang ilan sa mga ito ay nagpakita lamang ng kaunting patunay ng tunay na pagbabalik-loob. Ang mga motibong pampulitika at panlipunan ang humikayat sa kanila na angkinin ang Kristiyanismo bilang kanilang relihiyon.

Maraming mananampalataya ang nakakita sa panganib ng kaugnayan sa pagitan ng iglesya at ng imperyo. Tumakas sila sa mga lugar na disyerto at namuhay nang walang kasama, tinatanggihan ang mga kasiyahang pisikal sa kanilang paghahangad ng mga layuning espirituwal. Ilang kadahilanan ang humikayat sa mga monghe sa disyerto:

- May mga monghe na nagtago sa disyerto upang labanan ang tukso. Naniwala sila ng sila ay magiging higit na espirituwal kung iiwasan nila ang mga tukso ng sanlibutan.
- Ang iba ay nagsikap na ipahayag ang pananampalataya ng mga martir. Nang ang pagiging martir ay tila hindi na mangyayari, tinalikuran nila ang mga kasiyahan ng buhay upang ipahayag ang kanilang dedikasyon.
- Ang ibang monghe ay tinawag sa isang buhay ng pananalangin; nanirahan sila sa disyerto upang iukol ang kanilang sarili sa pananalangin para sa iglesya at sa lipunan.

Malaki ang naging impluwensya ng mga monghe sa disyerto kay Obispo Athanasius. Matapos sumulat si Athanasius ng talambuhay ni Anthony, maraming Kristiyano ang umanib sa kilusang ito. Bagaman mayroon pa ring mga monghe na nagpatuloy sa pamumuhay na mag-isa, ang iba ay nagsama-sama sa mga komunidad na tinatawag na monasteryo. (Ang mga babaeng monghe, na tinatawag na "madre", ay bumuo ng mga kumbento, mula sa salitang Latin na "lugar ng pagtitipon.")

Katulad ng pagsusulong ni Constantine ng Kristiyanismo, ang paglago ng kilusang monastiko ay nagkaroon ng positibo at negatibong epekto. Bilang positibong epekto, ang mga monghe ay nagsulong ng pagbabagong-buhay sa iglesya. Sa panahon ni Atanasius, ay pinanatiling totoo ng mga monghe sa disyerto ang iglesya sa orthodoxy laban sa mga panggigipit ng emperador. Sa paglipas ng panahon, sa panahon ng Middle Ages, pinanatili ng mga monghe ang Banal na Kasulatan at ang karunungang bumasa at sumulat.

Si Jerome, na isinilang sa Italia mga 345, ay isang monghe na nagkaroon ng malaking epekto sa kasaysayan ng iglesya. Nanirahan si Jerome sa Bethlehem noong 387 at itinalaga ang kanyang buhay sa pagsasalin ng Biblia mula sa Hebreo at Griego sa Latin, ang pangkaraniwang lengguwahe sa kanyang panahon. Ang kanyang salin ay tinawag na ang "Vulgate" (salitang Latin para sa "karaniwan"). Ito ang naging batayang salin ng Kasulatan sa daan-daang taon.

Sa kasamaang-palad, ang mga monasteryo ay naglalarawan rin ng mga suliranin sa iglesya. Kung paanong ang mga sakripisyo sa Lumang Tipan ay naging walang kahulugang mga ritwal, ang mga tuntunin ng monastisismo ay lumago upang palitan ang reyalidad ng relihiyon ng puso. Sa Middle Ages, ang mga gawain sa monasteryo tulad ng labis na pag-aayuno, pag-abuso sa katawan upang patayin ang seksuwal na pagnanasa, ipinatutupad ang hindi pag-aasawa, at iba pang gawain na nakasama sa iglesya. Itinuro ni Jerome na ang ina ni Hesus ay nanatiling isang birhen sa kanyang buong buhay. Ito ay naging opisyal na doktrina ng Simbahang Romano Katoliko at humantong sa mga sekswal na katuruan na hindi ayon sa Biblia, kabilang ang isang patakaran na nagbabawal sa mga clergy na mag-asawa, isang patakaran na hindi kailanman makikita sa Kasulatan.

## Nakarating ang Ebanghelyo sa Ireland

Kabaligtaran sa popular na mitolohiya, ang "St. Patrick ng mga Katolikong Irish" ay hindi Romanong Katoliko; hindi siya Irish; at hindi siya kailanman pinatotohanang bilang isang santo.

Malapit sa A.D. 390, si Patrick ay isinilang sa isang pamilyang Kristiyano sa Romanong lalawigan ng Britanya. Bilang isang kabataan, siya ay nahuli at dinala bilang isang alipin sa Ireland . Pagkalipas ng ilang panahon, isinulat niya na habang naninirahan sa Ireland, "binuksan ng Panginoon ang pang-unawa ng aking di-paniniwala…upang ako'y buong pusong bumaling sa Panginoong aking Diyos." Mula sa sandaling iyon nag-ukol si Patrick ng maraming oras sa taimtim na pananalangin at paghanap sa direksyon ng Diyos sa kanyang buhay. Sa kanyang talambuhay na *Confessions*, isinulat niya na "Ang pag-aalaga ng mga kawan ang aking gawain sa araw-araw, at ako ay walang sawang nananalangin… Ang pag-ibig ng Diyos at ang pagkatakot sa Kanya ay unti-unting lumukob sa akin."

Pagkalipas ng anim na taon, nakatakas si Patrick at bumalik sa Britanya. Doon, sa isang kwento na katulad ng pagtawag kay Pablo sa Macedonia, narinig ni Patrick ang boses ng isang lalaki sa Ireland na nagsasabi, "Halika at lumakad kang muli kasama namin." Naging isang ministro siya at malapit sa 432, bumalik siya bilang isang misyonero sa lugar kung saan siya ay naging alipin. Ang pagnanais ni Patrick sa pag-eebanghelyo ay nagdala ng ebanghelyo sa Ireland at lampas pa doon.

Sa panahong iyon, ang Ireland ay itinuturing na "dulo ng mundo." Ito ay matatagpuan sa dulo ng Imperyong Romano. Ang karamihan sa mga tao ay mga pagano, nagsasagawa ng pangkukulam, mahika at paghahandog ng mga tao. Sa ilalim ng pangangaral ni Patrick, ang ilan sa mga nangungunang druid (paganong pari) ay nagbalik-loob. Ang kapatid na lalaki ng hari ay naging isang Kristiyano, at ang iglesya ay itinatag sa lugar ng kanyang tahanan. Taong 447, labinlimang taon pagkatapos dumating si Patrick, ang halos buong Ireland ay nakarinig na ng ebanghelyo.

Nangaral si Patrick sa loob ng tatlumpung taon. Hanggang sa panahon na siya ay mamatay, nakapagsimula na si Patrick ng tinatayang 200 iglesya at nakapagbautismo na ng 100,000 ng nagbalik-loob. Isinulong ni Patrick ang tunay na pagdidisipulo, tumangging bautismuhan ang mga bagong nagbalik-loob hanggang sa sila ay magpakita ng katatagan sa pananampalataya. Bumuo siya ng isang grupo ng mga pastor upang maglingkod sa mga iglesya na kanyang sinimulan.

Marahil ang pinakamahalagang bagay para sa paglaganap ng ebanghelyo, itinatag ni Patrick ang isang di-karaniwang iglesyang Celtic, na hindi isang karugtong ng iglesya ng Roma. Kasunod ng kamatayan ni Patrick, ang mga misyonero mula sa Ireland ang nagdala ng ebanghelyo sa buong sentro ng Europa, kasing layo ng norte tulad ng Iceland at pabalik sa Britanya, ang lugar kung saan nagmula ang kanilang unang misyonero. Sa mga taon pagkatapos ng kamatayan ni Patrick, ang pinakadakilang gawain ng pag-eebanghelyo ng

Kristiyanismo ay pinangunahan ng mga Irish na misyonero, mga bunga ng ministeryo ni Patrick.

## Ang "Dakilang mga Taga-Cappadocia"

Pagkatapos ng kamatayan ni Athanasius, tatlong tagapanguna mula sa Cappadocia (sa modernong Turkey) ay naging ang pangunahing tagasuporta ng Credo ng Nicene. Sa bandang huli ng ika-apat na siglo, si Basil (ang obispo ng Caesarea), ang kanyang kapatid na lalaki na si Gregory (obispo ng Nyssa), at isang kaibigan, si Gregory (obispo ng Nazianzus) ay sumulat ng mga sulating nagsusulong ng orthodox theology. Ang "mga "Dakilang taga-Cappadocia" ay ang mga pangunahing teologo ng Eastern Church.

Si Basil (ca. 330-379) at ang kanyang kapatid na babae na si Macrina ay nagpasimula ng mga kumbento at mga monasteryo. Hindi tulad ng ilan sa mga monghe sa disyerto, ipinagbawal nila ang labis na pag-aayuno at pagpaparusa sa sarili. Sa halip na umatras sa mga lugar ng disyerto, nagtayo sila ng mga monasteryo sa mga lungsod. Naniwala si Basil na ang pamumuhay sa komunidad ang modelo para sa mga mananampalataya sa halip na pamumuhay nang nag-iisa. Naniniwala siya na marami sa mga utos ni Hesus ay maaari lamang matupad sa loob ng komunidad. Siya ang unang nag-organisa ng monasteryo na nagsasagawa ng pitong oras ng pananalangin bawat araw. Ang takdang oras na ito ay nakahikayat sa mga monghe na manalangin nang sama-sama at magbigay-sigla sa paglagong espirituwal ng isa't-isa.

Marahil, ang pinakamahalaga, binigyang-diin ni Basil na dapat mahalin ng mga monghe at mga madre ang kanilang kapwa sa pamamagitan ng paglilingkod. Nagtayo si Basil ng mga ospital, tahanan para sa mga ketongin, mga paaralan, at mga tahanan para sa mga naglalakbay na dayuhan sa mga nasasakupan ng mga monasteryo. Nagtanim ng mga halaman para sa pagkain ang mga madre at monghe at lumikha ng mga produkto. Ang mga bagay na ito ay ipinagbibili at ang kinikita ay ibinibigay sa mahihirap. Naniwala si Basil na naglilingkod tayo kay Kristo kapag naglilingkod tayo sa iba.

Sumalungat ang mga Cappadocian sa Arianismo. Taong 370, nagkaroon ng di-pagkakaunawaan si Basil kay Emperador Valens, masigasig na tagasunod ng Arianismo. Sinugo ng emperador ang imperial na bantay upang pagbantaan si Basil. Sumagot si Basil na ang kamatayan ay hindi banta; nasasabik siyang mamatay para kay Kristo. Dagdag pa rito, wala siyang mga ari-arian, kaya't ang pagkatapon o pagkakulong ay halos walang kahulugan. Nakibahagi si Basil sa patotoo ni Pablo, "Sapagka't para sa akin ang mabuhay ay si Kristo, at ang kamatayan ay pakinabang."[74]

Ang mga unang Kristiyano ay humarap sa dalawang maling katuruan tungkol sa kalikasan ni Kristo. Itinanggi ng Arianismo ang pagiging Diyos ni Hesus; itinanggi ng Apollinarianismo ang kanyang pagiging lubos na tao. Itinuro ni Apollinarius, obispo ng Laodicea, na si Hesus

[74] Filipos 1:21

ay nagtataglay ng katawan ng tao, subali't walang kaluluwa ng tao. Ayon kay Apollinarius, ang banal na kalikasan ni Hesus ay "umako sa kanyang pagiging tao." Tumugon ang mga Cappadocian, "Ang kanyang pagiging Diyos ay sumanib sa laman lamang at hindi tunay na tao!"[75] Kung ang tagumpay ni Hesus laban sa tukso ay tunay na modelo para sa atin, si Hesus ay dapat lubos na tao.

Bilang tugon kay Apollinarius, si Theodoius, ang emperador ng Silanganing Imperyo, ay tumawag ng konseho ng iglesya noong A.D. 381. Tinatayang 150 obispo ang nagkita-kita sa Constantinople at pinagtibay ang Konseho ng Nicaea. Niliwanag nila ang relasyon sa pagitan ng kalikasang banal at pagkatao ni Hesus.

Sinang-ayunan ng Konseho ng Constantinople ang pinahabang version ng pagpapahayag ng pananampalataya na pinatotohanan sa Nicaea. Ito ang nakilala bilang ang Credo ng Nicaea. Ito ay nakilala bilang Nicene Creed. Ang kredong ito ay patuloy na binibigkas sa maraming iglesya sa kasalukuyan. Sinasabi ng bahaging kaugnay ng pagiging Diyos ni Kristo ang nagsasabi na:"

> Sumasampalataya kami sa isang Panginoong Kristo Hesus, ang nag-iisang anak ng Diyos, ipinanganak ng Ama bago ang lahat; Diyos ng Diyos, Liwanag ng Liwanag, ang mismong Diyos ng mismong Diyos; *ipinanganak, hindi nilikha*, na iisang substance sa Ama, na sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng bagay.
>
> Siya na para sa atin at para sa ating kaligtasan ay bumaba mula sa langit, at nagkatawang-tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kay Birheng Maria, *at ginawa siyang tao…*

Karagdagan sa katuruan tungkol sa kalikasan ni Hesus, ang Cappadocians ay sumulat tungkol sa Banal na Espiritu at sa Kanyang ministeryo. Ang Konseho ng Constantinople ay nagdagdag sa Credo ng Nicene ng pangungusap na nagsasabi na ang Banal na Espiritu ay isang banal na persona, kung paanong si Hesus ay banal.

Sa ikaapat na siglo, tinanggihan ng maraming Kristiyano ang ideya na hindi natin kailanman matutupad ang utos ni Hesus na "Maging banal kayo kung paanong ang inyong Ama sa Langit ay banal."[76] Isa sa mga Cappadocian, si Gregory ng Nyssa, ay nagpilit na kung iniutos ito ni Hesus, ito ay para doon sa mga sumasampalataya. Natatanto Niya na ang "maging perpekto" ay hindi nangangahulugan na walang dagdag na paglago.

**Sa Isang Hindi Nahahating Puso**

"Ang kapayapaan ay inilalarawan bilang ang pagkakasundo ng mga taong nahahati. Kapag tinatapos natin ang digmaang panloob sa ating kalooban, tayo ay may kapayapaan."


[75] Binanggit ni Timothy Paul Jones, *Christian History Made Easy* (CA: Rose Publishing, 2009), 50.
[76] Mateo 5:48

Sa halip, sinabi niya, ang pagiging perpekto ay "nagpapatuloy na paglago sa kabutihan."[77] Nagdiwang si Pablo na tayo ay "unti-unting binababago upang matulad sa parehong anyo sa isang antas ng kaluwalhatian patungo sa isa pa."[78]

Ginamit ni Gregory ang mga salitang ito upang ipakita na ang "pagiging perpekto" ay ang paglago sa araw-araw sa imahen ni Kristo Hesus. Sa pamamagitan ng kanyang mga isinulat tungkol sa Banal na Espiritu at sa paghahangad ng banal na buhay, naimpluwensyahan niya ang pananaw ni John Wesley tungkol sa kabanalan. Nakatulong kay Wesley ang mga isinulat ni Gregory upang makita ang layunin ng Diyos para sa kanyang bayan.[79]

►Talakayin ang pakahulugan ni Greory ng Nyssa sa pagiging perpekto. Posible ba na magkaroon ng perpektong puso na nagpapatuloy sa paglago sa imahen ni Kristo Hesus? Ipinapangaral mo ba ito sa mga taong pinagmiministeryuhan mo? May kauhawan ba ang inyong mga miyembro para maging perpekto?

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makilala: Si John Chrysostom, ang "May Ginintuang Dila" (347-407)[80]



Nagsilbi si "John ng Antioch" bilang pastor sa Antioch, Syria at pagkatapos ay bilang obispo ng Constantinople. Dahil sa kanyang kakayahan bilang isang tagapagsalita sa publiko, siya ay nakilala bilang si Juan "Chrysostom - ang may Ginintuang Dila." Mahalaga si Chrysostom sa atin hindi dahil siya ay isang mabuting tagapagsalita kundi dahil sa nilalaman ng kanyang mensahe.

Una, itinuon ni Chrysostom ang turo niya sa orihinal na layunin ng teksto sa Biblia. Nangaral siya sa panahon na ang maraming tagapangaral ay sumusunod sa paraan ni Origen, binibigyang kahulugan ang Biblia sa paraang allegorical upang matagpuan ang mga natatagong kahulugan ng Kasulatan. Gayunman, hinanap ni John Chrysostom ang "simpleng kahulugan" ng teksto. Ipinilit niya na ang Diyos na kumasi sa Biblia ang lumikha sa malinaw na mensahe nito na kayang maunawaan ng mga ordinaryong mambabasa. Madalas siyang nangangaral ng serye ng mga sermon na direkta mula sa mga aklat ng Biblia. Ito ang nagpahintulot sa kanya na magfocus sa mas malalaking tema ng Banal na Kasulatan.

Ikalawa, ipinangaral ni Chrysostom ang kahalagahan ng banal na pamumuhay. Sa panahon na maraming pari na walang asawa ang naninirahan kasama ng "espirituwal na mga kapatid

[77] Binanggit ni Paul M. Bassett at William M. Greathouse, *Exploring Christian Holiness, Volume 2* (MO: Beacon Hill Press, 1985), 81
[78] 2 Corinto 3:18
[79] Upang pag-aralan ang doktrina ng kabanalan, maaaring tingnan ang Shepherds GlobalClassroomcourse, *Doctrine and Practice of the Holy Life.*
[80] Image: "St. John Chrysostom" by P.S. Duval lith., retrieved from the Library of Congress Prints and Photographs Division http://hdl.loc.gov/loc.pnp/pga.13841, "No known restrictions on publication."

na babae," iniutos ni Chrysostom na iwan na nila ang kanilang makasalanang mga relasyon. Hinarap niya ang mga tagapangunang pampulitika. Nang ang emperatris ay nagbigay ng mamahaling regalo sa iglesya upang suhulan si Chrysostom upang tumigil sa pangangaral laban sa kanyang makasalanang pamumuhay, tumanggi si John na baguhin ang kanyang mensahe.

Hiningi rin ni Chrysostom ang parehong antas ng banal na pamumuhay mula sa mga ordinaryong miyembro ng iglesya. Sa isang sermon na ipinangaral niya bago isilbi ang komunyon, nagbabala si Chrysostom na sinumang lumabag sa Mateo 5: 23-24 ay hindi dapat makibahagi sa komunyon. "Dahil hindi dapat isipin na ang nakikiapid at ang mandudusta ay maaaring makibahagi sa banal na Hapag, kaya't imposible na simumang mayroong kaaway, at may malisya, ay maaaring masiyahan sa banal na Komunyon… Huwag hayaan ang sinumang may kaaway ang tumanggap ng Katawan ng Panginoon! Makipagkasundo, pagkatapos ay lumapit ka!.... Kasama ng isang kapwa mananampalataya, wala na dapat galit sa inyong puso." Ipinangaral ni Chrysostom na dapat tayong maging banal sa ating panlabas na kilos at maging sa ating panloob na ugali.

► Paano nagbibigay ang pangangaral at ministeryo ni Chrysostom ng isang modelo para sa ministeryo sa kasalukuyan?

## Konklusyon: Nagsasalita ang Kasaysayan ng Iglesya sa Kasalukuyan

Ang listahan ng mga pangalan na pinag-aralan sa leksiyong ito ay tulad ng "Hall of Fame" para sa kasaysayan ng iglesya. Ang pagbasa tungkol sa mga bayaning tulad nina Ambrose at Athanasius na nanindigan para sa katotohanan sa harap ng panggigipit na pampulitika, ng mga misyonerong tulad ni Patrick na nagdala ng ebanghelyo sa mga bagong panahon, at ng mga makadiyos na kalalakihan na tulad ni Basil ng Caesarea at ni Gregory ng Nyssa na pinagsikapan ang makadiyos na pamumuhay ay ang pagbasa sa ilan sa mga dakilang pangalan sa iglesya.

Gayunman, unawain na hiwalay sa pagtawag ng Diyos sa kanilang buhay at sa kanilang pagsunod sa Diyos, sila ay mga ordinaryong tao lamang na maaaring nabuhay at namatay nang walang nakapapansin. Hindi humahanap ang Diyos ng mga hindi karaniwang tao; humahanap Siya ng mga ordinaryong tao na lubusang nagtatalaga ng buhay sa Kanya.

Habang binabasa ninyo ang Banal na Kasulatan, makikita ninyo na gumagamit ang Diyos ng mga mangingisda katulad nina Pedro, mga mapag-alinlangan katulad ni Tomas, mga pastol katulad nina David, at maniningil ng buwis katulad nina Mateo upang tuparin ang Kanyang mga layunin. Sa inyong pagbasa ng kasaysayan ng iglesya, makikita ninyo na gumagamit ang Diyos ng mga ordinaryong tao upang ipakita ang Kanyang kaluwalhatian. Tinatapos ko ang leksiyong ito sa pagpapaalala sa inyo na humahanap pa rin ang Diyos ng mga ordinaryong tao na lubusang nagtatapat sa Kanya. Gumagamit pa rin ang Diyos ng mga ordinaryong tao upang tuparin ang Kanyang extraordinary na plano.

## Leksiyon 4 Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 313 | Kautusan ni Constantine sa Milan |
| 325 | Ang Konseho ng Nicaea |
| 367 | Inilista sa "Sulat sa Araw ng Muling Pagkabuhay" ni Athanasius ang dalawampu't pitong aklat ng Bagong Tipan. |
| 397 | Pinagtibay ng Konseho ng Carthage ang canon ng Bagong Tipan. |
| 410 | Nasakop ang Roma ng mga Visigoths. |

## Leksiyon 4 Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesya

**Si Ambrose** (ca.339-397). Obispo ng Milan. Naging daan ang kanyang pangangaral sa pagbabalik-loob ni Agustin ng Hippo.

**Si Athanasius** (ca.296-373). Obispo ng Alexandria na nagtanggol sa orthodoxy laban sa Arianism. Ang kanyang "Liham sa Araw ng Muling Pagkabuhay" ang unang kumpletong listahan ng mga canonical na aklat ng Luma at Bagong Tipan.

**Si Augustine** (354-430). Obispo ng Hippo. Isa siya sa pinakamahalagang teologo ng iglesyang Kristiyano. Binigyang-diin niya ang mga doktrina ng orihinal na kasalanan, predestination, at kaligtasan dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Si John Chrysostom** (ca.347-407): Obispo ng Constantinople na nakilala dahil sa kanyang kahusayan sa pangangaral. Tinagurian siyang ang "May Ginintuang Dila". Si Chrysostom ang pinakarespetadong teologo ng Silanganing Orthodox na Iglesya.

**Si Constantine the Great** (namatay noong 337). Ang Emperador na naglabas ng Kautusan ng Milan.

**Si Eusebius** (ca.260- ca.340). Obispo ng Caesarea. Tinawag siyang "Ang Ama ng Kasaysayan ng Iglesya"

**Si Gregory Nazianzus** (329-389). Isa sa "Mga Dakilang taga-Cappadocia" na sumalungat sa Arianismo.

**Si Jerome** (ca.345-420). Isa sa pinakadakilang iskolar ng Biblia ng Iglesyang Kanluranin. Isinalin niya ang Biblia sa Latin (tinawag na ang "Vulgate")

**Si Patrick** (ika-5 siglo). Misyonerong British sa Ireland, tinawag na "Apostol sa mga Irish."

## Leksiyon 4 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga petsa mula sa "Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya" timeline (313-410.)

(2) Maghanda ng buod ng talambuhay ng isa sa mga sumusunod na tagapangunang Kristiyano: si Athanasius, si Eusebius, si Jerome o Ambrose. Dapat may apat na bahagi ang iyon buod:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya nanirahan? Kailan at saan siya namatay?
- Mga Pangyayari: Ano ang pinakamahalagang pangyayari sa kanyang buhay?
- Impluwensiya: Ano ang kanyang nagtatagal na impluwensya sa iglesyang Kristiyano?
- Aplikasyon: Ano ang isang aral mula sa tagapangunang ito para sa iglesya sa kasalukuyan?

Mayroon kang dalawang pagpipilian sa pagpapahayag ng buod na ito:

- Magsumite ng 2-pahinang nakasulat na buod sa iyong tagapanguna sa klase.
- Magbigay ng 3-5 minuto ng pasalitang presentasyon sa inyong klase.

## Pagsusulit sa Leksiyon 4

(1) Noong 313, inilabas ni Constantine ang ____________________ na nagpaging legal sa Kristiyanismo sa Imperyong Romano.

(2) Ang "Ama ng Kasaysayan ng Iglesya" ay si _______________________, obispo ng Caesarea noong ika-apat na siglo.

(3) Ayon kay______________ (who), si Hesus ang una sa mga nilikha ng Diyos, hindi siya pangwalang-hanggang banal.

(4) Ang Konseho ng ________________________noong ______ (petsa) ay nagtakwil sa Arianismo.

(5) Ang salin ni Jerome ng Biblia sa salitang Latin ay tinawag na ________________.

(6) Ang pinakamaagang nakilalang misyonero sa Ireland ay si ________________.

(7) Si Gregory ng Nazianzus, si Gregory ng Nyssa, at si Basil ng Caesarea ay tinawag na ____________________ _________________ dahil sa kanilang mga isinulat na nagtatanggol sa orthodox theology.

(8) Ang lungsod ng Roma ay unang napasailalim sa mga Visigoths noong A.D. __________.

# Leksiyon 5
# Mga Credo at Mga Konseho
# A.D. 410-590

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Kilalanin ang kontribusyon ng mga konseho ng iglesya sa doktrinang Kristiyano.

(2) Pahalagahan ang praktikal na kahalagahan ng doktrina ni Cristo na nabuo sa mga konseho.

(3) Ipagpasalamat ang kontribusyon ng mga dakilang Kristiyano katulad nina Augustine at Columba.

## Introduksiyon

Kung minsan tinatanong ko ang aking mga mag-aaral, "Nagkasipon din kaya si Hesus? Napukpok din kaya niya ang kanyang hinlalaki sa gawaan ni Jose? Nang siya ay kumuha ng pagsusulit sa paaralan, kinailangan ba niyang mag-aral at magsaulo ng mga tamang sagot?"

Siyempre, ang sagot sa bawat isang tanong na ito ay "Oo!" Si Hesus ay lubos na tao. Nagkasakit din siya ng parehong mga sakit na tiniis ng ibang tao. Hindi rin niya tinamaan ang pako nang siya ay nag-aaral magtrabaho bilang isang karpintero at napukpok ang kanyang daliri. Kailangan din niyang mag-aral sa mga pagsusulit katulad ng sinumang mag-aaral. Subali't ang ilang mag-aaral ay nagugulat sa pag-aaral nito. Lumaki sila na may imahen ni Hesus bilang isang "superman" na hindi nagtataglay ng alinman sa mga limitasyon ng pagiging tao.

Bagaman hindi ito nakikita ng aking mga mag-aaral, hindi nila namamalayan na tinanggap nila ang mga ideya ng ilan sa mga maling katuruan na pag-aaralan natin sa leksiyong ito. Alam nila na si Hesus ay lubos na Diyos; nalimutan nila na siya ay lubos ding tao. Siya ay isinilang na isang sanggol; lumaki siya nang may karunungan bilang isang bata; siya ay tinukso sa bawat paraan katulad natin; siya ay naging isa sa atin.[81] Sa leksiyong ito, makikita natin kung paanong ang unang iglesya ay lumago sa pagkaunawa nito sa doktrina ni Kristo. Habang binabasa ninyo ang leksiyong ito, isipin ninyo ang praktikal na kahalagahan ng doktrina ng pagiging Diyos ni Kristo at ng pagiging tao ni Kristo.

---

[81] Lucas 2:52; Hebreo 4:15

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 410 | Ang Pagbagsak ng Roma |
| 426 | Inilathala ni Augustine ang *The City of God.* |
| 432 | Ang misyon ni Patrick sa Ireland |
| 451 | Konseho ng Chalcedon |
| 590 | Ang pagboto kay Gregory bilang Papa |

**Si Augustine at ang Pagbagsak ng Roma**

Noong A.D. 410, bumagsak ang lungsod ng Roma kay Alaric, ang lider ng mga Goths, isang tribo mula sa hilaga. Sa unang pagkakataon sa loob ng walong siglo, ang lungsod ng Roma ay bumagsak. Para sa mga Kristiyano, ito ay higit pa sa isa lamang pangyayaring pampulitika; ito ay isang krisis para sa iglesya.

Una, sinisisi ng maraming tao ang mga Kristiyano para sa mga paghihirap ng Roma. Sinabi ng mga pagano na ang Roma ay umunlad dahil sa paghahandog ng mga Romano sa mga dios-diosan. Ngayon na ipinagbawal na ang mga paghahandog na ito, pinarurusahan ng mga dios-diosan ang Roma.

Pangalawa, ikinalito ng ilang Kristiyano ang kapangyarihan ng iglesya sa kapangyarihan ng Roma. Naniwala sila ang ang Imperyong Romano ay kumakatawan sa pagpapala ng Diyos. Itinanong ni Jerome, "Kung maaaring maghirap ang Roma, ano pa ang ligtas?"

Tumugon si Augustine, ang obispo ng Hippo sa Hilagang Africa, sa isang aklat, *The City of God*, na inilathala noong 426. Sa kanyang isinulat, itinuro ni Augustine na mayroong dalawang kaharian na umiiral sa mundo – ang Lungsod ng Diyos at ang Lungsod ng Tao. Ang lahat ng lungsod sa mundo ay babagsak sa paglipas ng panahon; ang lungsod ng Diyos ay pangwalang hanggan. Nakita ni Augustine na ang "mundo ay tumanda na," nguni't ang "kabataan ng iglesya ay magpapanibagong-lakas tulad ng isang agila." Ang paghahari ng Diyos ay hindi depende sa kapangyarihan ng tao. Ang ultimong katapatan ng Kristiyano ay sa Lungsod ng Diyos.

Ang katuruan ni Augustine ay naging mas mahalaga sa sumunod na siglo. Noong 455, isa pang tribo, ang Vandals, ay lumusob at tinalo ang Roma. Pagkatapos, noong 476, sinakop ng Odovacer ang Roma at ipinatapon ang emperador na si Romulus Augustus. Ito ang katapusan ng Kanluraning Imperyong Romano. Subali't sa kabila ng pagbagsak ng Roma, ang Lungsod ng Diyos ay nanatiling malakas.

**Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makilala: Si Augustine, ang Obispo ng Hippo (354-430)**



Si Augustine, mula sa Hilagang Africa, ay isa sa pinakamaimpluwensiyang teologo ng Kanluraning Iglesya.[82] Naglingkod siya bilang obispo ng Hippo Regius (sa ngayon ay Algeria).

Tinanggihan niya ang pananampalatayang Kristiyano ng kanyang ina bilang simplistic, umubos si Augustine ng maraming taon sa pag-aaral ng pilosopiyang Griego. Namuhay siya ng malaswang pamumuhay, nagkaanak sa isang babaeng hindi niya asawa.

Bandang 385, lumipat si Augustine sa Milan upang maging propesor ng rhetoric (na pagsasalita) sa unibersidad. Si Ambroe ay obispo ng Milan at si Augustine ay nagsimulang dumalo sa katedral upang marinig ang mga kahanga-hangang sermon ni Ambrose. Nagsimulang bumisita si Augustine kay Ambrose at natuklasan niya na nasasagot ng obispo ang mga tanong ng kabataang lalaki tungkol sa pananampalatayang Kristiyano.

Nagsimulang makadama ng kumbiksiyon si Augustine sa kanyang makasalanang pamumuhay. Isang hapon, siya ay nagsimulang magbasa ng sulat ni Pablo sa mga taga-Roma. "Tayo ay lumakad nang may kaayusan sa liwanag, at huwag gugulin ang panahon sa magulong pagsasaya at paglalasing, kahalayan at kalaswaan, sa alitan at inggitan. Gawin ninyong ang Panginoong Hesu-Kristo bilang sandata at huwag ninyong pagbigyan ang laman upang masunod ang mga hilig nito ."[83] Natuklasan ni Augustine na ang sagot sa kanyang makasariling pagnanasa ay ang biyaya ni Kristo Hesus.

Nagbalik-loob si Augustine sa edad na tatlumpu't isa, bumalik sa Hippo at inordinahan bilang isang elder noong 391. Pagkalipas ng limang taon, itinalaga siya bilang obispo ng Hippo. Bilang obispo, ipinagtanggol ni Augustine ang orthodoxy laban sa mga maling katuruan, partikular na ang Manichaeism, isang gnostic na maling katuruan. Sumulat siya ng mga aklat na nakaimpluwensya sa mga teologo sa loob ng 1500 taon. Ang kanyang pinakamaimpluwensiyang sinulat ay ang *The City of God* at *Confessions*, isang paglalathala ng kanyang buhay noong kabataan, isang kuwento ng kanyang kabataan at pagbabalik-loob.

Ang pinakapinagtalunang turo ni Augustine ay ang kanyang doktrina ng predestination. Sa simula ng kanyang ministeryo, itinuro ni Augustine ang doktrinang karaniwan sa unang iglesya. Itinuro ng mga ama ng iglesya na ang kaligtasan ay para sa lahat. Noon pa man ay alam na ng Diyos kung sino ang tutugon sa kanyang pagtawag, subali't ang buong sangkatauhan ay tinatawag upang maligtas.

---

[82] Image: "Augustine of Hippo", The Hundred Greatest Men (1885), retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Augustine_of_Hippo.jpg, public domain.
[83] Roma 13:13-14

Gayunman, bandang A.D. 410, dramatikong nagbago ang teolohiya ni Augustine. Si Pelagius, isang monghe na naglalakbay patungo sa Roma, ay nagulat dahil sa kaluwagang pangmoral ng mga nagsasabing Kristiyano doon. Tulad ng babala ni Pablo sa Roma 6, ginamit ng ilang Kristiyano ang biyaya ng Diyos bilang lisensya upang mamuhay sa sinasadyang kasalanan. Ang "solusyon" ni Pelagius ay bigyang-diin ang responsibilidad ng tao habang binabawasan ang biyaya ng Diyos. Itinanggi ni Pelagius ang doktrina ng orihinal na kasalanan; inangkin niya na tayo ay isinilang na malaya sa orihinal na kasalanan at mayroong kakayahang tumugon sa mga hinihingi ng Diyos *sa ating sariling kapangyarihan.*

Sa kasamaang-palad, sa pagtugon sa kamalian ni Pelagius, lubusang itinanggi ni Augustine ang gampanin ng tao sa pagtugon sa kaligtasan. Kinilala ni Augustine na ang kasalanan ni Adan ang sumira sa buong sangkatauhan; tayo ay isinilang na may likas na pagkamakasalanan at, kung hiwalay sa biyaya ng Diyos, ni hindi natin hinahanap ang Diyos. Samakatuwid, sinabi niya na pinili ng Diyos kung sino ang maliligtas maging bago pa ang pundasyon ng mundo. Itinuro ni Augustine na itinalaga na ng Diyos ang ilang tao (na tinatawag na "mga Pinili") upang maligtas at ang iba naman (na tinawag na "reprobates") sa kaparusahang kamatayan. Ang maling pagkaunawang ito sa predestination ay naglatag ng pundasyon ng doktrina ni John Calvin ng walang kundisyong pagpili.

Ipinakikita ng buhay ni Augustine:

- **Ang kapangyarihan ng biyaya**. Kahit noong siya ay tumatakas mula sa Diyos, hinanap ng Diyos si Augustine, at dinala siya upang makilala niya si Obispo Ambrose ng Milan.
- **Ang panganib ng maling pagkaunawa sa biyaya.** Pinalitan ni Pelagius ng mga gawa ang biyaya. Ang ibig sabihin nito, depende ang kaligtasan sa gawa ng tao. Mali ang pagkaunawa ni Augustine sa biyaya sa hindi matatanggihang pagkapili. Ito ay nagsusulong sa pagiging makapangyarihan ng Diyos sa lahat samantalang winawalang-pansin ang Kanyang pagibig. Ang dalawang katuruan ay nakabatay sa hindi sapat na pagkaunawa sa biyaya ng Diyos.

► Mag-ukol ng panahon upang hayaan ang ilan sa mga mag-aaral na magbahagi ng patotoo kung paanong inabot kayo ng biyaya bg Diyos habang kayo'y makasalanan pa. Tiyakin na ang inyong patotoo ay nakatuon sa biyaya ng Diyos, hindi sa inyong kasalanan!

## Si Nestorius at ang Konseho ng Chalcedon

Ang Konseho ng Nicaea at Constantinople ay nagpatunay sa kalikasang banal ni Hesus. Gayunman, ito ay nag-iwan ng dagdag na katanungan. Kung si Hesus ay kapwa tao at banal, paano umiiral ang dalawang kalikasang ito nang magkasama sa isang tao?

Si Nestorius, ang obispo ng Constantinople noong 428, ay binigyang-diin ang paghihiwalay ng dalawang kalikasan hanggang sa punto na ipinahiwatig niya na si Hesus ay may dalawang "katauhan" sa iisang katawan. Hindi tinanggap ni Nestorius na ang Diyos ay maaaring magdusa, kung kaya't ihiniwalay niya ang pagiging tao ni Hesus sa kanyang

pagiging Diyos. Gayunman, kung tama si Nestorius, tao lamang ang namatay sa Kalbaryo. Tumugon si Cyril, ang obispo ng Alexandria, "Paanong matutupad ng mga paghihirap ng tao lamang ang pagtupad sa pagtubos sa buong sanlibutan?" Isang konseho ng mga tagapamuno sa iglesya ang nagpulong sa Efeso noong 431 at kinondena ang katuruan ni Nestorius.

Dahil wala tayong alinman sa mga isinulat ni Nestorius, mahirap malaman kung ano talaga ang kanyang itinuro. Dinala ng mga misyonerong Kristiyano na sumunod kay Nestorius ang ebanghelyo sa Tsina, India at Persia. Ang impluwensiya ng mga misyonerong sumunod kay Nestorius mula sa ika-5 at ika-11 siglo ay nagturo ng dalawang leksiyon:

(1) Maging ang mga sinserong Kristiyano na may puso para sa pag-eebanghelyo ay maaaring magkamali sa pagpapakahulugan sa ilang aspeto ng katotohanan ng Biblia. Dapat lagi tayong babalik sa Kasulatan bilang pamantayan ng ating itinuturo.

(2) Kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng mga may kapintasang instrumentong mga tao upang tuparin ang Kanyang mga layunin. Ang mga tagasunod ni Nestorius ay maaaring nagkamali sa pag-unawa sa mahalagang aspeto ng teolohiya, ngunit ginamit pa rin sila ng Diyos upang dalhin ang ebanghelyo sa Silangan. Kung paanong kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng nagkakamaling si Simon Pedro sa Mga Gawa 10, gumamit rin siya ng mga may kapintasang mga instrumento sa kabuuan ng kasaysayan ng iglesya.

Maging pagkatapos ng Konseho ng Efeso, ang relasyon sa pagitan ng pagiging Diyos at pagiging tao ni Kristo ay patuloy na nagbunga ng kalituhan at pagkakahati-hati sa iglesya. Noong 449, ang obispo ng Roma, si Leo I, ay sumulat ng kanyang *Tome* kung saan ipinahayag niya na si Hesus ay iisang "persona" na may dalawang "kalikasan", banal(Diyos) at tao. Sa ganitong paraan, kapwa niya pinangalagaan ang dalawang doktrina: ang pagiging Diyos at ang pagiging tao ni Hesus. Isinulat ni Leo na ang dalawang kalikasan ay "pinanatiling buo at magkasama sa iisang persona."

Ipinaliwanag ni Leo ang kahalagahan ng doktrinang ito sa kaligtasan. Sinabi niya na ang kasalanan at kamatayan ay hindi malulupig malibang ang isang hindi nabahiran ng kasalanan at kamatayan (si Hesus) ay "kinuha ang ating kalikasan at ginawa iyong sa kanya." Ang doktrina ng kalikasan ni Kristo ay hindi simpleng talakayang akademiko lamang. Tanging dahil si Hesus ay lubusang banal at lubusang tao kung kaya't tayo'y mayroong pag-asa ng kaligtasan.

Taong 451, tinanggap ng Konseho ng Chalcedon ang *Tome* ni Leo at tinanggihan ang kaisipan na magkahalo ang dalawang kalikasan ni Hesus. Pinatunayan ng konseho na si Hesus ay may dalawang kalikasan ("walang kalituhan, paghahati o paghihiwalay") sa iisang persona. Habang ang ilang iglesyang Coptic at Syrian ay tumanggi sa pasya sa Chalcedon, tinanggap ng karamihan sa mga Kristiyano na ang Pagkakatawang-tao ay isang misteryo na hindi natin lubusang maipapaliwanag nguni't kailangan nating tanggapin; si Hesus ay isang persona, nguni't may dalawang kalikasan. Ito ay kilala bilang ang Credo ng Chalcedon, o ang "Pakahulugan ng Chalcedon."

► Mahalaga ba ang mga credo para sa iglesya sa kasalukuyan? Binabanggit ba ng inyong iglesya ang alinman sa mga credo (ang Credo ng mga Apostol, ang Credo ng Nicene, o ang Credo ng Chalcedon)? Kung hindi, ano ang inyong pamantayan ng orthodoxy?

| **Ang Pagiging Diyos at Pagiging Tao ni Hesus** | |
|---|---|
| **Apollinarianism** | **Nestorianism** |
| Pangunahing Sentro: Alexandria, Egipto | Pangunahing Sentro: Antioch, Siria |
| Binibigyang-diin:<br>• Ang pagiging Diyos ni Kristo<br>• Ang pagiging Iisa ni Kristo<br>• Ang Salita ay *nagkatawang-tao* (sa laman) | Binibigyang-Diin:<br>• Ang pagiging tao ni Kristo<br>• Ang dalawang kalikasan ni Kristo<br>• Ang Salita ay *nakipag-isa* sa tao. |
| Panganib: Wala bang kaluluwa ng tao si Hesus? | Panganib: Tao lamang ba si Hesus? |
| Katuruan: Hindi tunay na tao si Hesus. Ang banal na Salita ay pumalit sa kaluluwa ng tao. | Katuruan: Si Hesus ay hindi tunay na Diyos. Magkahiwalay ang kanyang dalawang kalikasan. |
| **Teolohiya ng Chalcedon: Si Hesus ay isang persona na may dalawang kalikasan.** | |

► Alinman sa pananaw ng Alexandria o Anitochene tungkol sa kalikasan ni Kristo ay hindi madadala sa sukdulan na nagbibigay ng maling pakahulugan sa kalikasan ni Kristo. Talakayin:

- Ang panganib ng bawat isang sukdulan (Apollinarianismo at Nestorianismo)
- Kung paanong ang mga Kristiyano sa kasalukuyan ay maaaring magkamali sa pag-unawa sa persona ni Kristo Hesus.
- Aling papanaw ang mas karaniwan sa kapaligiran ng inyong iglesya
- Paano ninyo dapat ipaliwanag ang kalikasan ni Hesus sa karaniwang tao sa inyong iglesya.

## Dumating ang Ebanghelyo sa Scotland

Si Columba (521-597) ay isinilang sa ngayon ay Ulster, Ireland. Ang kanyang pangalan ay nangangahulugan ng "ang kalapati" at siya ay kilala bilang ang "kalapati ng iglesya" dahil sa kanyang mga pagsisikap bilang misyonero. Isinilang si Columba sa isang maharlikang pamilya at maaari sanang naluklok sa trono. Sa halip, mula sa pagkabata naramdaman na niya ang pagtawag ng Diyos upang maglingkod sa iglesya.

Nag-aral si Columba sa pagtuturo ng ilan sa mga pangunahing guro sa kanyang panahon. Matapos na siya ay ordinahan, nagsimula si Columba na magtatag ng mga monasteryo sa mga pamayanang Irish. Siya ay iginalang bilang isang taong makadiyos at isang taong may mataas na karunungan.

Sa edad na 40, nasangkot si Columba sa kaguluhang pampulitika at nakipaglaban sa Digmaan ng Culdrevney kung saan 3000 kalalakihan ang napatay. Lubhang nagsisi si Columba kaya't umalis siya sa Ireland bilang isang "bilanggo para kay Kristo," disidido na makahikayat ng mga kaluluwa kasindami ng nawala sa digmaan. Iniukol ni Columba ang natitirang panahon sa kanyang buhay sa pag-eebanghelyo at nag-akay ng libo-libong Scots kay Kristo.

Si Columba at labindalawang kasamahan ang dumaong sa isla ng Iona malapit sa baybayin ng Scotland. Nagtatag sila ng isang monasteryo na naging sentro ng pag-eebanghelyo sa Scotland. Nagamit ni Columba ang kanyang mga maharlikang kakilala at kakayahang pampulitika para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.

Ang mga ala-ala ng Labanan sa Culdrevney ang nakahikayat kay Columba na magdala ng kapayapaan sa pagitan ng mga Scots at ng mahilig sa digmaan na mga Picts. Sa loob ng isang taon mula sa pagdating niya sa Iona, naakay ni Columba ang Hari ng mga Picts kay Kristo. Kilala ang mga Picts sa kanilang mabagsik na pag-uugali, subali't nabago sila ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ni Columba, dumating ang kapayapaan sa Scotland.

Nahikayat ni Columba ang mga Kristiyanong Scottish na magpakasigasig para sa mga aklat, pangunahin na ang Biblia. Sa simula ng kanyang buhay, gumawa siya ng isang hindi-awtorisadong kopya ng Mga Awit at Mga Ebanghelyo para sa kanyang pansariling pag-aaral.[84] Ang kanyang pag-ibig sa pag-aaral ng Kasulatan ay nagbigay ng isang huwaran para sa mga nahikayat niyang magbalik-loob. Ang kanyang mga sermon ay mga simpleng pagpapaliwanag sa Biblia.

Nakahikayat din si Columba ng sigasig para sa pag-eebanghelyo. Mula sa kanyang pagdating sa Iona noong 563 hanggang sa kanyang kamatayan sa edad na 75, isinulong ni Columba ang layunin ng pagmimisyon at pag-eebanghelyo.

Isa sa mga kaligayahan ng pag-aaral ng kasaysayan ng iglesya ay ang makita ang pagkilos ng Diyos sa paglipas ng mga siglo upang matupad ang Kanyang mga layunin. Ang timetable ng Diyos ay mas higit na mas malaki kaysa sa ating limitadong kalendaryo! Sa leksiyon 4, pinag-aralan natin si Patrick na nagdala ng ebanghelyo sa Ireland. Dinala ng Diyos si Patrick mula sa England patungo sa Ireland bilang isang misyonero na nagbautismo ng libo-libo, kabilang na ang isang lalaking nagngangalang Conall. Si Columba ay apo ni Conall. Dalawang henerasyon ang lumipas, dinala ng Diyos ang apo ni Conall na si Columba mula

[84] Sa panahon ng Middle Ages, walang sinumang pinahihintulutang gumawa ng kopya ng mga Kasulatan nang walang pag-sang-ayon mula sa awtoridad ng iglesya. Ito ay naglalayon na protektahan ang Biblia mula sa pagkakamali ng mga kumokopya. Gayunman, nalimitahan nito ang pagkakaroon ng Kasulatan.

sa Ireland patungong Scotland upang mag-ebanghelyo sa mga Scotts at mga Picts. Ano ang nais ng Diyos na gawin sa pamamagitan mo?

## Konklusyon: Nagsasalita ang Kasaysayan ng Iglesya sa Kasalukuyan

► Nag-ukol ang mga konseho ng iglesya ng maraming pagsisikap sa pagpapaliwanag ng doktrina ni Kristo. Bakit mahalagang ituro na si Hesus ay lubusang Diyos, "na may parehong substance tulad ng Ama?" Ano ang praktikal na epekto ng doktrinang ito?

►Bakit mahalagang ituro na si Hesus ay lubos na tao? Ano ang praktikal na epekto ng doktrinang ito?

Sa isang punto sa leksiyong ito, maaaring naisip mo, "Mabuti! Isa na namang heresy; ibang konseho na naman. Sino ba ang nag-iisip sa mga konseho ng iglesya mula sa 1700 taon na ang nakalipas? Gusto ko lamang malaman ang Biblia." Maraming tao ang tumitingin sa mga konseho at mga credo bilang mga walang kabuluhang bagay para sa iglesya sa kasalukuyan.

Sinasabi ng mga liberal na teologo, "Bakit dapat nating pahintulutan ang isang grupo ng mga kalalakihan mula sa 1700 taon na ang nakalipas ang siyang magtakda kung ano ang paniniwalaan natin sa kasalukuyan? Kailangan natin ang ating sariling 'naliwanagang teolohiya ng ika-21 siglo." Ang ating buhay na pananampalataya ang mahalaga! Ang aking pananampalataya ay hindi nakabatay sa mga credo, kundi sa isang personal na relasyon kay Hesus."

Tunay na ang ating personal na relasyon kay Hesus ay sentro. Totoo *rin* na ang teolohiyang nabuo sa simulang iglesya ay nakatutulong sa atin na maunawaan ang Hesus na siyang pundasyon ng ating pananampalataya. Ang mga talakayan tungkol sa mga konsehong ito ay nakaaapekto sa ating pang-araw-araw na buhay Kristiyano. Ang mga doktrinang ito ay naglalarawan hindi lamang ang persona ni Hesus kundi ang kanya ring gawain bilang Tagapagligtas. Kinikilala ng mga konseho ang persona ni Hesus ay hindi maaaring ihiwalay mula sa gawain ni Hesus. Ang ginawa ni Hesus ay batay sa ginawa ni Hesus.

**Patungkol sa Pagiging Dios ni Kristo**

"Si Hesus, na kilala ko bilang aking Manunubos, ay hindi maaaring maging hindi Dios."

- Athanasius

Pinatotohanan ng Konseho ng Nicaea ang pagiging Diyos ni Kristo. Nauunawaan ng mga Obispo na kung hindi tunay na Diyos si Hesus, walang kahulugan ang kanyang kamatayan dahil ang Diyos lamang ang makapagpapatawad ng kasalanan. Kung si Hesus ay hindi Diyos, hindi siya maaaring maging Tagapagligtas natin.

**Sa Pagiging Tao ni Kristo**

"Paano makapupunta ang sangkatauhan sa Dios kung hindi pumunta ang Dios sa atin?

- Ireneo

Pinatotohanan ng Konseho ng Constantinople ang lubos na pagiging tao ni Kristo. Nauunawaan ng mga Obispo na kung si Hesus ay hindi lubos na tao, ang kanyang kamatayan ay hindi makapagbabayad-sala para sa atin. Bagaman ipinagkaloob ng Diyos ang pagsasakripisyo ng mga hayop bilang pansamantalang paunang-pagtanaw sa perpektong sakripisyo ni Hesus, ang pagtubos sa kasalanan ay nangangailangan ng perpektong sakripisyo ng tao.[85] Kung si Hesus ay hindi lubusang tao, hindi niya maipagkakaloob ang sakripisyong iyon.

Pinatunayan ng Konseho ng Ephesus at Chalcedon ang relasyon sa pagitan ng dalawang kalikasan ni Kristo. Nauunawaan ng mga Obispo na ang "paghahalo ng pagkaDiyos at pagiging tao" ay kapwa hindi makadiyos o makatao. Pinatotohanan ng mga Konsehong ito na si Kristo ay may dalawang magkabukod na kalikasan sa iisang tao, nang hindi pinagsasama o pinaghahati ang mga kalikasang ito.

> "Tungkol sa bugtong na Anak ng Ama
> Bago pa magsimula ang mundo,
> Siya ang Alpha at Omega,
> Siya ang simula, siya ang wakas,
> Sa mga bagay sa ngayon, sa nakaraan
> At ang makikita sa taong hinaharap
> Magpasawalang-hanggan, sa lahat ng panahon."
>
> - Himno noong ika-4 na siglo
> - Sa kalikasan ni Kristo.

Binigyang buod ng mga credo ang mga doktrina na kinakailangan sa ating pananampalataya. Bagaman hindi kailanman dapat pumalit ang mga credo sa Kasulatan bilang ang huling awtoridad, nakatutulong ang mga credo sa atin upang mas mabuting maunawaan ang mga doktrinang inihahayag sa Kasulatan. Ang mga credo ay nabuo bilang tugon sa mga kilusang erehe na nagbabanta sa tunay na pananampalataya. Ito ang paraan kung paanong natutuhan ng mga ordinaryong mamamayan ang tungkol sa pananampalatayang Kristiyano.

[85] Hebreo 10:4

| Ang mga Konseho ng Unang Iglesya | | |
|---|---|---|
| **Lokasyon** | **Petsa** | **Pasya** |
| Nicaea | 325 | • Tinanggihan ang Arianism.<br>• Ang Anak ay isang substance sa Ama.<br>• Si Kristo ay lubos na Diyos. |
| Constantinople | 381 | • Pinatotohanan ang Konseho ng Nicaea.<br>• Si Kristo ay lubos na tao.<br>• Pinatotohanan ang pagiging Diyos ng Banal na Espiritu. |
| Efeso | 431 | • Tinanggihan ang Nestorianism.<br>• Si Kristo ay isang persona. |
| Chalcedon | 451 | • Ang dalawang kalikasan ni Kristo ay hindi magkahalo at hindi maaaring paghiwalayin.<br>• Si Kristo ay kapwa tao at Diyos sa iisang persona. |

## Leksiyon 5 Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 410 | Nahulog ang Roma sa mga Goths. |
| 426 | Inilathala ni Augustine ang *The City of God*. |
| 451 | Pinatotohanan ng Konseho ng Chalcedon ang paniniwala ng iglesya na si Hesus ay "isang persona na may dalawang kalikasan" (Diyos at tao) |
| 563 | Dinala ni Columba ang ebanghelyo sa Scotland. |
| 590 | Paghahalal kay Gregory bilang Papa. |

## Leksiyon 5 Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesya

**Augustine** (354-430). Obispo ng Hipppo. Isa siya sa pinakamahalagang teologo ng iglesyang Kristiyano. Binigyang-diin niya ang mga doktrina ng orihinal na kasalanan, predestination, at kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Columba** (521-597). Isang unang misyonero sa Scotland. Naglakbay si Columba mula sa Ireland upang magtatag ng mga monasteryo at iglesya sa Scotland.

## Mga Takdang Aralin sa Leksiyon 5

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kasama sa pagsusulit ang mga petsang galling sa "Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya" timeline (410-590)

(2) Pagbalik-aralan ang talakayan ng mga konseho. Pumili ng isa sa mga konseho at maghanda ng maikling buod ng konseho. Dapat maglaman ng apat na parte ang iyong buod:

- Pangyayari: Saan at kailan nagpulong ang konseho?
- Usapin: Ano ang pangunahing usaping pangdoktrina na siyang dahilan ng pagtawag ng konseho?
- Pasya: Ano ang naging pasya ng konseho patungkol sa pangunahing usapin?
- Aplikasyon: Paano nakaapekto ang pasya ng konseho sa doktrina at buhay ng iglesya?

Mayroon kang dalawang pagpipilian sa pagpipresenta ng buod na ito:

- Magsumite ng 2 pahinang papel na nakasulat sa iyong tagapanguna sa klase.
- Magbigay ng 3-5 minutong pasalitang presentasyon sa inyong klase.

## Pagsusulit sa Leksiyon 5

(1) Ang lunsod ng Roma ay nahulog sa mga Goths noong A.D. __________.

(2) Tinawag na ________________ang aklat ni Augustine na isinulat bilang tugon sa pagbagsak ng Roma.

(3) Ang tala sa simula ng buhay at pagbabalik-loob ni Augustine ay tinawag na ___________________.

(4) Binigyang-diin ni ___________________ang paghihiwalay ng dalawang kalikasan ni Hesus hanggang sa ipahiwatig niya na si Hesus ay "dalawang persona" sa iisang katawan.

(5) Sumulat si Leo 1 ng isang _____________ kung saan ipinahayag niya na si Hesus ay isang "persona" na may dalawang kalikasan, Diyos at tao.

(6) Ang Konseho ng Nicaea at Constantinople ay tumalakay sa kalikasan ni Kristo. Ang Konseho ng ____________noong 451 ay tumalakay kung paanong ang dalawang kalikasan ay naugnay sa isa't-isa.

(7) Dinala ni ______________ ang ebanghelyo sa Scotland noong ika-anim na siglo.

# Leksiyon 6
# Ang Simula ng Middle Ages
# A.D. 590-1054

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Nauunawaan kung paano nagkaroon ng kapangyarihan ang Romano Katolikong papa.

(2) Kilalanin ang mga naiambag at panganib ng monasticism.

(3) Maunawaan ang paglago sa kapangyarihan ng Simbahang Romano Katoliko.

(4) Malaman ang ugat ng di-pagkakaunawaan sa pagitan ng Romano Katoliko at ng Silanganing Orthodox na iglesya.

## Introduksiyon

Ang mga petsa ng Middle Ages ay mahirap tiyakin. Walang dyaryo na naglathala ng ulong-balita na "Ang araw na ito ang simula ng Middle Ages!" Ang mga aklat ay madalas na nagsisimula sa Middle Ages sa Utos ni Constantine sa Milan noong 313, ang Konseho ng Nicaea noong 325, ang pagbagsak ng Roma noong 410, o ang pagbagsak ng huling Romanong Emperador noong 476. Para sa leksiyong ito, magsisimula ako sa pagsikat ni Pope Gregory "the Great" noong 590, dahil ang pamumuno ni Gregory ay gumawa ng dramatikong pagbabago sa impluwensya ng Simbahang Romano Katoliko.

Hindi rin nagkakasundo ang mga aklat tungkol sa katapusan ng Middle Ages. Ang ilan ay nagtatapos sa mga Krusada noong 1095 at ang iba ay sa pagbagsak ng Constantinople noong 1453. Pinili ko ang 1517 dahil ang *Ninety-Five Theses* ni Luther ay nagmarka sa paghina ng kapangyarihan ng Simbahang Romano Katoliko.

Hindi lamang ang mga petsa ang mahirap tukuyin, mahirap limitahan ang mga pangyayari na pag-aaralan. Sa halip na isang kumpletong pagsasaliksik, pumili ako ng mga paksa na nagpapakita ng unti-unting pagkabuo ng iglesya sa panahon ng Middle Ages. Dahil sa pamamaraang ito, ang leksiyong ito ay wala sa eksaktong pagkakasunod-sunod sa petsa. Ang talaarawan sa ibaba ang tutulong sa inyo upang ilagay ang mga pangyayari mula sa leksiyong ito sa tamang pagkakasunod-sunod. Tatalakayin ng leksiyong ito ang simula ng Middle Ages. Tatalakayin ng Leksiyon 7 ang huling bahagi ng Middle Ages.

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 590 | Pinili si Gregory bilang Pope |
| Ika-7 siglo | Pagsikat ng Islam |
| 756 | “Ang donasyon ni Pepin” ay nagbigay ng kontrol sa malaking bahagi ng Italy sa iglesyang Romano. |
| 800 | Kinoronahan ng Pope si Charlemagne. |
| 962 | Kinoronahan si Otto I bilang Banal na Romanong Emperador. |
| 1054 | Simula ng Pagkakahati/Schism ng Silangan at Kanluran |

### Sina Leo at Gregory – Ang mga “Unang Papa”

Kung paanong mayroong di-pagkakasundo tungkol sa petsa ng Middle Ages, mayroon ding di-pagkakasundo tungkol sa unang papa. Inaangkin ng Simbahang Romano Katoliko na si Simon Pedro ang unang “Obispo ng Roma” o Pope. Gayunman, karamihan sa mga historyador ang nagtuturing sa dalawang mas huling obispo, sina Leo I (naglingkod noong 440-461) at Gregory I (naglingkod 590-604), bilang ang mga unang obispo na humawak ng mga tungkulin na katulad ng modernong papa.

Inangkin ni Leo na siya ay sumunod kay Apostol Pedro, na ginawa siyang Ulo ng buong kaKristiyanuhan. Mula sa puntong ito, ang Obispo ng Roma ay hindi na tinitingnan bilang isa sa mga obispo; ngayon inaangkin ng Obispo ng Roma ang awtoridad sa lahat ng iba pang obispo. Tulad ng nakita natin sa Leksiyon 3, ipinagtanggol ng *Tome* ni Leo ang orthodoxy sa Konseho ng Chalcedon. Tinanggap ng mga obispong Kanluranin ang mga inaangkin na pagiging pangunahin ni Leo.

Dagdag pa sa suporta sa loob ng iglesya, nagkaroon ng kapangyarihan si Leo dahil sa kahinaang pampulitika ng Roma. Upang makuha ang pampulitikang suporta ni Leo, ibinigay ni Emperador Valentinian III ang tatak ng pagsang-ayon ng Imperyo sa pag-angkin ni Leo sa awtoridad. Nang lusubin ni Attila the Hun ang Italy noong 452, si Leo sa halip na ang emperador ang sumalubong kay Attila sa daan sa labas ng Roma at kinumbinsi ito na umatras. Noong 455, sinakop (uli) ng mga Vandals ang Roma. Muli, si Pope Leo ang nakipag-usap sa hari ng mga Vandals, at nakakuha ng isang pangako na hindi papatayin ang mga sibilyan.

Ang isa pang Obispo na madalas na tinatawag na unang pope ay si Gregory “the Great.” Si Gregory ay ipinanganak sa Roma at naging makapangyarihang politiko, at kalaunan ay naglingkod ng perpekto (bilang mayor) sa lungsod. Noong siya ay nag-edad na trenta, tinawag siya ng Diyos na magministeryo. Ibinigay ni Gregory ang kanyang mga ari-arian at naging isang monghe.

Noong 590, nagdusa ang Roma dahil sa serye ng mga kalamidad: mga baha, atake ng mga barbaro at salot. Sa halip na magtago sa monasteryo, inilagay ni Gregory ang kanyang buhay upang maglingkod sa mga may sakit. Nang mamatay ang obispo dahil sa salot, si Gregory ay itinalaga na maging obispo ng Roma, labag man sa kanyang sariling kagustuhan. Bagaman hindi tinawag ni Gregory ang kanyang sarili na pope, inangkin niya ang kapangyarihan na ngayon ay iniuugnay sa Pope ng Romanong Katoliko. Dahil dito, siya ay madalas na itinuturing na unang modernong pope.

► Kung ikaw ay nakatira sa isang bansa na malakas ang impluwensya ng Simbahang Romano Katoliko, magtalaga ng mga miyembro ng inyong klase upang pag-aralan ang simbahang Katoliko sa inyong komunidad. Tingnan ang dalawang katanungan:

(1) Bakit popular ang Katoliko sa inyong komunidad?

(2) Ano ang maaaring gawin ng mga ebanghelikong Kristiyano upang maakay ang mga Katolikong Romano sa isang personal na nakapagliligtas na pagkakilala kay Kristo Hesus?

## Mga Dakilang Kristiyanong Dapat Mong Makilala: Pope Gregory

### Ang Ambag ni Gregory sa Pagmimisyon

Nang siya ay bata pa, nakita ni Gregory ang mga bihag mula sa England na ibinababa sa pantalan. Mula sa panahong iyon, ninais na niya na mag-ebanghelyo sa mga tao sa Britanya. Ang Britanya ay naabot na ng ebanghelyo noong ikaapat na siglo. Gayunman, sa ikalimang siglo, nasakop ng mga barbarong Anglo-Saxon ang Britanya at winasak ang mga simbahan. Noong 596, nagpadala si Gregory ng grupo ng apatnapung mongheng Benectine na mangangaral sa mga Anglo-Saxons. Nagtatag sila ng Kristiyanong pagmimisyon, at ang isa sa mga monghe na si Augustine, ay naging Obispo ng Canterbury. Ang Canterbury ang naging sentro ng English Christianity.

### Ang Ambag ni Gregory sa Musika ng Simbahan

Kilala si Gregory sa pagbago niya sa musika sa simbahan at organisasyon ng liturhiya. Hanggang sa huling bahagi ng ika-dalawampung siglo, karamihan sa musikang kinakanta sa Romano Katolikong simbahan ay tinatawag na "Gregorian chant" mula kay Pope Gregory.

### Pamumuno ni Gregory sa Iglesya

Kahit na si Gregory ay hindi kasing intelektuwal na pinuno kagaya ni Augustine o ni Jerome, siya naman ang pinaka-pinagpalang pinuno na humawak sa tungkulin bilang pope. Karagdagan pa, mayroon siyang higit na simpatya sa pangangailangan ng tao. Hindi tulad ni Leo na kumuha ng titulong *Pontifex Maximus* ("Kataas-taasang obispo"), tinawag ni Gregory ang kanyang sarili bilang "Tagapaglingkod ng mga Tagapaglingkod ng Diyos." Ang

dakilang reputasyon ni Gregory ay batay sa kagustuhan niya at sa kakayahan na maiayos ang burukrasya ng iglesya upang mapagsilbihan ang pangangailangan ng mga tao.

### Teolohiya ni Gregory

Nakakalungkot, ang mga aral na pangteolohiya ni Gregory ay nag-akay sa Simbahang Katoliko palayo sa Banal na Kasulatan. Naimpluwensyahan niya ang ilan sa mga pinaka-mapaminsalang doktrina ng Romano Katoliko.

- Inilagay ni Gregory ang tradisyon bilang kapantay ng Banal na Kasulatan bilang pamantayan.
- Iminungkahi ni Gregory ang doktrina ng **purgatoryo**, isang lugar kung saan ang mga Kristiyano ay dinadalisay matapos mamatay.
- Itinuro ni Gregory na ang pagpapatawad ng Diyos ay nangangailangan ng **pangungumpisal at gawain ng pagpapakasakit** sa halip na simpleng pananampalataya sa pagtubos na ginawa ni Kristo.
- Itinuro ni Gregory na ang pagiging tagapamagitan ng mga namatay na santo ay makatutulong sa mga mananampalataya sa ngayon. Bilang resulta nito, hinikayat niya ang paglikom ng mga **relics** na nakaugnay sa mga martir at mga santo sa nakaraan.
- Itinuro ni Gregory ang doktrina ng **transubstantiation***,* ang katuruan na ang elemento ng Huling Hapunan ay nagiging tunay na katawan at dugo ni Kristo. Ang misa ay naging muling pagsasagawa ng kamatayan ni Kristo sa kapakanan ng mananampalataya.

### …Mula Noon Hanggang Ngayon…Kontekstwalisasyon ng Ebanghelyo

Ang misyon ni Gregory sa pagmimisyon sa Britanya ay nagbibigay ng mahalagang aral sa iglesya sa ngayon.[86] Nakakuha si Augustine at mga kasamang monghe ng tumatanggap na madla. Sa loob ng isang taon, nabautismuhan si Haring Ethelbert at 10,000 Anglo-Saxons. Inaalala ni Augustine kung paano madadala sa iglesya ang mga bagong mananampalataya. Hindi sapat sa kaniya ang mababaw na pagbabago. Nang sumulat si Augustine kay Gregory upang humingi ng payo, sumagot si Gregory noong 601 sa isa sa klasikong liham sa kasaysayan ng pagmimisyon.

Pinayuhan ni Gregory si Augustine na i-contextualize ang ebanghelyo para sa mga Anglo-Saxon. Partikular, sinabi niya:

---

[86] Ang seksiyong ito ay hinalaw mula kay Timothy C. Tennent, *Invitation to World Missions* (MI: Kregel Publications, 2010), 236-240

> Dapat wasakin ang mga diyos-diyosan. Ngunit, kung ang templo ay maayos na naitayo, isang mabuting kaisipan na ihiwalay sila sa gawa ng dyablo, at sanayin sila sa pagpupuri sa tunay na Diyos.

Ang mga paghahandog sa huwad na diyos ("mga diyablo") ay dapat mapalitan ng pagdiriwang "bilang pagpuri sa Diyos…. Dapat silang magpasalamat sa nagbigay ng lahat ng mabuting bagay. Kung hahayaan nating sila sa ganitong panlabas na kasiyahan, mas malamang sa matagpuan nila ang kanilang daan sa tunay na panloob na kasiyahan."

Pinayuhan niya si Augustine na maging matiyaga sa mga bagong mananampalataya habang ginagabayan sila sa kanilang bagong buhay. "Ang taong nakatakdang umakyat sa mataas na bundok ay hindi nakakaakyat sa pamamagitan ng paglukso at pagtalon, ngunit paitaas nang paitaas, isa isang hakbang."

Iminungkahi ni Timothy Tennent ang tatlong aralin kaugnay ng kontekstwalisasyon mula sa liham na ito:

**(1) Kung maaari, ang mga bahagi ng kultura ay dapat maisama sa mensaheng Kristiyano.** Sinabi ni Gregory kay Augustine na wasakin ang mga diyos-diyosan ng mga pagano, ngunit gawing simbahan ang mga templo sa halip na wasakin ang mga gusali.

**(2) Kung maaari, palitan ng bagong kasanayan ang mga lumang kasanayang pagano.** Naintindihan ni Gregory na hindi basta na lamang maiaalis ng misyonero ang mga kasanayang pagano; kailangan ding maghatid ang misyonero ng bagong kasanayan na magpapakilala sa ebanghelyo. Maaaring hindi tayo sumasang-ayon sa payo ni Gregory, nguni't ang kanyang prinsipyo ay sinunod ng maraming misyonero.

Halimbawa, "Araw ng Pagwawalis ng Puntod" ay araw kung saan ang mga paganong Intsik ay pumupunta sa puntod ng kanilang pamilya at nagdarasal sa kanilang mga ninuno. Maraming simbahan sa Taiwan ang nagdaraos ng espesyal na misa sa araw na iyon kung saan maraming Kristiyano ang maaaring magbigay-pugay sa pamana ng kanilang pamilya nang hindi nakikisali sa pagsamba sa mga ninuno. Pinapalitan nila ang paganong gawain ng Kristiyanong pagkilala sa pamilya.

**(3) Ang mga bagong mananampalataya ay dapat matiyagang maturuan na *mabago* ang kanilang pang araw-araw na pamumuhay.** Kinikilala ni Gregory na maraming oras ang kailangan upang lubos na maunawaan ng mananampalatayang Saxon ang lahat ng aspeto ng pananampalataya at kasanayang Kristiyano. Hinikayat niya si Augustine na maging matiyaga sa mga bagong mananampalataya.

Isang halimbawa sa Bagong Tipan ang makikita sa liham ni Pablo sa mga mananampalataya sa Efeso. Ang mga bagong mananampalataya ay naninirahan sa isang paganong kapaligiran at buong buhay nang namumuhay bilang pagano na dapat mabago. Sumulat si Pablo upang gabayan sila kung paano silang mamumuhay sa kanilang bagong pananampalatayang Kristiyano. Sa matibay na pahayag, inutusan niya silang mamuhay kung paanong tinawag sila ng Diyos na mamuhay. Iniutos ni Pablo sa kanila

> …iwaksi ninyo ang inyong dating pagkatao, na pag-aari ng inyong dating paraan ng pamumuhay at nasira dahil sa maling hangarin, at magbago sa espiritu ng isipan, at isuot ang bagong pagkatao, na likha sa wangis ng Diyos sa tunay na katuwiran at kabanalan.[87]

Hindi nagbigay si Pablo ng pagkakataon upang magpatuloy sa sinasadyang kasalanan. Ngunit, sa mga sumunod na talata, matiyaga niyang ipinaliwanag kung paanong ang nabagong buhay ay makikita sa kanilang kaugalian, buhay pamilya, at pang araw-araw na kaugalian. Bilang nagpapalaganap ng ebanghelyo, hindi natin dapat bigyang katwiran ang makasalanang pamumuhay. Sa halip dapat nating matiyagang turuan ang mga bagong mananampalataya sa buhay Kristiyano. Hindi sapat na ipahayag ang mensahe ng pagbabalik-loob at iwanan ang bagong "sanggol kay Kristo" nang mag-isa. Dapat tayong maglaan ng oras upang magdisipulo ng mga bagong mananampalataya upang sila ay tumatag sa pananampalataya.

## Ang Paglago ng Monasticism

Sa Leksiyon 3, nakita natin ang simula ng monastic movement. Unti-unti, ang monastic movement ay nabago mula sa pagiging mag-isa patungo sa pagiging komunidad.

Noong ikatlong siglo, isang Egyptian na nagngangalang Antony ang nagbenta ng kanyang mga ari-arian, ibinigay ang pera sa mahihirap, at lumipat sa isang kweba at doon nanirahan ng kaniyang buong buhay. Ang isinulat ni Obispo Athanasius na *Life of Antony* ay humikayat sa marami na sundan ang halimbawa ni Antony. Ginugol ni Simon (isang Stylite) ang tatlumpung taon na nanirahan sa isang lugar na dalawampung metro ang taas mula sa lupa. Pinagtuunan ng mga monghe sa disyerto ang pagkakahiwalay at asceticism o mahigpit na pagpepenitensya.

Mga taong 520, itinatag ni Benedict ng Nursia ang isang monasteryo sa Monte Cassino. Isinulat niya ang isang gabay na tinawag na *Rule*, na nakahikayat sa paglago ng kilusang monastiko. Sa halip na paghiwalay, binigyang-diin ng *Rule of Benedict* ang araw-araw na kasanayan sa pagbabasa ng Banal na Kasulatan, pagdarasal, at pagtatrabaho. Binigyang-diin ng monasteriyong Benedictine ang komunidad, pag-aaral, pagmimisyon, at pisikal na trabaho sa halip na matinding pagpepenitensya.

Noong taong 589, inatake at sinunog ng mga barbaro ang mga monasteryo ni Benedict. Lumikas ang mga monghe sa Roma, kung saan kasalukuyang nakakamit ni Gregory ang posisyon bilang Obispo ng Roma. Humanga si Gregory sa Benedict's *Rule.* Sa paghahanap ng mga misyonero para sa England, pinili ni Gregory ang apatnapu't-isang mongheng Benedictine. Sa Middle Ages, malaki ang naging impluwensya ng mga monasteryo sa Simbahang Romano Katoliko.

---

[87] Efeso 4:22-24

Madaling makita ang mga pagkakamali ng kilusang monastiko.

- Pagtatangkang makamit ang pabor mula sa Diyos sa pamamagitan ng mga gawa sa halip na pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya.
- Mga kailangan para sa pamumuhay ng walang asawa na hindi batay sa Biblia na nagdulot ng isang pamantayan ng moralidad para sa mga monghe at ibang pamantayan para sa ordinaryong Kristiyano.
- Kung minsan ang monasteryo ay nakalilikom ng malaking halaga, na nagresulta sa pagiging mapagmataas at pagiging tamad. Sa huling bahagi ng Middle Ages, ang mga monghe ay naisasalarawan bilang mataba, tamad na kleriko na kumakain sa mga dukha. Nakakalungkot, ang pagsasalarawang ito kung minsan ay nangyayari sa totoong buhay!
- Mas mahirap para sa atin bilang mga Protestanteng ebangheliko na makita ang kalakasan ng kilusang ito. Gayunman, nakagawa ang mga monghe ng maraming mahahalagang ambag sa mundo sa Middle Ages. Maaaring sabihin na ang sibilisasyon ay napanatili sa libong taon sa pamamagitan ng mga monghe. Ilan sa kanilang ambag:
- Sa pagitan ng 500 at 1000, napanatili ng monasteriyo ang pag-aaral. Maraming monghe ang naglaan ng kanilang buhay sa pagkopya ng mga sinaunang kasulatan. Karamihan sa sinaunang kasulatan (kasama ang klasikong Griyego at maraming kasulatan ng Biblia) ay maaaring naglaho na kung hindi nakopya at naisulat ng kamay ng maraming henerasyon ng mga monghe.
- Nagsilbi ang mga monghe sa kanilang komunidad. Ang edukasyon para sa mga kabataan ay kadalasang ibinibigay ng monasteryo. Sa ika-walong siglo, iniutos ni Charlemagne na magkaroon ng paaralan sa lahat ng monasteryo. Ang mga naglalakbay ay makakaasang may lugar na pwedeng panatilihan sa monasteryo. Ang mga may sakit ay nagtutungo sa monasteryo upang mapangalagaan. Ang mga sakahan sa monasteryo ay nagsisilbing modelo sa mga lokal na magsasaka, tinuturuan ang mga magsasaka sa lugar upang makapagtanim ng mas mainam na pananim.
- Ang mga monghe ang nangungunang misyonero sa Middle Ages. Si Columba, isang monghe mula sa Ireland, ay nagbahagi ng ebanghelyo sa Scots. Si Aidan, nagmula din sa Ireland, nahikayat ang mga tao sa hilagang England. Si Boniface ay naglakbay mula England upang mangaral sa ngayon ay tinatawag na France at Germany. Kilala siya bilang ang "Apostol sa Germany" at nakilala bilang isa sa pinaka-maimpluwensyang tao sa kasaysayan ng Europe. Ang magkapatid na sina Cyril at Methodius ay mga monghe na nagsalin ng Biblia sa Slavonic at nangaral ng

ebanghelyo sa Moravia and Bohemia. Sinabi ng historiyador na si Mark Noll na halos lahat ng cross-cultural evangelism sa Middle Ages ay gawa ng mga monghe.[88]

- Ang Reformation ay ipinanganak sa mga monasteryo. Ang espirituwal na kasiglahan ng mga mongheng katulad ni Bernard ng Clairvaux, ni Thomas Aquinas, ni Martin Luther, at ni Thomas a' Kempis ay naghikayat ng pagiging tapat kay Kristo sa panahon na marami sa iglesya ay mas naiimpluwensyahan ng pagnanais ng pampulitikang kapangyarihan at panandaliang yaman.

►Maraming aspeto ng monasticism ang salungat sa mensahe ng Biblia. Subalit, ang pinakamagagaling sa mga monghe ay nagnanais na sumunod sa panuntunan ng Diyos na manatili sa mundo nguni't hindi kabilang sa mundo.[89] Ano ang mga aral sa iglesya sa ngayon ang maaari nating matutunan mula sa mga monghe ng Middle Ages? Ang monastic pattern ba ng disiplina sa espiritu ay nag-aalok ng mga leksiyon para sa mga kasalukuyang Kristiyano?

## Imperyalismo at ang Banal na Imperyong Romano

Sa huling pagbagsak ng Roma noong 476, makikitang ang kanluraning sibilisasyon ay mapapahamak. Sa mga sumunod na siglo, walang sentrong gobyerno, kaunti ang paaralan, kaunti ang batas, at walang pangdaigdigang sistema ng pananalapi. Magkakaroon ng sistema ng pagmamay-ari ng lupa kung saan ang mayayamang may-ari ng lupa ("panginoon") ay nagbibigay ng proteksyon sa mga dukha ("utusan") na nagsasaka sa lupa. Ang mga utusan ay nakatatangap ng pagkain upang mabuhay ngunit hindi sapat.

Ang modernong Europa ay lumago mula sa pagkasirang ito, higit sa lahat ay sa pamamagitan ng impluwensya ng Kristiyanismo. Matapos ang pagbagsak ng Roma, ang iglesiyang Kristiyano ang pangunahing lakas na nagbubuklod sa Europa.

Ang Franks ay pulitikal na lakas na nagmula sa ngayon ay tinatawag na kanluraning Germany. Bagaman sila ay mga pagano, ang kanilang pinunong si Clovis ay naging mananampalatayang Kristiyano noong 496. Nang si Clovis ay nabautismuhan, sinamahan siya ng 3,000 sa kaniyang hukbo sa bautismo. Noong 600, kontrolado na ng Franks ang karamihan sa lugar sa gitnang Europa.

Noong 324, nakapagtatag na si Constantine ng silanganing sentro para sa Imperio ng Roma sa Byzantium, at binago ang pangalan ng lungsod na tinawag na Constantinople. Ang silanganing Imperyo ng Roma (tinatawag din na ang Imperyo ng Byzantine) ay mananatili hanggang 1453 nang ito ay wasakin ng hukbo ng mga Muslim. Matapos ang pagbagsak ng Roma, nagkaroon ng mga hindi pagkakaunawaan sa mga emperador ng Constantinople at mga pope sa Roma. Habang nagpapalawig ang mga silanganing emperador ng kanilang teritoryo patungo sa kanluran, ang mga pope ay naghanap ng mga kaalyado sa pulitika.

[88] Mark Noll, *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity,* 3rd ed. (MI: Baker Academic, 2012), 92
[89] Juan 17:14-19

Ang suporta ng Franks sa Romanong iglesya ang nagbigay ng malaking kapangyarihang pulitikal sa mga pope.

Sa kasamaang palad, ang Kristiyanismo sa mga Franks ay naging instrumentong pampulitika sa halip na kilusang pang-espirituwal. Hinangaan ng mga Franks si apostol Pedro sa kanyang pagpayag na gumamit ng espada; ito ang naging modelo para sa "ebanghelismo" sa karamihan sa Middle Ages. Nakita nila si Hesus bilang naluwalhating mandirigma, katulad ni Clovis. Nang ang isang tribong Alemanya ay tumangging magpabautismo, pinugutan ng ulo ni Clovis ang 4,500 katao sa isang araw lamang. Pagkatapos ay bumalik sila sa kampo upang magdiwang ng Pasko. Maaari mong isipin na karamihan sa mga tao sa ilalim ng pamumuno ni Clovis ay sumang-ayon sa bautismo. Ang panglahatang pagbabalik-loob ay itinatakda ng pulitikal na pinuno, at hindi ng personal na pangako kay Kristo.

Maraming karaniwang tao na naging mananampalataya sa ganitong paraan ang kaunti lamang ang kaalaman patungkol sa ebanghelyo. Para sa marami, ang sinasabing pakinabang ng mga "santo" ay higit na nangangahulugan nang higit kaysa kay Kristo mismo. Marami sa karaniwang tao ang naniniwala na ang bawat santo ay nakapagbibigay ng ilang espesyal na pakinabang: pinangalagaan ni St. Anthony ang mga baboy ng magsasaka; pinagagaling ni St. Genevieve ang mga lagnat; dahil kay St. Gaul mas maraming itlog ang mga manok. Ang Kristiyanismo ay naging "magic potion" upang masagot ang mga problema sa mundo, sa halip na personal na relasyon kay Kristo Hesus.

Kabilang sa ilan sa mga pangunahing pangalan na dapat ninyong malaman:

### Charles Martel (the Hammer)

Si Charles Martel (the Hammer) ay namuno mula 688-741. Natalo ni Charles ang mga Muslim sa Digmaan sa Tours noong 732, napigilan ang kanilang paglaganap sa Europe.[90] Hinikayat niya ang ebanghelyo sa mga tribo sa silanganing Rhine (ngayon ay Germany).

### Pepin III

Si Pepin III ay namuno bilang Hari ng mga Franks mula 741-768. Noong 756, ibinigay ni Pepin ang karamihan sa sentrong Italya kay Pope Stephen. Ang "Donasyon ni Pepin" (kasama ang huwad na "Donasyon ni Constantine") ay naging basehan para sa pulitikal na kapangyarihan ng Romano Katolikong Simbahan sa huling bahagi ng Middle Ages.

### Charlemagne

Ang anak na lalaki ni Pepin, si *Charlemagne,*[91]ay nakoronahan bilang "Emperador ng mga Romano" sa araw ng Pasko, A.D. 800 ni Pope Leo III. Ang kapansin-pansin sa kaganapang

---

[90]Pag-aaral natin ang pagtayo ng Islam sa Aralin 7.

[91]Ang kanyang pangalan ay "Charles Augustus."pagkilala sa kanyang kapangyarihan at pagpapalawig sa teritoryo ng Roma, siya ay nakilala bilang "Charlemagne" (salitang Latin na ang kahulugan ay "Charles the Great").

ito ay ang pagkakaroon ng Obispo ng sapat na kapangyarihan upang koronahan ang isang pampulitikal na pinuno para sa imperyo ng Roma. Ang kaugnayan sa pagitan ng iglesya at ng estado ay mas malapit kumpara sa ibang panahon mula sa mga araw ni Constantine.

Ang samahang ito sa pagitan ni Leo III at Charlemagne ang nagbuklod sa kanluraning Imperyo ng Roma sa unang pagkakataon simula ng bumagsak ang Roma. Nakilala si Charlemagne bilang Banal na Emperador ng Roma, isang emperador na nakita ang sarili bilang tagapangalaga ng iglesya. Si Leo III ang Pope, isang obispo na nakita ang kanyang sarili bilang ang pangwakas na awtoridad sa imperyo.

Sa unang bahagi ng kanyang pamumuno, nalupig ni Charlemagne ang mga bagong teritoryo at pinilit ang mga naninirahan sa mga lugar na iyon na umanib sa Kristiyanismo. Hindi nagtagal, kontrolado na niya ang maraming teritoryo higit sa sino mang pinuno matapos ang pagbagsak ng Imperyo ng Roma. Tiningnan siya ng maraming tao bilang "ang bagong Constantine" na magbabalik ng kaluwalhatian ng imperyong Kristiyano.

Naniniwala si Charlemagne na responsibilidad ng estado ang katawan at ang iglesya ang responsable sa kaluluwa. Sa halip na ang pangitain ni Augustine na "Dalawang Lungsod" (ang Lungsod ng Tao at ang Lungsod ng Diyos), iminungkahi ni Charlemagne ang isang Kaharian ng Diyos na may "dalawang hukbo." Ang espirituwal na hukbo ay kontrolado ng pope; ang makalupa na hukbo ay kontrolado ng emperador.

Nguni't, sa kasanayan, mas madalas na mas higit ang kapangyarihan ni Charlemagne sa iglesya kaysa sa pope. Nagtalaga at nagtanggal siya ng mga obispo; iniutos niya ang pagbabago sa liturhiya; gumawa siya ng mga panuntunan sa mga monasteryo; itinalaga niya maging ang isa sa kanyang mga diyakono upang maglathala ng sermon na gagamitin sa buong kaharian. Katulad ng kanyang sinundan na si Constantine, ipinakita ni Charlemagne ang mga kabutihang pampulitika at ang panganib na espirituwal ng magkaroon ng malapit na samahan sa pagitan ng iglesya at ng estado.

### Otto I

Si Otto I ay namuno noong 962-973. Pagkamatay ni Charlemagne, ang pumalit sa kanya ay hindi kayang panatilihin ang imperyo na kanyang itinatag. Gayunpaman, ang kaisipan ng pinag-isang Emperyo ng Roma na suportado ng emperador at ng iglesya ang humikayat sa mga pope at mga pinuno sa pulitika. Noong 962, isang pinunong German, na si Otto I, ang muling nagtatag ng Banal na Imperyo ng Roma, na hango sa modelo ni Charlemagne.

Mula sa pananaw ng isang tao, makikita na ang medieval church ay matagumpay. Ang iglesya ng Roma ay nagkamit ng kapangyarihang pulitikal at katayuan sa komunidad. Gayunpaman, ang tagumpay na ito ay naganap nang may kabayarang espirituwal. Sa mga sumunod na ilang siglo, nagkaroon ng paulit-ulit na hindi pagkakaunawaan dahil sa pag-aaway sa kapangyarihang pampulitika ng mga emperador at mga pope. Ang kayamanan at kapangyarihang pulitikal ay naging mas mahalaga pa kaysa sa ebanghelyo.

Sa mga siglong ito, sinubukan ng mga pope na kontrolin ang pagpili ng mga emperador, at ang mga emperador ay sumubok na kontrolin ang pagtatalaga ng mga pope. Si Marozia, isang babaeng Italyana na may mataas na pinag-aralan, ang nagkaroon ng kontrol sa pagtatalaga ng mga pope sa loob ng animnapung taon. Pinatay niya ang isang pope, naging ina ng isa, at naging kalaguyo ng pangatlo. Nang ang kanyang apo ay nahirang na Pope John XII, uminom siya, nagdiwang at nagpasalamat sa diyablo. Ang kapangyarihang pampulitika ang sumira sa espirituwal na buhay ng iglesya. Ang "kasal" sa pagitan ng iglesya at ng estado ay isang ipinilit na kasal na nabigong isulong ang layunin ng ebanghelyo.

► Talakayin ang kaugnayan sa pagitan ng imperyo at ng iglesya sa ilalim ng pamumuno ni Charlemagne. Ano ang isang tiyak na aral na maaari nating matutunan sa panahong ito sa kasaysayan ng iglesya?

## Ang Silanganin/Kanluraning Pagkakahati

Noong taong 1054, si Cardinal Humbert, kinatawan ni Pope Leo IX ay pumasok sa Church of Holy Wisdom sa Constantinople at naglagay ng liham ng pagpapatalsik sa altar.[92] Ang pagpapatalsik ay nangangahulugan na hindi na kinikilala ng pope ng Romano Katoliko ang mga kasapi ng Silanganing Iglesya bilang kasapi ng tunay na iglesya. Ang pagkakahati sa pagitan ng Katolisismong Romano sa kanluranin at Orthodoxy sa silangan ay ang naipon na sigalot sa loob ng maraming siglo. Mula sa Konseho ng Chalcedon noong 451, ang silanganin at kanluraning iglesya ay kumilos sa magkaibang direksyon.[93]

Kinikilala ng Konseho ng Chalcedon si Obispo Leo ng Roma bilang pangunahing namumuno sa Kanluraning iglesya at ang obispo ng Constantinople bilang ang "obispo ng Bagong Roma," na may kapantay na kapangyarihan kay Leo. Mula sa puntong iyon, dalawang pinuno ang kinilala ng iglesya, ang Iglesyang Romano sa Kanluraning Imperyo at ang iglesyang Griyego sa Silanganing Imperyo. Paulit-ulit, nagkakaroon ng usapin sa pagitan ng dalawang hati ng iglesya.

### Usapin Patungkol sa mga Imahen

Sa Silanganing Iglesya, maraming Kristiyano ang gumamit sa two-dimensional "imahen" sa pagsamba. Si John ng Damascus, isang magiting na teologo ng Silanganing Iglesya, ang nagpilit na ang mga mananampalataya ay hindi sumasamba sa mga imahen. Ang layunin ng mga imahen ay makapagbigay sa mga mananampalataya ng nakikitang paalala na ang mga santo noon ay kasama sa pagsamba sa ngayon.[94]

---

[92] Ang isang dokumento o liham mula sa pope ay tinatawag na Bull. Ito ay isang Bull of Excommunication.
[93] Upang pag-aralan ang mga pagkakaiba sa kasaysayan at teolohika sa pagitan ng Katolisismo at Orthodoxy, tingnan ang Kabanata 15 ni Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language, 3rd ed.* (USA: Thomas Nelson, 2008).
[94] Itinuturo ng mga teologong Silanganin ang Hebreo 12:1 para sa suporta.

Ngunit sa pagsasagawa, maraming ordinaryong Kristiyano ang hindi gumawa ng mga pagkakaiba sa teolohiya na ginawa ni John ng Damascus. Hindi nila nakita ang pagkakaiba sa pagitan ng imahen at ng espirituwal na reyalidad na dapat nitong kinakatawan. Inakusahan ng mga Muslim ang mga Kristiyano sa silangan na sumasamba sa idolo dahil sa paggamit nila ng mga imahen.

Noong 726, Si Emperador Leo III ng Silanganing Imperyo ay pinawalang bisa ang batas sa paggamit ng mga imahen. Para kay Leo, ito ay isa lamang usaping pampulitika. Ang mga imahen ay itinaguyod (at ginawa) ng mga monghe na naging balakid sa pulitikal na kapangyarihan ni Leo. Nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan ang mga tagasunod ng mga imahen at ang mga "iconoclasts" (maninira ng mga imahe) na sumunod sa utos ng emperador na wasakin ang mga imahen.

Sa kanluran, sinuportahan ng pope ang paggamit ng mga simbolong nakikita sa pagsamba. Nang lumaon, ang Ikalawang Konseho ng Nicaea (787) ay nagtipon upang pag-usapan ang usapin. Napagkasunduan nila na ang mga rebulto ay katanggap-tanggap kung ang mismong rebulto ay hindi sinasamba. Sinabi nila na ang mga rebulto ay "iginagalang," pero hindi sinasamba. Ang pakiki-alam ng simbahang Kanluranin ay nagdulot ng sama ng loob sa marami sa simbahan sa Silangan.

## Ang Kontrobersiya sa *Filioque*

Noong 598, isinama ng Konseho ng Toledo ang salitang Latin na *filoque* sa Credo ng Nicene. Ipinahayag ng orihinal na credo na, "Ang Espiritu ay nagmula sa Ama." Ipinahayag ng binagong creed na, "Ang Espiritu ay nagmula sa Ama *at sa Anak."*

Sinasabi ng Simbahan ng Romano Katoliko na sinusuportahan ng Juan 16:7 ang pagbabagong ito. Matindi ang naging reaksyon ng Silanganing Iglesia. Ipinahayag nila na kung ang buong iglesya (silanganin at kanluranin) ay sumang-ayon sa Credo ng Nicene sa Konseho ng Chalcedon, hindi ito maaaring mabago nang walang ibang konseho ng buong iglesya.

Naniniwala ang mga teologo sa kanluran na ang pagsasabi na ang Espiritu ay nanggaling sa Ama "at sa Anak" ay nagbibigay diin sa pagiging Diyos ng Anak, pinangangalagaan mula sa Arianismo. Naniniwala ang mga teologo sa silangan na ang pahayag na ito ang nagpabago sa ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng Trinidad. Binigyang diin ng Kanluran ang pagkakaisa ng Godhead; binigyang diin ng Silangan ang mga indibidwal na persona ng Trinidad. Noong 867, kinondena ni Bishop Photius ng Constantinople ang pagbabago. Ang kontrobersyal na *filoque* ay naging isa sa mga pangunahing dahilan na ibinigay para sa huling paghati sa pagitan ng dalawang simbahan noong 1054.

## Ang Pagkakahati Noong 1054

Ang mga pope na namuno sa ika-sampung siglo ay malayo sa ideya ng mga sinaunang Pope Leo I at Gregory the Great. Sila ay kadalasang masama at mababa ang moral. Subalit, ilang emperador ng Banal na Imperyo ng Roma ang naghangad na makapagdala ng

pagbabago sa iglesya. Noong 1039, si Henry III ay nakoronahan bilang emperador. Siya ay isang matapat na Kristiyano at nangakong bubuhaying muli ang simbahang Katoliko.

Kumilos si Henry III upang makuha ang paghahalal ng isang obispong Aleman bilang isang pope upang maiwasan ang lokal na pulitika na pinapayagan ang makapangyarihang pamilyang Italyano na kontrolin ang pagka-pope. Noong 1048, isang mongheng Aleman na nagngangalang Bruno ay nahalal bilang Pope Leo IX.[95] Si Leo ay kabahagi sa naisin ni Henry na pagbabago. Magkasama nilang tinutulan ang kawalang-ingat sa moral ng mga obispo at pinahinto ang pagsasagawa ng simony.[96] Nakipaglaban si Leon IX upang palayain ang iglesya mula sa kontrol ng pulitika. Upang maiwasang maipasa ng mga pari ang kanilang posisyon sa simbahan sa kanilang mga anak, ipinagbawal niya ang pagpapakasal ng mga pari.

Napagpasyahan ni Leo na ang paraan upang matiyak na magtatagal ang pagbabago ay ang pag-angkin sa kapangyarihan sa lahat ng mga Kristiyano, kabilang dito ang mga nasa Silangan. Sinulatan niya ang Obispo ng Constantinople na nagsasaad na ang "Donasyon ni Constantine"[97] ay nagbigay sa pope ng awtoridad kapwa sa dalawang bahagi ng iglesya.

Tumanggi ang Obispo ng Constantinople na kilalanin ang awtoridad ni Leo. Bilang tugon, ipinadala ni Leo ang kanyang kaibigan, si Cardinal Humbert, na makipag-usap ng kapayapaan. Sa halip na makahanap ng mapayapang solusyon, pinatalsik ni Humbert ang Silanganin na si Cerularius, at sinabing siya ay isang heretiko. Si Cerularius naman ay kinondena si Pope Leo IX at ang simbahang Romano.

Ang pagkakahati na ito na tinatawag na Paghahati o Schism noong 1054, ay hindi na naayos pa. Hindi bababa sa dalawang beses sa pagitan ng 1274 at 1439 ay nagkaroon ng pagpupulong upang muling pagsamahin ang mga iglesya. Sa dalawang pagkakataon, ang pagpupulong ay natapos nang walang resolusyon.

Sa ngayon ang pagkakaiba sa pagitan ng Roma at mga iglesya sa Silangan ay ang heograpiya, pangkasaysayan, at teolohikal. Sa heograpiya, ang Russian Orthodox, Greek Orthodox, at labintatlong maliliit na iglesya ang bumubuo sa Iglesia sa Silangan. Ang mga simbahang Orthodox ay pinakamalakas sa Silangang Europa, Gitnang Silangan, at Russia. Ang mga pagkakaiba sa kasaysayan ay nagsimula noong Pagkakahati noong 1054. Sa teolohikal, kinikilala lamang ng mga simbahang Silanganin ang unang pitong *ecumenical* na konseho at tinanggihan ang awtoridad ng mga sumusunod na konseho tulad ng Konseho ng Toledo, na nagdagdag sa sugnay na *filioque*.

►Ang paghahati noong 1054 ay naimpluwensyahan ng mga pagkakaiba-iba ng kultura (sa pagitan ng Silangan at Kanluran), ng mga pagkakaiba sa teolohiko (tulad ng kontrobersyal

---

[95] Simula noong ika-10 siglo, gumamit na ang mga pope ng bagong pangalan kapag sila'y nahalal bilang papa.
[96] Ang Simony ay ang pagbebenta ng mga tungkulin sa iglesya. Ito ay tinawag na "simony" dahil sa tangka ni Simon na Magician na bilhin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Mga Gawa 8:18-19.
[97] Ang dokumentong ito ay napatunayang isang panlilinlang gamit ang hindi tunay na dokumento.

na filioque), at ng mga hidwaan ng pagkatao (sa pagitan nina Cerularius at Humbert). Anong mga aral ang maaari nating matutunan mula sa pagkakahating ito upang maiwasan ang paghahati sa iglesya sa ngayon?

| Iglesyang Romano Katoliko | Silanganing Orthodox na Iglesya |
|---|---|
| Ang kahulugan ng Katoliko ay "pangkalahatan/unibersal." Nagpapahiwatig ng awtoridad sa lahat ng totoong mga Kristiyano. | Ang kahulugan ng Orthodox ay "tamang paniniwala." Nagpapahiwatig ng katapatan sa mga sinaunang katuruang Kristiyano. |
| Ang Obispo ng Roma (ang pope) ay kumakatawan sa awtoridad ni Kristo sa buong iglesya. | Nangangasiwa ang isang Patriyarka sa bawat sangay ng Orthodoxy. Ang Patriyarka ng Constantinople ay iginagalang sa lahat ng sangay ng Orthodoxy, nguni't wala siyang awtoridad sa labas ng kanyang sariling nasasakupan. |
| Ang awtoridad ay nagmula sa Banal na Kasulatan, mga konseho ng simbahan, tradisyon, at mga obispo. | Ang awtoridad ay nagmula sa Banal na Kasulatan, pitong konseho ng buong iglesya, at sa mga sinaunang ama ng simbahan. |
| Hindi nag-aasawa ang pari. | Nag-aasawa ang pari. |
| Itinuturo ang purgatoryo at Immaculate Conception ni Maria. | Itinatanggi ang purgatoryo at ang Immaculate Concepcion ni Maria. |
| Itinuturo ang transubstantiation. | Itinuturo ang transubstantiation. |
| Binigyang diin ng mga iskolar ng simbahan ang doktrina at kaayusan ng simbahan. | Binigyang diin ng mga iskolar ng simbahan ang mga gawain sa pagsamba at debosyon sa monasteryo. |

### Ang Pagdating ng Ebanghelyo sa Russia[98]

Ang pinakadakilang pag-abot na pagmimisyon ng Orthodox Church ay sa Russia. Ang Kristiyanismong Orthodox ay naging pambansang relihiyon ng Russia, kahit na winasak ng Soviet Communists ang 98% ng mga simbahang Orthodox pagkatapos ng 1917. Katulad sa mga kaso nina Constantine at Charlemagne, ang pagbabagong-loob ng Russia sa Kristiyanismo ay nangyari sa pamamagitan ng makapangyarihang pinuno sa pulitika.

[98] Karamihan sa mga nilalaman ng paglalarawang ito ay ipinagkaloob ni Rev. Richard Grout, isang beteranong misyonero sa Russia.

Noong 980, minana ni Prince Vladimir ang korona ng Kievan Rus (kasalukuyang Ukraine). Noong una, sinundan niya ang kanyang ama sa paganong pagsamba. Gayunpaman, nagpadala siya ng mga emisaryo upang pag-aralan ang mga dakilang relihiyon - Islam, Judaismo, Romanong Katoliko, at Eastern Orthodoxy. Ang mga emisaryo ay labis na namangha sa kagandahan ng mga katedral sa Constantinople at ang detalyadong liturya sa Silangan. Matapos makita ang pagsamba sa Silanganing Orthodox, isinulat nila, "Hindi namin alam kung kami ay nasa Langit o nasa Lupa.… Ang alam lamang namin na ang Diyos ay naninirahan doon sa mga tao, at ang kanilang pagsamba ay mas mabuti kaysa sa mga seremonya ng ibang mga bansa."

Noong 988, inialok ng emperador ng Byzantine kay Vladimir ang kanyang kapatid na babae upang mapapangasawa, sa kondisyon na ito ay mag-convert sa paniniwalang Eastern Orthodox. Naakit na malapit na sa liturhiyang Silanganin, nag-convert si Vladimir. Dinala niya ang mga misyonero mula sa Silangan sa kanyang bansa at isinulong ang Kristiyanismo bilang opisyal na relihiyon ng bansa. Tulad ng nakita natin sa pag-convert ni Clovis, ang pag-convert ng isang pinuno ay madaling sinundan ng maramihang pagbabautismo sa kanyang mga nasasakupan. Bagaman ang kanyang pagbabalik-loob ay isang pampulitikang pasya, si Vladimir mismo ay tila naging isang tunay na Kristiyano.

Sa loob ng maraming siglo, ang Russian Orthodox Chruch ang tanging simbahan na magagamit para sa mga Ruso. Maraming kasapi ng Orthodox Church ang kaunti lamang ang nalalaman sa mga aral at gawain nito; sila ay nagiging Orthodox kapag sila ay nabautismuhan bilang sanggol, o sila ay sumali dahil sa pampulitika o panlipunang pamimilit, nang walang anumang tunay na kaugnayan kay Kristo. Maraming sumusunod sa kaugaliang Orthodoxy nang hindi man lamang nagbabasa ng Banal na Kasulatan para sa kanilang sarili.

Hanggang noong huling bahagi ng ika-19 na siglo, mayroon lamang napakakaunting presensya ng pag-eebanghelyo sa Russia. Ang lahat ng Kristiyano ay sumasamba sa simbahan ng Orthodox. Gayunpaman, kahit sa loob ng pormal at kadalasan ay walang laman na mga simbahan, ang Diyos ay may tao. Bagaman ang mga rituwal ng Orthodoxy ay hindi nagbibigay ng katiyakan sa pansariling kaligtasan, maraming taos-pusong mananampalataya sa loob ng Russian Orthodox Church. Sa panahon ng pag-uusig ni Josef Stalin sa iglesya, nanatiling tapat kay Kristo ang mga Kristiyano sa loob ng Iglesyang Orthodox.

## Konklusyon: Ang Kasaysayan ng Iglesya ay Nagsasalita Ngayon

Ang mga suliranin ng sinaunang Middle Ages ay nagpapakita ng ilang kagamitan ni Satanas sa kanyang pagsisikap na iligaw ang iglesya. Malaki ang nagawa ni Pope Gregory upang pagsilbihan ang mga tao sa panahon niya, ngunit nagturo siya ng mga maling katuruan katulad ng purgatoryo. Maraming monghe ang naniwala na ang matinding pag-aayuno at mahigpit na pagpipinitensya ay makakakuha ng merito sa Diyos. Sa pamamagitan ng mga

maling doktrinang ito, inakay ni Satanas ang iglesya ng Middle Ages papalayo sa mensahe ng Bagong Tipan.

Sa ngayon, dapat tayong magbantay laban sa mga pag-atake ni Satanas. Ang mga Evangelical ay malamang na hindi babalik sa doktrina ng purgatoryo. Gayunpaman, maraming ebangheliko ang nahahalina sa maling katuruan patungkol sa espirituwal na kaloob, sa ebanghelyo ng kasaganahan, at sa mga kaisipan patungkol sa mga huling araw na hindi ayon sa Salita ng Diyos. Ang kasaysayan ng iglesya sa Middle Ages ay nagpapakita ng panganib ng maling doktrina.

Ang mga suliranin sa pagitan ng Kanluranin at Silanganing iglesya ay nagpapakita rin ng maaaring pagkakahati. Habang *dapat* tayong humiwalay sa mga nagtuturo ng maling doktrina, ang paghihiwalay sa pagitan ng Silanganin at Kanluraning iglesya ay kadalasang udyok, hindi ng katapatan sa katotohanan, kundi ng pansariling suliranin, mga layuning pampulitikal, at suliranin sa kapangyarihan. Hindi natin dapat hayaan ang personal na suliranin na maging sanhi ng pagkahati ng iglesya ni Kristo Hesus. Ang Kaharian ng Diyos ay mas malaki kaysa sa aking pansariling hangarin!

### Leksiyon 6 Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesiya

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 590 | Si Gregory ay hinirang na obispo ng Roma. |
| Ika-7 Siglo | Pagkatatag ng Islam |
| 787 | Isinaad ng Ikalawang Konseho ng Nicaea na ang mga imahen ay maaaring “igalang,” ngunit hindi “sasambahin.” |
| 800 | Kinoronahan ng pope si Charlemagne bilang Emperador. |
| 857 | Si Photius, Obispo ng Constantinople, ay sumalungat sa Pope patungkol sa pagdaragdag ng mga salitang “at sa Anak” sa Credo ng Nicene. |
| 962 | Kinoronahan si Otto bilang Banal na Emperador ng Roma. |
| 1054 | Pagkakahati ng Silanganin at Kanluraning Iglesya. |

## Leksiyon 6 Mahahalagang Tao sa Kasaysayan ng Iglesya

**Si Augustine ng Canterbury (namatay sa pagitan ng 604 at 609).** Isang misyonero sa England na ipinadala ni Pope Gregory the Great; nag-convert kay Haring Ethelbert ng Kent at naging unang Arsobispo ng Canterbury.

**Charlemagne (ca. 742-814**). Unang "Banal na Emperador ng Roma." Hinikayat niya ang edukasyon, mga pagbabago sa simbahan, at pagkakaisa sa Imperyo.

**Gregory the Great (ca. 540-604).** Nagpalawak ng kapangyarihan ng pope. Ipinadala niya ang unang grupo ng misyonero sa England sa pamumuno ni Augustine ng Canterbury.

**Leo the Great (namatay noong 461):** Obispo ng Roma mula 440 hanggang 461. Ang kaniyang *Tome* noong 449 ang nagtaas sa orthodox Christology at sinang-ayunan ng Konseho ng Chalcedon noong 451.

## Leksiyon 6 – Mga Takdang-Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Nakapaloob sa pagsusulit ang mga petsa mula sa "Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya" timeline (590-1024).

(2) Maghanda ng biograpikal na paglalarawan ng isa sa mga sumusunod na pinuno: Charlemagne, John ng Damascus, o Bede. Dapat nakapaloob sa iyong paglalarawan ang tatlong bahagi:

- Biograpiya: Kailan siya nabuhay? Saan siya nanirahan? Kailan at saan siya namatay?
- Pangyayari: Ano ang pinakamahalagang mga pangyayari sa kaniyang buhay?
- Impluwensya: Ano ang pangmatagalan niyang impluwensya sa simbahang Kristiyano?
- Aplikasyon: Ano ang isang aral para sa iglesya sa ngayon mula sa pinunong ito?

May dalawa kang pagpipilian sa pagpapakita ng pagsasalarawan na ito:

- Magpasa ng 2 pahinang isinulat sa papel sa pinuno ng klase.
- Magbigay ng 3-5 minutong pagpapahayag sa klase.

## Leksiyon 6 Pagsusulit

(1) Para sa kursong ito, ang salitang Middle Ages ay tumutukoy sa panahon mula AD ________ (ang pagsikat ni Gregory the Great) hanggang AD ____________ (ang petsa ng *Ninety-Five Theses ni Luther*).

(2) Ang unang Obispo ng Roma na umangkin sa awtoridad sa lahat ng kaKristiyanuhan ay si ______________.

(3) Nagpadala si Gregory the Great ng mga misyonero upang mag-ebanghelyo sa England. Si _________________ ay naging kauna-unahang obispo ng Canterbury.

(4) Ayon sa doktrina ng ______________________________, ang mga elemento ng Hapag ng Diyos ay nagiging aktwal na katawan at dugo ni Kristo.

(5) Ang *Batas* na gumabay sa paglawak ng monastisismo sa Middle Ages ay isinulat ni _________________.

(6) Si ______________ ay nakoronahang "Banal na Emperador ng Roma" sa Araw ng Pasko, taong 800. Pinag-isa nito ang Kanluraning Imperiyo ng Roma sa unang pagkakataon simula ng pagbagsak ng Roma.

(7) Itinanggi ng __________________________ (tagapag-wasak ng mga imahen) ang paggamit ng mga imahen sa pagsamba.

(8) Noong _______________ (anong taon), ang Silanganin at Kanluraning iglesya ay tuluyan nang nagkahiwalay.

(9) Ang salitang Latin na ________________________ ay nangangahulugan ng "at ang Anak." Ito ang pangunahing sanhi ng alitan sa pagitan ng Silanganin at Kanluraning iglesya.

(10) Isulat kung aling sangay ng iglesya (Roman o Orthodox) ay kaugnay ng bawat katangian:

Nagtuturo patungkol sa Purgatoryo: ____________________

Pinahihintulutan ang pag-aasawa ng pari: ____________________

Pinamumunuan ng Pope: ____________________

Ginagabayan ng Patriyarka: ____________________

(11) Matapos magbalik-loob si ______________________, naging opisyal na iglesya ng Russia ang Eastern Orthodox.

# Leksiyon 7
# Ang Huling Bahagi ng Middle Ages
# A.D. 1054-1417

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan ang ilang natatagong dahilan para sa mabilis na paglaganap ng Islam.

(2) Malaman ang nananatiling epekto ng mga Krusada.

(3) Kilalanin ang pangangailangan para sa pagbabago sa iglesyang medieval.

(4) Bigyang halaga ang katapatan ng Diyos sa pagpapanatili sa mensahe ng ebanghelyo sa panahon ng apostasy sa opisyal na iglesya.

## Introduksyon

Para sa maraming tao, ang mga katedral tulad ng Notre Dame at Chartres ay nagbibigay ng pinakamemorableng larawan ng Middle Ages. Ang magagandang gusaling ito marahil ang pinakaartistikong tagumpay sa panahong ito sa kasaysayan.

Ang mga Gothic na katedral ay kumakatawan kapwa sa pinakamabuti at pinakamasama sa Kristiyanismong medieval. Sa gawing mabuti, nagpapakita ang mga ito ng malalim na pagkagutom para sa Diyos. Ang mga katedral ay mga "teolohiya na nakaukit sa bato," isang paraan upang ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa isang gusali. Sa isang panahon na karamihan sa mga tao ay hindi nakakabasa, ang bintanang stained glass ng isang katedral ay nagkukwento ng Biblia sa paraang nauunawaan ng ordinaryong tao.

Sa negatibong banda, ang mga estatwa, mga altar at mga kapilya ay nagpakita ng isang relihiyon ng mga ritwal na nawalan na ng malapit na kaugnayan sa Diyos. Pinalitan ng mga kandila ang personal na mga panalangin; ang pagsamba ay isinasagawa sa isang lengguwahe na ilang tao lamang ang nakakaunawa; ang misa ay naging isang ritwal na muling isinasadula ang kamatayan ni Kristo na hindi naman mapapakinabangan ng karaniwang tao (tanging ang pari ang makakainom sa alak sa komunyon).

Sa leksiyong ito, sisiyasatin natin ang huling bahagi ng Middle Ages. Makikita natin ang korapsiyon ng Simbahang Katoliko Romano habang hinahanap ng mga pope ang kapanyarihang pampulitika sa halip na espirituwal na reyalidad. Makikita rin natin kung paano nagtindig ang Diyos ng matatapat na mga lingkod na ipinangaral ang katotohanan ng ebanghelyo, maging ito'y maglalagay-panganib sa kanilang mga buhay.

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 1054 | Simula ng Paghahati-hati ng Silangan at Kanluran |
| 1095-1291 | Ang Mga Krusada |
| Ika-12-13 Siglo | Scholasticism |
| Ika-12-16 Siglo | Mga Katedral na Gothic |
| 1309-1417 | Pagkabihag sa Babilonia at ang Matinding Paghahati-hati |

## Ang Paglaganap ng Islam

Ang kasaysayan ng iglesya sa huling bahagi ng Middle Ages ay hindi mauunawaan nang hindi nauunawaan ang paglago ng Islam. Dalawa sa pinakamahirap na usapin ng huling bahagi ng Middle Ages, ang mga Krusada at ang nasisirang relasyon sa pagitan ng Silanganin at Kanluraning iglesya, ay matinding naimpluwensyahan ng mabilis na paglaganap ng Islam.

Si Muhammad ay isinilang mga 570. Noong 610, inangkin niya na binigyan siya ni anghel Gabriel ng isang mensahe mula kay Allah, ang nag-iisang tunay na Diyos. Ang mga pahayag na ito ay inipon sa Koran at nagtindig si Muhammad ng isang grupo ng mga tagasunod na tinatawag na Muslim ("sila na nagpasakop"). Ang kanilang relihiyon ay kilala bilang Islam.

Nang si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod ay itaboy palabas sa Mecca noong 622, umatras sila sa Medina kung saan higit pang maraming Arabo ang nagsimulang sumunod sa bagong relihiyong ito. Taong 630, matagumpay na nakabalik si Muhammad sa Mecca.

Pagkatapos nito, naging mabilis ang paglaganap ng Islam. Taong 632, nang mamatay si Muhammad, ang Arabia ay 1/3 Muslim. Taong 634, ang buong Arabia ay naangkin na ng Islam. Sa sumunod na sampung taon, nasakop na ng hukbong Islamic ang Siria, modernong Iran, Palestine, at mga bahagi ng Egipto.

Taong 638, nakontrol na ng mga Muslim ang Jerusalem. Taong 690, itinayo nila ang Dome of the Rock sa ibabaw ng bato kung saan ipinapahayag ng mga Muslim na si Muhammad ay umakyat sa langit. Sa katapusan ng ika-pitong siglo, ang Carthage at malaking bahagi ng Hilagang Africa ang kontrolado ng mga Muslim. Mula roon, nagsimulang sakupin ng mga hukbong Islam ang gawing silangan ng Mediterranean. Noong 711, nilusob nila ang Europa at sinakop ang Espanya at Portugal. Taong 720, ang hukbong Islamic ay nakatawid na sa lugar na ngayon ay France.

Ang paglaganap ng Islam ay maiuugnay sa ilang kadahilanan:

**(1) Kalakasang Militar.** Ang hukbong Islamic ay binubuo ng mga epektibong mandirigma na pinangungunahan ng malalakas na heneral. Ang pangako ng walang hanggang kaligtasan ang nakakuha ng katapatan ng maraming sundalo.

**(2) Pampulitikang Kadahilanan**. Sa mga unang araw, pinahintulutan ng mga Muslim ang kaunting kalayaan sa relihiyon sa mga lugar na kanilang sinasakop. Dahil dito, hindi nakita ng maraming komunidad ng Kristiyano ang banta na kinakatawan ng Islam. Ito ay espesyal na totoo sa Hilagang Africa kung saan maraming tao ang tumutol sa mataas na buwis na ipinataw ng mga tagapamahalang Kristiyano mula sa Constantinople sa mga lugar na nasa kanilang pamumuno.

Makalipas ito, pagkatapos na magkaroon ng kontrol ang Islam, inalis nila ang kanilang mga kalayaan. Ang mga taong nasakop nila ay naharap sa tatlong pagpipilian: lumipat sa Islam, kamatayan o multa.

**(3) Teolohikal.** Natagpuan ng mga hukbong Muslim na ang Hilagang Africanong Kristiyanismo ay lubhang nagkakahati-hati. Kasunod ng Arian controversy, maraming Africanong Kristiyano ay nagtataglay ng mababaw na pagtatalaga ng sarili para sa iglesya. Karamihan sa Africanong Kristiyano ay Nestorian. Dagdag pa dito, ang paggamit ng mga imahen ay nagbigay ng pananaw ng pagsamba sa dios-diosan.

Ang pagtatalaga ng sarili ng Islam sa monotheism o paniniwala sa iisang Diyos ay tila mas malakas kaysa sa iglesya sa Africa. Ang pagiging simple ng doktrina ng Islam tungkol sa Diyos ("Mayroon lang isang Diyos") ay nakaakit sa mga taong nalilito ng mga argumento tungkol sa Trinidad.

May mga pamayanan na hindi man lang tinutulan ang mga mananakop; maluwag sa kanilang loob na binago ang kanilang iglesya at ginawang mosque ng Muslim. Sinamantala ng Islam ang kahinaan ng iglesya upang makuha ang malaking bahagi ng Hilagang Africa.

Ang pagpapalawak ng Muslim sa wakas ay naitigil ni Charles Martel sa Labanan sa Tours noong 732. Ang mga Silanganin at Kanluraning iglesya ay kapwa nagdusa bilang resulta ng pananakop ng mga Muslim, subali't ang Silanganing Iglesya ang pinakaapektado. Ang iglesya sa Hilagang Africa (tahanan ni Augustine, Athanasius, at Clement ng Alexandria) ay nawala. Nawala rin ang Banal na Lupain. Sa kabuuan ng bandang huli ng Middle Ages ang mga gawaing pangmisyon ay halos natuon sa Hilagang-kanlurang bahagi ng Europa. Ang mga kanluraning misyonero ay nagkaroon lamang ng kaunti o walang tagumpay sa pag-eebanghelyo sa mga Muslim.

► Ang kalituhan sa teolohiya sa iglesya ng Hilagang Africa ay nagbukas ng pinto para sa Islam. Anong kahinaan sa doktrina sa kasalukuyan ang nagbibigay ng bukas na pinto para sa maling relihiyon sa ating panahon?

## Ang mga Krusada

Bagaman ang pakanlurang pagpapalawak ng Islam ay natigil sa Digmaan sa Tours noong 732, umabot pa hanggang 1095 bago nagkaroon ng malinaw na pagkilos na isinagawa upang bawiin ang teritoryong Muslim lampas pa sa Kanlurang Europa. Ang nakakalungkot, ang pagkilos na ito ay sa pamamagitan ng pwersang militar sa halip na isang gawaing pag-eebanghelyo. Ang mga Krusada ay isang serye ng kampanyang militar na pagsisikap na muling sakupin ang mga lupain na noon ay kontrolado na ng mga Muslim.

Una pa sa 1095, nakipaglaban ang mga hukbong kanluranin upang paalisin ang mga Muslim mula sa mga lugar na kontrolado nila sa Kanlurang Europa. Mula 1095 hanggang 1291, ang mga Krusada ay nagsikap na bawiin ang Palestine mula sa mga Muslim na Turko.

Mayroong hindi bababa sa dalawang motibasyon sa mga Krusada: kalayaang makapasok sa Banal na Lupain at ang banta ng higit pang pagpapalawak ng mga Muslim sa mga lupaing kontrolado ng mga tagapangunang Kristiyano. Maraming tao sa Middle Ages ang naniwala na maaari silang magkamit ng pabor sa Diyos sa pamamagitan ng paglalakbay sa Jerusalerm. Pagkatapos ng 638, kontrolado na ng mga Muslim ang Jerusalem at lahat ng daan patungo sa lungsod. Pinilit nila ang mga manlalakbay na Kristiyano na magbayad ng mataas na buwis upang makapaglakbay sa mga daang ito.

Nang manawagan si Pope Urban II para sa **Unang Krusada** upang palayain ang Jerusalem mula sa kontrol ng mga Muslim noong 1095, libo ang bilang ng mga taong tumugon. Ang isang monghe, si Peter ang Ermitanyo, ay nangalap ng 20,000 magsasaka upang lumaban. Sila ay walang kasanayan at walang may kakayahang maging tagapangunang pangmilitar. Silang lahat ay napatay. Gayunman, noong Hulyo 15, 1099, mga hukbong may kasanasyan ang sumakop sa Jerusalem. Ang ilang mga nagkrusada ay hindi nakakita ng anumang pagkakaiba sa mga Muslim at mga Judio, sinunog nila ng buhay ang mga Judio sa kanilang mga sinagoga. Ang mga nakakita ay nag-ulat na ang dugo ay umagos nang hanggang bukong-bukong sa Templo sa Bundok. Sa Unang Krusada pa lamang, malinaw na ang mga pag-atakeng militar ay naghatid ng ibang resulta kaysa sa isang ebanghelikong pag-abot.

Noong 1146, nanghikayat si Bernard ng Clairvaux ng **Ikalawang Krusada** upang labanan ang isang banta ng Muslim sa Jerusalem. Nabigo ang krusada, at ang Jerusalem ay muling nasakop ni Saladin noong 1187. Ang **Ikatlong Krusada** ay pinangunahan ng mga Hari ng France at England, kasama ang Banal na Emperador na Romano. Nabigo ang mga nagkrusada na muling sakupin ang Jerusalem, subali't nagawa nilang makipag-ugnayan kay Saladin upang pahintulutan ang mga paglalakbay sa Jerusalem.

Noong 1198, si Pope Innocent III ang nanghikayat ng **Ikaapat na Krusada** upang muling sakupin ang Egipto. Sa kasamaang-palad, inatake ng mga Crusaders ang Constantinople at tinangkang alisin sa trono ang tagapanguna ng Imperyong Silanganin. Sa araw ng Biyernes Santo 1204, nilusob ng mga Crusaders ang lungsod. Sa loob ng tatlong araw, winasak nila ang mga simbahan, nilusaw ang mga gintong ginagamit sa komunyon, at inabuso at pinatay ang mga kapwa Kristiyano sa pangalan ni Kristo. Ang mga Crusaders mula sa Iglesyang

Romano ay naghari sa noon ay Silanganing Imperyo sa sumunod na animnapung taon. Mula sa puntong ito, walang posibilidad ng muling pagkakaisa sa pagitan ng dalawang bahagi ng iglesya. Ang pagkakahati sa pagitan ng Romanong Katoliko at Silanganing Orthodox ay naging permanente.

Isa pang mababang panahon ng mga krusada ay ang **Krusada ng mga Bata** noong 1212. Humigit kumulang sa 100,000 kabataan at mga bata ang nagtangka ng krusada. Ang average na edad ng mga "crusaders" na ito ay labindalawa. Nabigo ang krusada na tuparin ang anumang layuning militar. Marami ang namatay sa paglalakbay; karamihan sa mga nakaligtas ay nahuli at ipinagbili bilang mga alipin. Ang mga Krusada ay natigil noong 1291 nang ang lunsod ng Acre (ang huling natitirang lugar kung saan malakas ang impluwensya ng mga crusada sa Palestine) ay nahulog sa mga Muslim.

Ano ang mga pangmatagalang epekto ng mga Krusada?

- Pampulitika, Pinalakas ng mga Krusada ang kapangyarihan ng mga pambansang hari. Sa bandang simula ng Middle Ages, ang pangunahing katapatan ng mga tao ay sa kanilang lokal na "panginoon" o may-ari ng lupa; ang hari ay may kaunti o walang epekto sa kanilang mga buhay. Gayunman, habang ang mga hari ay nagtatatag ng mga hukbo upang labanan ang mga Krusada, ang mga tao ay mas nagkaroon ng kamalayan sa kanilang pambansang pagkakakilanlan.

- Pansamantalang pinalakas ng mga Krusada ang awtoridad ng mga pope. Gayunman, habang mas nagiging malakas ang mga hari, ang awtoridad ng pope ay nababawasan.

- Isa pang epekto ay nakikita sa relasyon sa pagitan ng Silanganin at Kanluraning iglesya. Ang pagkilos ng mga Krusada sa Constantinople ay nagbunga ng nananatiling kapaitan sa Silangan. Maaaring nakapigil ang mga Krusada sa muling pagkakaisa ng iglesya.

- Ang pagsasagawa ng mga indulhensiya ay nagkaroon ng kasikatan sa panahon ng mga Krusada. Ang pagbebenta ng mga indulhensiya ay pangunahing motibasyon para sa *Ninety-Five Theses* ni Luther.

- Nakahikayat ang mga Krusada ng bagong interes sa mundo ng mga Arabo. Pinag-aralan ni Raymond Lull ang Arabic upang makapag-ebanghelyo sa mga Muslim. Nagtatag siya ng isang kolehiyo upang magsanay ng mga misyonero sa Islam at sumulat ng apologetic *arguments* upang hikayatin ang mga Muslim. Namatay siya bilang isang martir sa Hilagang Africa.

Ang mga Krusada, tulad ng pagkabuo ng Banal na Imperyong Romano, ay nagpakita ng resulta ng pagtatangka na ipalaganap ang pananampalatayang Kristiyano sa pamamagitan ng espada sa halip na sa pamamagitan ng nakakabagong kapangyarihan ng ebanghelyo ni Kristo Hesus.

► Sa pagsikat ng radikal na Islam at terorismong Islam, ang mga usapin na nakahikayat sa mga Krusada ay muling nalagay sa mga pangunahing balita sa maraming bahagi ng mundo. Paano dapat tumugon sa kasalukuyan ang mga Kristiyano sa harap ng paghamon ng Islam? Kung ikaw ay naninirahan sa isang parte ng mundo kung saan ang Islam ay isang malakas na pwersa, paano nagsisikap ang mga iglesya sa inyong bansa upang abutin ang mga Muslim para kay Kristo?

**Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makilala: Si Raymond Lull (1235-1315), Misyonero sa Mundo ng mga Muslim[99]**



Kilala si Raymond Lull bilang ang unang misyonero sa mga Muslim. Sa panahon na ang mga Krusada ay isang kabiguan, nagsimula si Lull ng isang kampanya ng pagmamahal. Kung minsan, tinatawag siyang "Ang Hangal sa Pag-ibig" dahil sa kanyang paninindigan na ang mga Muslim ay mahihikayat kay Kristo sa pamamagitan ng tunay at masakripisyong pag-ibig. Ang ministeryo ni Raymond Lull ay nagpapakita na hindi lamang ang mga Krusad ang tanging Kristiyanong tugon sa Islam.

Nagbalik-loob si Lull sa edad na 28, pagkatapos ng isang baluktot na pamumuhay bilang isang kabataang lalaki. Katulad ni Augustine, hinanap ni Lull ang kasiyahan sa isang mahalay ng pamumuhay. Kasunod ng kanyang pagbabalik-loob, ibinenta ni Lull ang kanyang ari-arian, ibinigay ang pera sa mahihirap, at inialay ang kanyang sarili bilang "alipin ni Kristo."

Sa edad na 40, tinawag si Lull sa tungkuling pagmimisyon. Sa loob ng siyam na taon, pinag-aralan niya ang lengguwaheng Arabic at ang kultura at relihiyong Islam. Tinanggihan niya ang mga saloobing laban sa Islam na hinihimok ng mga Krusada. Sa kasamaang-palad, sa kanyang paghahanap ng ibang misyonero sa mundo ng mga Islam, halos walang interesado. Sa edad na 52, isinagawa ni Lull ang kanyang unang paglalakbay pang-ebanghelyo mula sa Genoa, Italy patungo sa Tunis sa Hilagang Africa. Doon nakipagdebate siya sa mga iskolar na Muslim. May ilang Muslim na nagpahayag ng pananampalataya kay Kristo. Ipinahuli ng hari si Lull at hinatulan ng kamatayan.

Pagkatapos ng panawagan ng ilang negosyante, pumayag ang hari na ipatapon pabaik sa kanyang lugar si Lull sa halip na bitayin ito. Gayunman, tumalon si Lull mula sa barko at bumalik sa Tunis. Nanatili siyang nagtatago habang nagpapatuloy sa pagdidisipulo ng mga bagong nagbalik-loob.

Nang siya'y bumalik sa Italya, sinubukan niyang mangalap ng mga misyonero kapwa para sa mga komunidad na Muslim at Judio. Nagpatuloy siya sa pagsasagawa ng mga paglalakbay na pangmisyon sa Hilagang Africa, cyprus, at Armenia. Madalas siyang

[99] Image: "Bildnis des Raimvndvs Lvllvs", retrieved from the Leipzig University Library https://www.flickr.com/photos/ubleipzig/16874103939/, public domain.

mabugbog at minsan ay naipakulong sa bartolina sa loob ng isang taon at kalahati. Maging doon, nagpatuloy siya sa pangangaral sa mga kasamang bilanggo.

Sa edad na 80, muling naglakbay si Lull sa Algeria kung saan siya ay lihim na nagturo sa loob ng isang taon. Sa wakas, pagkatapos ng isang taon, hindi na niya mapigilan ang pagkakataon na mangaral sa publiko. Pumunta siya sa pamilihang bayan at nangaral hanggang batuhin siya ng isang galit na grupo. Namatay si Lull sa edad na 80 matapos ipahayag na, "Ang kamatayan ay hindi makatatakot sa isang matapat na lingkod ni Kristo na nagsisikap na dalhin ang mga kaluluwa sa pagkaalam sa katotohanan." Sa buong panahon ng kanyang ministeryo, ipinilit niya na ang kanyang mga hinikayat na maging misyonero ay magtalaga ng sarili sa posibilidad ng pagiging martir. Ipinamuhay ni Lull ang paninindigan niyang ito.

Patuloy na nakaimpluwensya sa mga misyonero sa mga Muslim ang mga isinulat ni Lull, maging pagkatapos na siya'y mamatay. Habang naghahanda siya para sa kanyang pag-abot na pagmimisyon, nalaman niya na walang manunulat na Kristiyano ang tumutugon sa mga paghamon ng mga pilosopong Islam. Nagsimula siyang masigasig na sumulat, nakasulat siya ng halos tatlong daang mga sulatin, marami sa mga ito ay bilang tugon sa mga pagtutol ng Islam sa ebanghelyo.

Sa kanyang pag-aaral sa kasaysayan ng pagmimisyon, tinukoy ni Timothy C. Tennent ang tatlong ambag na ginawa ni Raymond Lull sa pagmimisyon.[100] Ang bawa't isa sa mga ito ay mahalaga sa pag-eebanghelyo ng mga Kristiyano sa mga Muslim sa kasalukuyan.

> "Nakita ko ang maraming kabalyero na patungo sa Banal na Lupain sa pag-asang masasakop iyon sa pamamagitan ng pwersa o sandata; nguni't sa halip na matupad ang layunin, silang lahat sa katapusan ay napalis na lahat. Samakatuwid, aking paniniwala na ang pagsakop sa Banal na Lupain ay dapat subukin nang walang ibang paraan kaysa sa isinagawa ni Kristo at kanyang mga apostol upag matupad iyon: sa pag-ibig, sa pananalangin, sa pagluha, at sa paghahandog ng ating sariling buhay."
>
> \- Raymond Lull

- Kinilala ni Lull ang pangmatagalang epekto ng mga Krusada. Nalalaman niya na ang hindi isang kampanyang pangmilitar ang pinakaepektibong paraan upang ipahayag ang ebanghelyo. Sa ating mundo, hindi dapat pahintulutan ng mga Kristiyano ang mga usaping pampulitika at pangmilitar na hadlangan ang ating kakayahang ipalaganap ang ebanghelyo.
- Nauunawaan ni Lull ang kahalagahan ng apologetics para sa pag-eebanghelyong Kristiyano. Nalalaman niya na ang epektibong pag-eebanghelyo ay dapat sumagot sa mga pagtutol ng Islam sa pananampalatayang Kristiyano. Ngayon, ang mga Kristiyano ay dapat tumugon ng may katalinuhan sa mga pagtutol ng Islam sa pananampalatayang Kristiyano.

[100] Timothy C. Tennent, *Invitation to World Missions*, (MI: Kregel Publications, 2010), 240-243

- Nakatuon si Lull sa pagpapakilos sa ibang misyonero. Naiintindihan niya na ang pag-eebanghelyo sa mga Muslim ay hindi matutupad ng isang tao lamang. Katulad ng ibang epektibong misyonero sa buong kasaysayan, siya ay nakatuon sa paghahanap ng ibang misyonero. Sa kanyang buong buhay, iniukol niya ang kanyang mga pagsisikap sa paghanap ng ibang misyonero. Sa kasalukuyan, dapat tayong magpatuloy sa paghahanap ng magiging misyonero. Ang mga grupo ng tao na hindi pa nararating sa mga bansang Islam ay tatanggap sa ebanghelyo tanging kung paano itinatalaga ng mga Kristiyano ang kanilang buhay sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.

## Ang Pangangailangan ng Pagbabago sa Romanong Katolikong Simbahan

Ang paglaganap ng Reformation movement ay karaniwang inilalagay sa petsa 1517, simula sa Ninety-Five Theses ni Luther. Gayunman, ang Reformation ay hindi nagsimula kay Martin Luther. Ang Reformation ang naipong resulta ng sunod-sunod na serye ng pagsisikap na magkaroon ng revival na lumago sa loob ng limang siglo bago kay Luther at ng kanyang mga kapanahon. Ilang kadahilanan sa ika-12 at ika-13 siglo ang tumukoy sa pangangailangan ng reporma sa Simbahang Romano Katoliko.

### Kapangyarihang Walang Limitasyon

Sa gabi bago siya ipako sa krus, hinugasan ni Hesus ang paa ng kanyang mga disipulo at sinabi:

> Kung ako ngayon, inyong Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong paa, gayundin kayo ay dapat maghugas ng paa ng isa't-isa. Dahil binigyan ko kayo ng halimbawa, na dapat din ninyong gawin kung ano ang ginawa ko sa inyo. Tunay na tunay na sinasabi ko sa inyo, ang isang alipin ay hindi higit kaysa sa kanyang panginoon, o ang mensahero ay as higit kaysa sa nagsugo sa kanya.[101]

Sa pag-angkin sa modelong ito, ginamit ni Pope Gregory I ang titulong, "Alipin ng mga Alipin ng Diyos." Salungat dito, ang mga sumunod na pope ay pinapurihan sa kapangyarihan. Sa ika-13 siglo, kinuha ni Innocent III ang titulong "Vicar o Kahalili ni Kristo." Sa halip na isang alipin, tiningnan niya ang kanyang sarili bilang tagapamuno ng "buong mundo."

Noong ika-11 siglo, ipinahayag ni Pope Gregory VII na ang awtoridad ng pope ay unibersal, na ang mga prinsipe ay dapat yumukod sa pope, at ang pope ay may awtoridad upang magpalaya ng mga nasasakupan mula sa kanilang pagtatapat sa isang tagapangunang panlupa.[102] Idineklara din ni Gregory VII na ang romano Katolikong Simbahan ay hindi pa nagkamali at hindi kailanman magkakamali.

---

[101] Juan 13:14-16
[102] Ang *Dictatus Papae*

Noong ika-labintatlong siglo, inangkin ni Pope Innocent III na ang pope ay "isang tagapamagitan sa Diyos at ng tao, nasa ilalim ng Diyos, nguni't lampas sa tao; mas mababa sa Diyos nguni't mas mataas kaysa tao."[103] Ito ay malayo sa espiritu ni Hesus. Humawak ang pope ng halos walang limitasyong kapangyarihan.

Sinabi ni Innocent III na ang pagiging pope ay katulad ng araw; ang mga hari ay katulad ng buwan. Kung paanong ang buwan ay tumatanggap ng kanyang liwanag mula sa araw, ang mga hari ay tumatanggap ng kanilang kapangyarihan mula sa pope. Ginamit ng mga pope ang kanilang kapangyarihan upang kontrolin ang pulitika sa Europa. Gamit ang banta ng pagtitiwalag sa simbahan, nagawang pilitin ng mga pope ang mga hari na magpasailalim sa kanilang pamumuno.

Kapag ang isang hari ay tumutol sa mga kautusan ng pope, ang isang buong bansa ay maaaring bantaan ng isang "interdict", isasara ang lahat ng simbahan. Kapag ang isang bansa ay nasa ilalim ng pagbabawal ng isang pope, hindi maaaring magsagawa ng mga sakramento ang mga pari maliban sa pagbabautismo ng mga sanggol at "extreme unction" para sa malapit nang mamatay. Hindi maaaring magsagawa ng misa at ang mga patay ay hindi maaaring ilibing sa mga benditadong lugar.

Para sa mga tao na naniniwala na ang kaligtasan ay dumarating lamang sa pamamagitan ng simbahan, ito ay isang seryosong banta. Naniniwala sila na ang pope ay may kapangyarihang magdala ng parusang kamatayan sa bawat taong namuhay sa ilalim ng isang hari na tumutol sa mga kautusan ng pope. Bilang resulta nito, ang mga tao ay nag-aaklas laban sa hari upang pilitin siyang sundin ang pope. Matagumpay na nagamit ni Pope Innocent III ang banta ng pagbabawal nang walumpu't-limang beses upang pilitin ang mga tagapamuno na magpasailalim sa kanyang mga kautusan. Hanggang noong ikalabindalawang siglo, ang kapangyarihang pampulitika ng pope ay tila walang hangganan. Ang kapangyarihan ng pope ay mas higit kaysa sa kapangyarihan ng sinumang hari.

### Ang Inquisition

Ang Inquisition ay nanatiling isa sa pinakamadilim na bahagi sa kasaysayan ng Romano Katolikong Simbahan. Sa unang iglesya, tinanggihan ng mga konseho ang mga erehe na itinanggi ang *pangunahing* mga katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano. Sa mga unang Krusada, ginamit ng pope ang kapangyarihang militar upang parusahan ang mga sumasalungat sa Kristiyanismo. Sa bandang huli ng Middle Ages, inilunsad ng mga pope ang Inquisition laban sa mga Kristiyano na tumanggi *sa alinmang* itinuturo ng pope. Hindi sapat na itiwalag sa simbahan ang mga erehe; ang mga pinaratangan ng maling katuruan ngayon ay pinarurusahan at pinapatay. Inilunsad ni Innocent III ang isang krusada kung

---

[103]Binanggit ni Bruce L. Shelley, sa *Church History in Plain Language, 3rd ed.* (USA: Thomas Nelson, 2008), 185.

saan ang mga taga-Hilaga na "Kristiyanong" Pranses ay pinatay ang mga Pranses na taga-Timog na erehe.[104]

Unang lumitaw ang Inquisition noong 1184 nang iutos ni Pope Lucius III sa mga obispo na "magtanong" tungkol sa mga paniniwala ng kanilang mga miyembro. Ang mga nagtuturo ng maling paniniwala ay itiniwalag. Noong 1215, tumawag si Pope Innocent III ng isang konseho ng iglesya sa palasyo ng Lateran sa Roma. Itong Ika-Apat na Konseho ng Lateran ang opisyal na nag-aproba sa Inquisition bilang isang institusyon ng simbahan.

Taong 1220, ibinigay ng pope ang pangunguna sa Inquisition sa mga Dominikano, isang relihiyosong kilusan na nakatuon sa kahirapan, paglilingkod at pagsunod sa iglesya. Sa Inquisition, ang isang inakusahan na erehe ay walang karapatan. Walang nakasulat na batas na gumagabay sa nagtatanong. Ang paglilitis ay lihim, at kailangang patunayan ng inakusahan ang kanyang pagiging inosente nang hindi nalalaman kung sino ang nagpaparatang sa kanya. Bihira sa mga pinararatangan ang nakakukuha ng abogado para ipagtanggol sila; nalalaman ng mga abogado na maaari silang isakdal ng Inquisition kapag ipinagtanggol nila ang isang naparatangang erehe.

Noong 1252, pinahintulutan ni Pope Innocent IV ang pagpaparusa bilang isang paraan upang makakuha ng mga kumpisal mula sa mga inakusahang erehe. Ang Inquisition ang naging paraan upang pahirapan at patayin ang mga nagtatangkang magdala ng pagpapanibagong-sigla sa iglesya.

## Mga Tanda ng Kahinaan sa Simbahang Romano Katoliko

Maging nang ang mga pope katulad ni Innocent III ay nagtaglay ng kapangyarihang walang hangganan, may mga tanda na hindi lahat ng bagay ay maayos sa loob ng Simbahang Romano Katoliko. Tulad ng kanser na lumalaki sa loob ng isang tao na sa panlabas ay mukhang malusog, mayroong lumalaking tanda ng kahinaan.

### Scholasticism

Ang scholastisism ay tumutukoy sa pamamaraang teolohikal ng bandang huli ng Middle Ages. Sinikap nitong pagkasunduin ang doktrinang Kristiyano at ang pangangatwiran ng tao. Ang layunin ng scholastisism ay ang maayos at makatwirang pagpapahayag ng doktrina ng Romano Katoliko.

Ang scholastisism ay maaaring ipahayag sa alinman sa seksiyon patungkol sa lumalagong kapangyarihan ng Iglesyang Romano o sa seksiyong ito tungkol sa mga kahinaan sa simbahan. Ipinakikita ng scholastisism kapwa ang lumalagong pagbibigay diin sa pag-aaral sa iglesya (isang tanda ng kalakasan) at ang lumalagong kawalang-kasiyahan sa awtoridad ng Romano Katolikong Simbahan (isang tanda ng kahinaan). Ang mga "iskolar" (mga

---

[104] Ang Albigenses ay isang grupong heretic na naniniwala sa ideyang Gnostic na ang mga bagay ay masama. Itinanggi nila na si Kristo ay tunay na tao. Itinuro ng mga Albigenses na ang pagpapakasal, karne, at mga materyal na pag-aari ay makasalanan.

teologo ng Kilusang Scholastic) ay nagbigay ng mga tanong na direktang humantong sa Reformation.

### *Ang Pagsikat ng mga Unibersidad*

Sa simula ng Middle Ages, karamihan sa mga paaralan ay pinatatakbo ng mga monghe ng Romano Katoliko. Sa hulihan ng Middle Ages, malalaking katedral ang nagpapatakbo sa mga paaralan. Sa paglipas ng panahon, ang mga guro ay nagsimulang magbukas ng mga paaralang hindi umaasa sa mga katedral. Ito ang natatag bilang mga unibersidad. Sa bandang ika-labintatlong siglo, mahahalagang unibersidad ang naitatag sa Paris, Orleans, Cambridge, Oxford, Bologna at Padua.

Ang mga unang unibersidad ay hindi sumasalungat sa mga doktrina ng Kristiyano. Sa halip, sila ay tumututol sa lubusang awtoridad ng pamunuan ng iglesya. Naniniwala sila (tulad ng mga Kristiyano sa unang mga siglo) na ang Kasulatan at pangangatwiran ay hindi magkasalungat. Ang mga unibersidad ay naging pinakamalakas na sentro ng pagsalungat sa lubos na kapangyarihan ng Romano Katolikong iglesya.

### *Si Anselm ng Canterbury (1033-1109)*

Si Anselm ay isang mongheng Benedictine na naglingkod bilang arsobispo ng Canterbury mula 1093-1109. Siya ay itinuring na tagapagtatag ng Scholastisism dahil sa kanyang pagbibigay-diin sa makatwirang pagkaunawa ng teolohiya at pilosopiyang Kristiyano.

> "Hindi ko sinisikap na makaunawa upang maniwala, sa halip, ako'y naniniwala upang ako'y makaunawa. Malibang ako'y unang maniwala,hindi ako makauunawa."
>
> \- Anselm

Binuo ni Anselm ang "ontological" na pangangatwiran para sa pag-iral ng Diyos, isang pangangatwiran na ginagamit pa rin ng mga apologists sa kasalukuyan. Sa halip na gamitin ang awtoridad ng iglesya, nanawagan si Anselm sa pangangatwiran. Hindi naniniwala si Anselm na makakapalit ang katwiran sa kapahayagan o pananampalataya. Nagsalita siya tungkol sa "pananampalatayang naghahanap ng pag-unawa." Naniwala si Anselm na nauuna ang pananampalataya sa katwiran. Ginamit niya ang katwiran upang maunawaan nang mas malalim kung ano ang kanyang pinaniniwalaan.

Ang pinakatanyag na isinulat ni Anselm ay ang pag-aaral ng Pagkakatawang-tao, *Cur Deus Homo* (*Bakit Naging Tao ang Diyos*). Sa aklat na ito, ipinaliwanag ni Anselm ang kahalagahan ng pagkakatawang-tao sa pagpapakita na tanging ang Diyos -na-Tao ang makakatugon sa mga hinihingi ng katarungan para sa ating kasalanan.

Gamit ang medieval language of honor, isinulat ni Anselm na ang kasalanan ng tao ang nakasakit sa karangalan ng Diyos. Ang karangalang ito ay dapat maibalik sa pamamagitan ng pagbabayad sa parusa para sa ating kasalanan. Gayunman, ang pagbabayad-utang na nararapat sa Diyos ay higit pa sa kayang ibayad ng mga tao. Ang kasalanan laban sa Diyos ay hindi maaaring bayaran ng tao. Hindi natin kailanman kayang bayaran ang utang natin

sa Diyos. Nagtapos si Anselm sa pagsasabing ang Diyos ay dapat maging tao upang maibigay ang sapat na hinihingi para sa kasalanan.

Kinilala ni Anselm na si Hesus (ang Diyos -na-Tao) ang tanging maaaring makapagbayad sa pagkakautang na ito. Bilang Diyos, may kakayahan si Hesus na magbayad-utang para sa kasalanan ng tao; bilang tao, makatwirang mababayaran ni Hesus ang pagkakautang ng sangkatauhan. Ang teoriya ni Anselm ay kilala bilang ang "satisfaction theory" ng pagbabayad-utang at nanatiling isang napakaimpluwensyang paraan ng pagpapaliwanag sa doktrina ng pagbabayad-sala.

### *Si Peter Abelard (1079-1142)*

Ginugol ng French philosopher at teologo na si Peter Abelard ang malaking bahagi ng kanyang buhay sa mga monasteryo, madalas na ipinakukulong ng mga awtoridad ng iglesya. Dalawang beses na hinatulan ng kamatayan ng konseho ng iglesya si Abelard dahil sa pagiging erehe.

Ang pinakamaimpluwensyang isinulat ni Abelard ay isang kasunduan na may titulong *Sic et Non* (Oo o Hindi*)* kung saan nagtanong siya ng 158 na katanungan at sinagot ang mga ito mula sa mga naunang mapagkukunan. Binanggit niya ang Kasulatan, mga ama ng iglesya, at maging mga klasikong pagano. Ipinakita niya na ang mga pinagkukunang ito ay madalas na tila sumasalungat sa isa't-isa. Ang layunin ni Abelard ay hindi para pawalang bisa ang Kasulatan o ang mga ama ng iglesya. Ang kanyang layunin ay ipakita na ang pamunuan ng Romano Katoliko ay hindi ang ultimong awtoridad.

Katulad ni Anselm ng Canterbury, sinikap ipaliwanag ni Peter Abelard ang pagbabayad-sala. Sa halip na magtuon sa prinsipyo ng divine justice katulad ni Anselm, ikinatwiran niya na ang pangunahing layunin ng kamatayan ni Kristo ay ang maipakita ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan. Habang nakikita ng mga makasalanan ang pag-ibig ng Diyos, maaakay sila sa pagsisisi. Ang teoriya ni Abelard ay nakilala bilang ang teoriya ng "impluwensiyang pangmoral" ng pagbabayad-sala at naging popular sa mga liberal na mga teologo.

### *Si Thomas Aquinas (1224-1274)*

Si Thomas Aquinas ay itinuturing na pinakadakilang teologo ng Romano Katolikong iglesya. Katulad ni Abelard, pinag-aralan ni Thomas Aquinas ang Banal na Kasulatan, ang mga unang ama ng iglesya at mga iskolar na hindi Kristiyano. Sa kanyang masterpiece na *Summa Theologica (Summation of Theological Knowledge),* ipinakita ni Aquinas na ang katwiran at ang Banal na Kasulatan ay hindi magkasalungat. Ang Diyos na nagbigay ng inspirasyon sa Banal na Kasulatan ang nagbigay sa atin ng pag-iisip upang maunawaan ang Kasulatan. Katulad ni Anselm, sumulat si Aquinas ng mga pagpapaliwanag na nagpapatunay sa pag-iral ng Diyos.

Isang pangunahing pagkakaiba nina Aquinas at Abelard ay ang pagkakaroon ni Aquinas ng mas higit na respeto para sa awtoridad ng iglesya. Naniwala siya na ang kaligtasan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pagpapasailalim sa awtoridad ng pope.

Itinuro ni Aquinas at ng kanyang mga tagasunod ang doktrina ng transubstantiation. Itinuturo ng doktrinang ito na sa Eukaristiya (komunyon), ang tinapay at alak ay nababago at nagiging aktuwal na katawan at dugo ni Kristo Hesus.

Itinuro ni Aquinas ang doktrina ng Romano Katoliko ng pagpipinetensya at tinanggap ang paggamit ng mga indulhensiya. Ayon kay Aquinas, ang iglesya ay may kakayahang lumapit sa isang "kabang-yaman ng merito" (na itinayo sa pamamagitan ng ginawa ni Kristo at ng mabubuting gawa ng mga sumunod na santo). Pagkatapos mamatay, ang masasama ay agad na pumupunta sa impiyerno; ang matapat ay agad na pumupunta sa langit. Karamihan sa mga Kristiyano, gayunman, ay hindi sapat ang kadalisayan upang agad na makapunta sa langit. Kailangan silang dalisayin sa apoy ng purgatoryo. Ayon kay Aquinas, ang pope at ang kanyang mga pari ay may awtoridad na magkaloob ng "indulhensiya" mula sa "kabang-yaman ng merito" upang palayain ang mga kaluluwa mula sa purgatoryo.[105]

Tinanggihan ng mga Reformer ang paggamit ng mga indulhensiya dahil ang kapatawaran na nakabatay sa kabayaran o merito ay hindi nakabatay sa biyaya lamang. Salungat sa inaangkin ng pope na siya ay isang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, inaalala ng mga Reformer ang mga salita ni Apostol Pablo na "mayroon lamang isang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, at ito ay si Kristo Hesus."[106]

### Ang "Pagkabihag sa Babilonia" at ang "Malawakang Pagkakahati"

Noong 1300, ipinahayag ni Pope Boniface VIII ang Year of Jubilee. Inihayag niya ang indulhensiya na tumitiyak sa kapatawaran ng lahat ng kasalanan para sa mga taong bumisita sa simbahan ng St. Peter at St. Paul sa Roma sa panahon ng Banal na Taon.[107] Libo-libong manlalakbay ang bumisita sa Roma sa taong iyon.

Mukhang malakas ang Romano Katolikong Simbahan. Gayunman, sa loob ng tatlong taon, si Boniface ay halos mamatay sa kahihiyan at ang iglesya ay naharap sa siglo ng paghihirap. Hindi na muling nagkaroon ng pope na nagtataglay ng kapangyarihang hindi tinututulan tulad ng ginawa ni Innocent III noong ika-labintatlong siglo.

Noong 1296, naglabas si Boniface ng isang dokumento na nagbabanta ng pagtitiwalag sa iglesya sa sinumang tagapamuno na hihingi ng buwis sa mga pari. Isandaang taon na ang nakararaan, ginamit na rin ni Innocent III ang parehong banta upang pilitin ang mga pambansang tagapanguna upang sumunod sa kanyang mga naisin. Gayunman, sa mga nakapagitang taon, nagbago ang Europa. Sa panahong ito, si Edward I sa England at si

---

[105] Mula kay Cyprian sa ikatlong siglo, ang mga iglesya ay humingi ng mga gawain ng pagpipinitensya upang ipakita ang tunay na kalungkutan para sa kasalanan. Ang isang indulhensiya ay nagpapahintulot sa tao na iwasan ang mga gawaing ito ng pagpipinitensiya o pagpapahirap sa sarili. Sa paglipas ng panahon, ang mga ito ay naging dahilan para sa nagpapatuloy na kasalanan. Kusang-loob na nagpapatuloy ang mga tao sa kasalanan at "bumibili ng indulhensiya," sa halip na magsisi at tumalikod sa kasalanan.

[106] 1 Timoteo 2:5

[107] Ang pagbibigay ng "Indulhensiyang Panlahatan" (lubos na pagpapatawad sa lahat ng kasalanan) sa pagbisita sa Roma sa panahon ng "Banal na Taon" ay inulit noong 1975 ni Pope Paul VI.

Philip the Fair sa France ay tumangging magpasailalim kay Boniface. Ang dalawang hari ay nagbanta ng pagganti, at si Boniface ay napilitang bawiin ang kanyang banta.

Pagkatapos ng matagumpay na Year of Jubilee noong 1300, muling sinubok ni Boniface na gamitin ang kanyang awtoridad sa pamamagitan ng pagpapahayag na "Kinakailangan na ang bawat isang tao ay magpasailalim sa Roman pontiff." Isa sa mga ministro ni Philip ang tumugon na, "Ang espada ng hari ay yari sa bakal; ang espada ng pope ay yari sa mga salita." Sa huli si Boniface ay naikulong sa kanyang sariling silid-tulugan ng mga hukbo ng hari at namatay sa kahihiyan. Ang isang kapahayagan ng pope ay hindi na ang panghuling salita sa pulitika ng Europa.

Ang sumunod kay Boniface (si Clement V) ay isang taga-France na hindi kailanman nakatuntong sa Roma. Si Clement at ang sumunod na anim na pope ay namuno mula sa Avignon, France. Ang panahong ito ng pitumput-dalawang taon ay tinawag na "ang Pagkabihag sa Babilonia" dahil ang pakiramdam ng mga tao na ang iglesya ay katulad ng isang bilanggo sa hari ng France. Sa nakalipas na panahon, ang Banal na Romanong Emperador ay naging isang instrumento ng pope; ngayon ang pope ay isang bulag na tau-tauhan ng haring ng France.

Noong 1377, bumalik si Pope Gregory XI sa Roma. Gayunman, hindi nagtagal ang iglesya ay nakaranas ng higit na mga suliranin. Hindi pa gaano katagal mula nung natapos ang "Pagkabihag sa Babilonia" nagsimula naman ang "Dakilang Paghahati."

Namatay si Gregory hindi pa gaano katagalan mula sa kanyang pagbalik sa Roma. Pinili ng mga Cardinal ang isang bagong pope, si Urban VI. Sa loob ng ilang buwan, ipinasya ng mga cardinal na siya ay labis na diktador at dapat alisin. Nagtalaga sila ng isang bagong pope, subali't tumangging umalis si Urban VI.

Sa loob ng tatlumpu't-siyam na taon, si Pope Urban VI ay namuno mula sa Roma habang ang karibal na pope, si Clement VII ay namuno mula sa Avignon. Sila ay kapwa nagsasabi na siya ang tunay na kahalili ni Pedro. Nagkaroon ng mga labanan ang kanilang mga tagasunod.

Noong 1409, ang mga cardinal mula sa dalawang grupo ay nagkasundo na ang sitwasyon ay hindi na kayang tiisin. Ang Konseho ng Pisa ay nagkasundo na palitan ang dalawang pope ng ikatlong tao, si Alexander V. Gayunman, ang orihinal na mga pope ay tumangging bumaba. Ngayon, mayroon nang tatlong pope, ang bawat isa sa kanila ay nag-aangkin na taglay niya ang awtoridad sa buong iglesya. Kahit sino ay sasang-ayon na ang tatlong pope ay sobrang bilang ng pope!

Bilang tugon, isa pang konseho ng iglesya na binubuo ng 350 obispo ang nagpulong sa Constance (1414-1418) upang tapusin ang paghahati, labanan ang heresy, at baguhin ang iglesya. Nakumbinsi nila ang isang pope na magbitiw, tanggalin ang dalawang iba pa, at naghalal ng bagong pope, si Martin V.

Ang Pagkabihag sa Babilonia at Malawakang Pagkakahati ay nagpakita ng kahinaan ng Romano Katolikong Iglesya bago ang Reformation. Winasak ng kasamaan ang kredibilidad ng iglesya mahabang panahon bago pa ang *Ninety-Five Theses* ni Martin Luther. Lumikha ang Romanong Iglesya ng kapaligiran kung saan ang mga paratang ni Luther ay naunawaan. Maging sa bandang huli ng Middle Ages, kumikilos ang Diyos upang papanumbalikin ang lakas ng tunay na Kristiyanismong naaayon sa Biblia.

| Mga Kadahilanan ng Paghina ng Papacy | |
|---|---|
| **Pagsikat ng Mga Bansa-Estado** | Sa panahon ng Middle Ages, ang pagkakakilanlan bilang bansa ay naging mas malakas kaysa sa pagkakakilanlan bilang isang iglesya. Ang malalakas ng hari ay tumanggi sa pag-angkin ng pope sa pangkalahatang kapangyarihan. Sa paglipas ng panahon, ang banta ng pagbabawal ay nawalan na ng epekto sa mga tao. |
| **Inquisition** | Ang mga pang-aabuso sa Inquisition ay nagbunga ng paghihinanakit sa karaniwang tao. |
| **Pananalapi** | Ang isang sumisibol na middle class ay naghihinanakit sa walang tigil na paghingi ng pera ng Roma, laluna dahil ang pope ang nagkokontrol sa mas maraming kayamanan kaysa karamihan sa mga hari.[108] |
| **Imoralidad** | Nakita ng mga tao na ang nasa pamunuan ng iglesya ay naging mas imoral kaysa sa mga ordinaryong mamamayan. |
| **Pagkakahati sa iglesya.** | Ang Pagkabihag sa Babilonia at ang Malawakang Pagkakahati ay nagdala ng kahihiyan sa mata ng mga ordinaryong tao. Hindi na iginagalang o itinuturing na banal ng mga karaniwang tao ang iglesya. |

### Ang Kabiguan ng Kilusang Tagapagkasundo

Sa unang iglesya, ang mga pagkakaibang teolohikal ay nalulutas sa pamamagitan ng mga ecumenical na konseho.[109] Pinatunayan ng Konseho ng Nicaea at Constantinople ang mga dakilang credo ng pananampalatayang Kristiyano. Gayunman, sa panahon ng Middle Ages, ang mga konseho ay kontrolado ng mga pope. Kapag nais ng pope na magkaroon ng awtoridad para sa kanyang itinuturo, tatawagin niya ang isang konseho upang itatak ang

[108] Kabilang sa kinikita ng pope: ari-ariang pag-aari ng iglesya, ikapu, kabayaran ng mga opisyal ng iglesya, ang "karapatan sa mga nasamsam" kung saan ibinibigay ang mga personal na ari-arian ng isang obispo sa pope kapag ang obispo ay namatay, pagbebenta ng mga indulhensiya, at marami pang iba't-ibang buwis at kabayaran.
[109] Ang konsehong ecumenical ay isang pagpupulong ng mga kinatawan ng buong pandaigdigang iglesya.

kanilang pagsang-ayon sa kaniyang mga pasya. Ang mga konseho ay walang kapangyarihan na higit pa sa kung ano lamang ang ibinibigay ng pope.

Sa panahon ng Pagkabihag sa Babilonia at sa Malawakang Pagkakahati, ang ilang tagapanguna sa iglesya ay nagpasya na bumalik sa modelo ng mga konseho ng iglesya. Naniwala sila na ang isang konseho na nakahiwalay sa pope ay makapaghahatid ng pagbabago sa iglesya. Kasunod ng Konseho ng Constance na tumapos sa Malawakang Pagkakahati, nagkasundo ang mga obispo na regular na magkikita-kita upang lutasin ang mga usapin sa loob ng iglesya. Ito ay nakilala bilang ang kilusan ng pagkakasundo.

Umasa ang mga tagapamuno sa iglesya na ito ay makakabawas sa panganib ng korapsiyon ng isang pope. Gayunman, nabigo ang kilusan ng pagkakasundo. Ang sumunod kay Pope Martin V, si Pope Euguene IV ay tumanggi sa mga pasya ng sumunod na konseho. Noong 1449, namatay na ang kilusan ng pagkakasundo. Muli, humawak ang pope ng lubusang kapangyarihan sa Romano Katolikong Simbahan, bagaman nawawala na ang kapangyarihan ng iglesya sa lipunan.

## Isang Nakalampas na Pagkakataon Para sa Ebanghelyo sa Tsina

Nakita natin ang epekto ng pagbabalik-loob ni Constantine sa Roma, ni Clovis kasama ng mga Franks, at ni Vladimir sa Russia. Ang kwento ni Kublai Khan ay nagpapakita kung paanong ang isa pang makasaysayang pagkakataon para sa pag-eebanghelyo ay nakalampas dahil sa pulitika sa iglesya.

Taong 1266, nakilala ng ama ni Marco Polo si Kublai Khan, ang tagapamunong Mongol. Humingi si Khan ng isandaang monghe upang magturo sa kanyang nasasakupan. Gayunman, noong ika-labintatlong siglo, ang Romano Katolikong Simbahan ay nababalot sa di-pagkakasundong pampulitika. Ang mga tagapanguna sa iglesya ay mas nag-aalala tungkol sa kapangyarihan kaysa sa pag-eebanghelyo. Si Pope Gregory X ay nakatagpo lamang ng walong monghe para sa misyong ito. Nang maging mahirap ang paglalakbay, maging ang walong ito ay bumalik. Nang makarating ang mga misyonero sa Mongolia matapos ang ilang dekada, ang Islam at Buddhismo ay kapwa matibay nang nakatatag sa lugar. Para sa sumunod na ilang siglo, ang mga Tsino ay nanatiling bihag sa dalawang huwad na relihiyong ito.

Isang misyonero (si Patrick) ang nag-ebanghelyo sa Ireland. Dahil sa sigasig ni Patrick sa pag-eebanghelyo, naipalaganap ng mga misyonerong Irish ang ebanghelyo sa buong Kanlurang Europa. Isipin ninyo kung ano sana ang nagawa ng isandaang misyonerong Kristiyano sa China noong ika-labintatlong siglo!

► Mayroon bang nakakalampas na mga pagkakataon sa atin upang mag-ebanghelyo sa kasalukuyan? Mayroon bang mga tao na hindi pa naaabot sa inyong mga kapitbahay? Bisitahin ang operationworld.org upang malaman ang mga pagkakataon para sa pagmimisyon sa ngayon.

## Konklusyon: Nagsasalita ang Kasaysayan ng Iglesya sa Kasalukuyan

Mayroon akong kaibigan na dahil sa mga pagkakamali ng Romanong Katolisismo, ay naniniwala na walang tunay na Kristiyano ang naging kaanib ng Romano Katolikong Iglesya. Sa kanyang isip, ang mga taong dumadalo sa pagsambang Kristiyano mula 313 hanggang 1571 ay walang pagkakaiba sa mga paganong sumasamba sa dios-diosan.

Bilang namumuhay sa isang modernong lipunan, mahirap unawain na mayroong mga tunay na Kristiyano na sumasamba kasama ng mga nagkrusada na pumatay at gumahasa sa ibang Kristiyano. Mahirap ilarawan sa isip ang mga tunay na Kristiyano na tumatanggap ng mga espirituwal na pagkain mula sa masamang kaparian. Tiyak na agad agad tayong magpapalit ng iglesya!

Gayunman, hindi maisip ng mga Kristiyano noong Middle Ages ang pagsisimula ng bagong iglesya. Ang maging Kristiyano ay nangangahulugan na maging kabilang ng "isang banal, apostolikong iglesya." Hanggang sa bandang huli ng Middle Ages, ang bawa't isa ay nag-isip na ang nag-iisang iglesya sa isang pamayanan ay bahagi ng banal, apostolikong iglesyang iyon. Sa loob ng isang iglesya, mayroong malawak na saklaw ang mga paniniwalang teolohikal at pamamaraan sa pagsamba.

Isang aral para sa atin sa kasalukuyan ay ang pagpapalakas ng loob na ang Diyos ay *laging* may tao! Maging noong ang malaking bahagi ng iglesya ay naaalipin sa maling katuruan, pinangalagaan ng Diyos ang banal na bayan. Maging nang ang pamunuan ng Romanong iglesya ay nagbigay pahalaga sa kapangyarihang pampulitika kaysa sa espirituwal na kabanalan, mayroong mga tao na nananabik sa malalim na relasyon sa Diyos at namuhay nang may kabanalan.

Sa pinakamadilim na mga araw ng Middle Ages, nang ang opisyal na iglesya ay tumalikod sa tunay na pananampalataya, nang sinasakop ng Islam ang malalawak na rehiyon ng Africa, at nang mayroon lamang iilang boses para sa ebanghelyo, nagtindig ang Diyos ng mga lalaki upang pangalagaan ang Kanyang Salita. Sa kasalukuyan, nang ang Islam, ang Bagong Atheismo, at iba pang kalaban ni Kristo ay tila nananalo sa labanan para sa mga puso ng henerasyong ito, dapat tayong manatiling matapat sa Salita ng Diyos. Marahil inihahanda ka ng Diyos "para sa panahong katulad nito."

## Leksiyon 7 Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 1054 | Pagkakahati sa Pagitan ng Silanganan at Kanlurang Iglesya |
| 1095-1291 | Ang mga Krusada |
| 1204 | Inatake ng mga nag-Krusada ang lungsod ng Constantinople. |
| 1305-1377 | Ang "Pagkabihag sa Babilonia" ng Pagiging Pope ng Romanong Katoliko |
| 1378-1417 | Ang Malawakang Pagkakahati ng Simbahang Romano Katoliko |

## Leksiyon 7 Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesya

**Si Peter Abelard** (1079-1143). Teologong scholastic na nagbigay-diin sa paggamit ng pangangatwiran sa teolohiya. Binuo niya ang teoriya ng impluwensiyang moral ng pagbabayad-sala.

**Si Anselm** (ca. 1033-1109). Teologong scholastic at arsobispo ng Canterbury. Bumuo siya ng mga pangangatwiran para sa pag-iral ng Diyos at ang teoriya ng pagiging sapat ng pagbabayad-sala.

**Si Thomas Aquinas** (1225-1274). Pinakadakila sa mga teologong scholastic. Ang kanyang *Summa Theologiae* ay nagtangkang pagsamahin ang teolohiyang Kristiyano at teolohiyang Griyego.

**Si Innocent III** (1161-1216)**.** Isa sa pinakamakapangyarihang pope sa kasaysayan. Inangkin niya ang kapangyarihan sumasaklaw sa lahat ng tagapangunang walang kaugnayan sa relihiyon.

## Leksyon 7 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga petsa mula sa "Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya" timeline (1054-1517).

(2) Maghanda ng isang paglalarawan sa talambuhay ng isa sa mga sumusunod ng tagapangunang Kristiyano: Francis ng Assisi, Bernard ng Clairvaux, o si Thomas Aquinas. Ang iyong paglalarawan ay dapat magkaroon ng apat na bahagi:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya nanirahan? Kailan at saan siya namatay?
- Mga Pangyayari: Ano ang mga pinakamahalagang pangyayari sa kanyang buhay?
- Impluwensya: Ano ang kanyang pangmatagalang impluwensya sa iglesyang Kristiyano?
- Pagsasabuhay: Ano ang isang aral mula sa tagapangunang ito para sa kasalukuyang iglesya?

Mayroon kang dalawang pagpipilian sa pagpapahayag ng iyong paglalarawan:

- Magsumite ng 2-pahinang nakasulat na talambuhay sa tagapanguna sa inyong klase.
- Magbigay ng 3-5 minuto ng pasalitang presentasyon sa inyong klase.

**Leksiyon 7 Pagsusulit**

(1) Ano ang dalawang usaping teolohikal ang nakatulong sa tagumpay ng Islam sa Hilagang Africa?

(2) Pinigil ni _________________ang paglaganap ng Muslim sa Europa sa Labanan sa Tours noong 723.

(3) Ang mga Krusada ay ipinaglaban mula ________ hanggang _______.

(4) Inangkin ni Pope _______________ noong ika-labintatlong siglo na ang pope ay "mas mababa kaysa sa Diyos, ngunit higit pa sa tao."

(5) Ang __________________________ ay ang pamamaraan ng Romano Katolikong upang makita at maparusahan ang mga pinararatangang erehe sa huling bahagi ng Middle Ages.

(6) Binuo ng teologong scholastic na si __________________________ ang teoriya ng sapat na pagtubos sa kanyang aklat tungkol sa pagkakatawang-tao.

(7) Binuo ni Peter Abelard ang teoriya ng _____________________ ng pagbabayad-sala.

(8) Si ______________________ ay itinuturing na pinakadakilang teologo ng Romano Katolikong Simbahan. Itinuro niya ang doktrina ng transubstantiation at mga indulhensiya.

(9) Ang mga taong 1305-1377 ay tinatawag na ________________________ng pagkapope ng Romanong Katoliko.

(10) Sa panahon ng ______________________, tatlong pope ang nag-aangkin ng awtoridad sa lahat ng iglesya.

# Leksiyon 8
# Pagsisimula ng Reformation
# A.D. 1090-1517

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Kilalanin ang soberenya ng Diyos sa paghahanda ng daan patungo sa Reformation.

(2) Makita ang pagkagutom para sa Diyos ng mga Kristiyano sa panahon ng Middle Ages.

(3) Pahalagahan ang naging gampanin ng pangangaral na Biblikal sa pagsikat ng Reformation.

(4) Maunawaan ang kahalagahan ng pagsasalin ng Biblia sa pagsikat ng Reformation.

(5) Maging matatag sa pangangaral at pagtuturo ng Kasulatan sa inyong ministeryo.

## Introduksiyon

Sa simula ng kursong ito, binanggit ko ang Africanong teologo na si John Mbiti. Sinabi niya na hindi dinala ng mga misyonero ang Diyos sa Africa; dinala ng Diyos ang mga misyonero sa Africa.[110] Matagal na panahon bago pa dumating ang mga misyonero, inihahanda na ng Diyos ang daan para sa ebanghelyo.

Sa katulad na paraan, maaari nating sabihin na "Hindi dinala ni Martin Luther ang Diyos sa Reformation; dinala ng Diyos si Martin Luther sa Reformation." Maging bago pa dumating si Martin Luther, muling binubuhay na ng Diyos ang Kanyang iglesya. Ginamit ng Diyos ang mga monghe tulad nina Bernard ng Clairvaux upang ihayag ang pagkagutom para sa katotohanan, ang mga mangangaral na tulad nina John Wycliffe upang gawing available ang Kasulatan sa pangkaraniwang lengguwahe, at maging ang mga imbentor na tulad ni Johannes Gutenberg na lumikha ng mga tools na ginamit nina Luther at ng iba pa upang magkaroon ng Biblia na available para sa lahat.

Sa leksiyong ito, makikita natin kung paano inihanda ng Diyos ang daan para sa mga Reformers. Ito ang maglalagay ng pundasyon para sa pag-aaral patungkol sa Reformation sa unang leksiyon ng *Pagsasaliksik sa Kasaysayan ng Iglesya II.*

---

[110] Binanggit ni Timothy C. Tennent, *Invitation to World Missions* (Michigan: Kregel, 2010), 75

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 1090-1153 | Si Bernard ng Clairvaux |
| 1209 | Pagtatatag ng mga Franciscano |
| 1384 | Kamatayan ni John Wycliffe |
| 1415 | Pagiging Martir ni Jan Hus |
| 1454 | Inilathala ang Gutenberg Bible |
| 1517 | *Ninety-Five Theses* ni Luther |

## Ang mga Mystics at ang Pagkagutom sa Kabanalan

Sa panahon ng mga siglo bago ang Reformation, ang mga isinulat ng mga mystics ay nagpakita ng nagpapatuloy na pagkagutom para sa kabanalan. Maging habang maraming miyembro ng Iglesya Romano Katoliko ay nasisiyahan sa mga walang kabuluhang ritwal, may mga Kristiyano na humanap ng isang bagay na mahalaga, ang malapit na relasyon sa Diyos.

Sa parehong panahon na ang mga Scholastics na tulad nina Anselm at Abelard ay naghahanap ng rasyonal na pagkaunawa sa teolohiya, binigyang-diin ng mga mystics ang pansariling karanasan kay Kristo. Ang mga mystics ay hindi humahadlang sa pag-aaral, subalit sila'y nagbigay diin sa pansariling karanasan sa halip na sa mga pagpapaliwanag na pang-intellectual.

### Si Bernard ng Clairvaux (1090-1153)

Isa sa mga pangunahing Medieval mystic ay ang Pranses na monghe na si Bernard ng Clairvaux. Si Bernard ay isinilang sa isang mayamang pamilya. Umalis ang kanyang ama upang makipaglaban sa Unang Krusada nang si Bernard ay anim na taong gulang.

Sa halip na mamuhay bilang isang nobleman, si Bernard ay naging isang monghe. Sa edad na 22, si Bernard kasama ang tatlumpung kaibigan ay sumali sa monasteryo sa Citaeaux. Tatlong taon pagkalipas, isinugo si Bernard upang magtatag ng isang bagong monsteryo sa Clairvaux. Sa sumunod na apatnapung taon, nagtatag si Bernard ng pitumpung monasteryo at naging isang tagapangasiwa para sa karagdagan pang siyamnapung monasteryo.

Bagaman bihirang umalis si Bernard sa kanyang monasteryo, siya ay naging isa sa pinakamainpluwensyang tao sa Europa. Siya ay isang iginagalang na tagapayo ng mga hari at mga pope. Ang isa sa kanyang mga monghe ay naihalal na maging si Pope Eugene III.

Madaling makita ang mga kahinaan ni Bernard. Ang kanyang mga pangangaral ang naging inspirasyon ng nabigong Ikalawang Krusada. Kinumbinsi niya ang mga pope na itiwalag sa pagiging Katoliko ang kaniyang mga kaaway, isang gawain na naglagay ng pundasyon para

sa Inquisition. Hinati niya ang mga Kristiyano sa mga monghe (isang "mas mataas" na level ng pagiging espirituwal) at ordinaryong mamamayan (isang "mas mababang" level ng pagiging espirituwal).

Gayunman, sa kabila ng kanyang mga kapintasan, nagpapakita si Bernard ng pagkagutom para sa kabanalan. Tinawag siya ni Martin Luther na " ang pinakamahusay na monghe na nabuhay na aking hinahangaan nang higit pa sa lahat kahit pagsama-samahin pa."

Ang himno ni Bernard na may pamagat na "Jesus the Very Thought of Thee" ay isang magandang larawan ng kahulugan ng pagkakaroon ng lubos na kasiyahan sa relasyon kay Hesus. Kumatawan si Bernard sa kauhawan sa kabanalan na naging tanda ng bayan ng Diyos sa buong panahon ng kasaysayan ng Iglesya.

| | |
|---|---|
| Jesus, the very thought of Thee | Hesus, ang maisip ka lamang |
| With sweetness fills the breast; | Ang tamis na pumupuno sa dibdib; |
| But sweeter far Thy face to see, | Subalit mas matamis ang Makita ang iyong mukha, |
| And in Thy presence rest. | At mamahinga sa presensya mo. |
| O hope of every contrite heart, | O pag-asa ng bawat pusong nagsisisi, |
| O joy of all the meek, | O tuwa ng lahat ng lahat ng mapagpakumbaba |
| To those who fall, how kind Thou art! | Para doon sa nadadapa, kay buti Mong |
| How good to those who seek! | Tunay! O kay buti mo sa lahat ng sa iyo'y humahanap |
| But what to those who find? Ah, this | Ngunit ano ang para sa mga nakatatagpo? Ah, ito nga |
| Nor tongue nor pen can show; | Hindi ang dila o ang panulat ang makapagpapakita |
| The love of Jesus, what it is, | Ang pag-ibig ni Hesus, kung ano nga, |
| None but His loved ones know. | Walang iba, tanging ang Kanyang minamahal ang nakaaalam. |

**Si Catherine ng Siena (c. 1347-1380)**

Isang mystic na Italyano, si Catherine ng Siena, ay nagpahayag na naririnig niya si Hesus na nagsasalita sa mga pangitain. Bilang resulta ng isa sa mga pangitaing ito, itinalaga ni Catherine ang kanyang sarili sa buhay ng paglilingkod. Karamihan sa mga kapanahon ni Catherine na nagnanais na gugulin ang kanilang mga buhay sa paglilingkod sa Diyos ay pumasok sa kumbento o kaya'y sa monasteryo. Sa halip, naniwala si Catherine na tinawag siya ng Diyos upang maglingkod sa mundo. Tinawag siya upang tutulan ang kasalanan sa mga tagapanguna sa iglesya, upang mag-ebanghelyo, at gamutin ang mga may sakit at malapit na mamatay.

Nabuhay si Catherine sa mga taon ng Pagkabihag sa Babilonia nang ang pope ay nakabilanggo sa Avignon sa France. Naniwala si Catherine na magiging matagumpay sana ang mga reporma sa simbahan kung ang pope ay namumuno mula sa Roma. Kinumbinsi niya si Gregory XI na bumalik sa Roma mula sa Avignon noong 1376. Katulad ni Bernard ng Clairveaux, nakaimpluwensya si Catherine sa mga makapangyarihang tagapanguna sa iglesya kahit na wala siyang opisyal na kapangyarihan. At katulad ni Bernard, si Catherine ay nagpakita ng malalim na pagkagutom para sa relasyon sa Diyos.

**Si Thomas à Kempis (c. 1380-1471)**

Si Thomas à Kempis ("ng Kemperen," ang kanyang bayang pinagmulan sa Germany) ay miyembro ng Dutch "Kapatiran ng Pangkaraniwang Buhay," isang grupo na naglayong magtatag ng malapit na personal na relasyon sa Diyos habang naglilingkod sa komunidad. Si Thomas ay isang gifted na guro at manunulat.

Ang pinakadaking ginawa ni Thomas ay ang *The Imitation of Christ*, (*Ang Pagtulad kay Kristo*) isang aklat ng debosyon na naging isa sa pinakanaka maimpluwensyang aklat sa kasaysayan. Kinilala nina Thomas More, Martin Luther at John Wesley ang *Imitation of Christ* bilang isang mahalagang impluwensya sa kanilang espirituwal na paglago. Tulad ng mga himno ni Bernard ng Clairvaux, ang The Imitation of Christ ay nagpapakita ng malalim na pagnanais para maranasan ang Diyos.

> "Kung wala ang Daan, walang patutunguhan;
>
> Kung wala ang Katotohanan, wala ang pagkaalam;
>
> Kung wala ang Buhay, walang pagkabuhay."
>
> "Kung tatanggap ka ng tubo,
>
> Magbasa ka nang may kapakumbabaan, simplisidad, at pananampalataya. Huwag ninyong hanapin ang katanyagan ng pagiging maalam."
>
> "At sa Araw ng Paghuhukom,
>
> Hindi tayo tatanungin kung ano ang ating binasa, kundi kung ano ang ating ginawa."
>
> \- Thomas à Kempis

Karamihan sa mga mytics ay nanatiling matapat sa Simbahang Romano Katoliko. Gayunman, ang samahang mystic ay naghayag ng lumalalim na sama ng loob sa mga ritwal ng medieval na pagsamba. Ang mga sinserong Kristiyano ay naghahangad na makilala ang Diyos sa isang totoo at personal na paraan. Ang pagkagutom na ito ay nagbunga sa panahon ng Reformation.

►Talakayin kapwa ang mga kalakasan at kahinaan ng medieval na mystics. Mas marami ka bang natututuhan mula sa direksyon ng mga scholastics o sa direksyon ng mga mystic? Batay sa tendensiyang ito, ano ang mga panganib na dapat mong bantayan at malaman?

## Ang Mga Mangangaral at ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo

Isa sa mga tanda ng Reformation ay ang pangangaral ng ebanghelyo. Ibinalik nina Martin Luther, John Calvin, John Knox at ng kanilang mga kapanahon ang pangangaral ng Banal

na Kasulatan bilang sentro ng pagsamba. Ito ang isa sa pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng Middle Ages at ng Reformation.

Patungkol naman sa kauhawan sa kabanalan na nagbunga sa Reformation, ang pagtitiwala sa kapangyarihan ng ebanghelyo ay makikita na maraming siglong mas maaga sa panahon ng Middle Ages. Matagal na panahon bago pa dumating si Luther, nagtatayo na ang Diyos ng mga mangangaral na naniniwala sa ebanghelyo bilang "ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat isang sumasampalataya."[111]

### Si Peter Waldo (ca. 1140-1218) at ang mga Waldensians

Naniwala si Peter Waldo na ang iglesya ay naging labis na mayaman at makapangyarihan. Ibinigay niya ang kanyang ari-arian sa mahihirap, humikayat ng dalawang pari upang magsalin sa salitang Pranses ng mga bahagi ng Biblia, at nagsimula siyang mangaral. Ang kanyang mga tagasunod ay naglakbay ng pares-pares, at nangaral sa mga pamilihan. Tinawag nila ang kanilang sarili bilang "Ang Mahihirap sa Espiritu"; tinatawag natin silang mga Waldensian.

Taong 1184, si Waldo at ang kanyang mga tagasunod ay itiniwalag ni Pope Lucius III dahil sa pangangaral nang walang pagsang-ayon ng mga Obispo. Naniniwala ang mga Waldensian na ang bawat tao ay dapat magkaroon ng Biblia sa kanyang sariling wika, at ang Banal na Kasulatan ang dapat maging huling awtoridad sa pananampalataya. Bagaman hindi itinuro ng mga Waldensian ang buong mensahe ng Reformation na kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya lamang, ang kanilang kilusan ay nagpapakita ng maagang hakbang palayo sa awtoridad ng Simbahang Romano Katoliko at patungo sa awtoridad ng Kasulatan.

### Si Francis ng Assisi (1182-1226) at ang mga Franciscano

Si Francis ng Assisi ay anak ng isang mayamang mangangalakal na taga-Italya, subali't iniwan niya ang kanyang kayamanan upang ipangaral ang kagalakan ng "apostolic poverty." Pagkalipas, may iba pang sumunod sa kanya; tinawag niya ang kanyang grupo na ang Friars Minor, o ang "Order of the Lesser Brothers."


Ang grupong ito ay sinang-ayunan ng Pope at nakilala bilang ang mga Franciscans. Nanatiling tapat si Francis sa Simbahang Romano Katoliko, subalit ang kanyang modelo ng kababaang-loob at paglilingkod ay malinaw na salungat sa mga pinahahalagahan ng medieval na Simbahang Romano Katoliko. Bagama't nanatiling tapat si Francis sa iglesya, kinilala niya na hindi tinatawag ng ebanghelyo ang mga Kristiyano para sa makasariling ambisyon, pulitika sa iglesya, at ang paghahangad sa kapangyarihan sa anumang halaga.

---

[111] Roma 1:16

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makilala: John Wycliffe (1330-1384)

> "Ibinigay ng Dios ang kanyang tupa upang pastulan, hindi upang ahitan at gupitan."
>
> - John Wycliffe



Si John Wycliffe[112] ng Ingglatera ay tinawag na "Morningstar of the Reformation." Apatnapu't tatlong taon pagkatapos niyang mamatay, hinukay ng Simbahang Katoliko ang kanyang katawan, sinunog ang kanyang bangkay, at itinapon ang kanyang abo sa ilog. Gayunman, ang pagwasak sa katawan ni Wycliffe ay hindi sumira sa kanyang legacy. Isinulat ng isang manunulat, "Dinala ng Ilog ng Swift ang kanyang abo sa Avon (Ilog); Avon patungong Severn; at sa Severn patungo sa dagat. Ang abo ni Wycliffe, tulad ng kanyang doktrina, ay lumaganap sa buong mundo."

Natapos ni Wycliffe ang kanyang doctorate sa Oxford at itinuring na pangunahing teologo ng Oxford. Nang iutos ng Roma sa England na magpadala ng pera sa pope, ipinayo ni Wycliffe sa Parliamento na tumanggi. Sinabi niya na ang iglesya ay lubha nang napakayaman. Narinig ng pope ang pahayag ni Wycliffe kaya't nahatulan siya ng heresy.

Dahil sa kanyang popularidad sa England (at sa kahinaan ng Romano Katolikong Simbahan sa panahon ng Malawakang Pagkakahati), Si Wycliffe ay "ibinilanggo sa kanyang sariling bahay" sa halip na dalhin sa Roma upang doon patayin. Nagpastor siya sa isang iglesya sa Lutterworth at sumulat ng mga babasahin tungkol sa doktrina. Nangatwiran siya laban sa doktrina ng transubstantiation, ang pagbibigay ng mga indulhensiya at ang pagsasagawa ng pagkukumpisal. Ipinahayag niya na tayo ay pinawawalang-sala tanging sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.

Pinakamahalaga, nagsimula siyang isalin ang Biblia sa salitang Ingles. Dahil kinikilala niya na ang Banal na Kasulatan bilang ang ultimong awtoridad para sa mananampalataya, sinikap ni Wycliffe na magkaroon ng Biblia ang bawat tao sa England. Naniniwala siya na "Lubusang mas matututuhan ng mga taga-England ang batas ni Kristo kung ito ay sa salitang Ingles."

Namatay si Wycliffe bago matapos ang kanyang pagsasalin, ngunit dalawang katulong niya ang tumapos sa pagsasalin. Maging pagkatapos ng kanyang kamatayan, ang kanyang impluwensya ay nagpatuloy na nakahikayat ng reporma. Ang kanyang mga tagasunod, na tinawag na "Lollards" ("mumblers") ng kanilang mga kaaway, ay nangaral sa buong England (Ingglatera).

Isang siglo pagkalipas, inilathala ni William Tyndale ang unang nakaimprentang Biblia sa modern English. Ipinahayag ni Tyndale ang kanyang layunin sa isang paring Katoliko na

---

[112] Image: "Portrait of John Wycliffe", Histoire du Concile de Constance (1727), retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Portrait_of_John_Wycliffe.jpg, public domain.

pumuna sa kanya, “Kung ililigtas ng Diyos ang aking buhay, hindi magtatagal at magagawa kong ipaalam sa isang nag-aararo ang Banal na Kasulatan higit kaysa sa iyo!”

Naniwala sina Wycliffe, Tyndale at ang kanilang mga tagasunod na ang Salita ng Diyos ay makakahikayat ng tunay na pagbabalik-sigla at aakayin ang mga tao sa kaligtasan. Simula sa kanilang panahon, ang iba na kabahagi nila sa kanilang paniniwala ay nagsalin na ng Biblia sa mahigit sa 2000 lengguwahe.

## Mga Tagapangaral at ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo (pagpapatuloy)

### Jan Hus (1373-1415)

Maging bago ang German Reformation, mayroon nang isang aktibong kilusang ng reporma sa Bohemia (ang modernong Czechoslovakia). Isa sa mga tagapanguna sa kilusang ito ay isang kilalang pastor, si Jan Hus.

Bilang isang mag-aaral sa Unibersidad ng Prague, binasa ni Jan Hus ang mga isinulat ni John Wycliffe at itinuring ang kanyang sarili na isang tagasunod ni Wycliffe. Nang magtapos siya sa kolehiyo, si Hus ay itinalaga bilang mangangaral sa Bethlehem Chapel, isang kapilya na sinimulan ng isang mayamang mangangalakal bilang isang lugar kung saan ang mga reformers ay nakakapangaral nang malaya.

Katulad ni Wycliffe, alam ni Jan Hus na si Kristo, hindi ang pope, ang ulo ng iglesya. Matapang si Hus sa pangangaral laban sa korapsyon sa iglesya. Pinuna niya ang pagbebenta ng pope ng mga indulhensiya. Naglagay siya sa mga pader ng simbahan ng mga paintings na naghambing sa pope at kay Hesus. Sa isa sa mga ito, ang pope ay nakasakay sa kabayo habang si Hesus ay naglalakad. Sa isa pa, hinugasan ni Hesus ang paa ng mga disipulo samantalang inuutusan ng pope ang mga nanonood na halikan ang kanyang mga paa.

Pagkatapos magreklamo ng Arsobispo ng Prague sa pope tungkol sa maanghang na sermon ni Hus, si Hus ay pinagbawalang mangaral. Nang tumangging sumunod si Hus, siya ay tinanggal bilang Katoliko at sapilitang ipinatapon.

Noong 1414, tinawag ng Konseho ng Constance si Hus upang ipagtanggol ang kanyang pangangaral.[113]Nangako ang mga Obispo ng “ligtas na pagbiyahe” kay Hus. Umasa si Hus na makatatanggap ng isang pagdinig para sa kanyang mga iniisip at naniwala na maaari niyang hikayatin ang mga Obispo upang harapin ang korapsiyon sa iglesya. Sa halip, sumira sa kanilang pangako ang mga Obispo, hinatulan ng kamatayan si Hus bilang isang erehe, at siya ay ipinasunog sa isang tulos.

---

[113]Alalahanin na mula sa naunang leksiyon na ang Konseho ng Constance ay ang konsehong nagwakas sa Malawakang Pagkakahati-hati.

Pagkatapos ng kanyang kamatayan, si Hus ay naging pambansang bayani sa Bohemia. Ang pangangaral at pagiging martir ni Hus ay isang mitsa sa paglaganap ng mensahe ng Reformation.

►Ang bawat nananatiling revival sa kasaysayan ng iglesya ay nagsimula sa pagbabalik ng awtoridad at pagiging sentro ng Banal na Kasulatan. Ano ang role ng Banal na Kasulatan sa inyong iglesya? Sentro ba sa inyong ministeryo ang pangangaral ng Biblia?

## Inihanda ng Diyos ang Daan Para sa Mga Reformers

### Isang Monghe na Naghahayag ng Propesiya: Girolamo Savonarola (1452-1498)

Sa bandang huli ng ika-15 siglo, ang pangangaral ni Savonarola ay naghatid ng pagbabalik-sigla sa kanyang lunsod ng Florence at yumanig sa Roma. Bagaman nanatiling Romano Katoliko si Savonarola, nagpakita siya ng isang hakbang patungo sa pagbabago. Simple ang mensahe ni Savonarola: Ipinapangako ng Diyos ang paghuhukom sa baluktot na pamunuan ng iglesya at awa sa mga nagsisisi.

Noong 1492, nahalal si Cardinal Borgia bilang si Pope Alexander VI. Si Borgia ay isa sa pinakamasamang lalaking naluklok bilang pope. Marami siyang kabit na babae at hindi bababa sa pitong anak. Tumugon si Savonarola sa pagkakahalal kay Borgia sa isang babala, "Masdan nyo ang espada ng Panginoon ay bigla at mabilis na bababa sa mundo." Nang subukan ni Alexander na patahimikin si Savonarola sa pamamagitan ng pag-aalok sa kanya ng posisyon bilang cardinal, tumanggi si Savonarola. Pagkatapos, pinagbawalan ng pope si Savonarola sa pangangaral. Nagpatuloy si Savonarola sa pangangaral ng kanyang mensahe ng pagbabago.

Bilang tugon, itiniwalag ng pope si Savonarola at pinahirapan. Pinahirapan si Savonarola sa loob ng maraming linggo. Pinahirapan si Savonarola bago siya ibinitin at sunugin ang kanyang katawan. Habang nahaharap sa kamatayan sa edad na apatnapu't lima, nanalangin si Savonarola, "O Panginoon, hindi ako umaasa sa aking sariling katuwiran, kundi sa inyong awa." Habang siya'y dinadala sa bitayan, isang Obispo ang naghubad ng kanyang roba at sinabi, "Ihinihiwalay kita mula sa iglesya nang matagumpay." Sumagot si Savonarola, "Iyan ay lampas sa iyong kapangyarihan."

Bagaman hindi umalis si Savonarola sa Simbahang Romano Katoliko, siya ay isang impluwensya na tumulong upang ihanda ang daan para sa Reformation. Katulad ng mga Reformers, tumanggi siyang hayaan ang mga tradisyon ng iglesya na pumalit sa awtoridad ng Banal na Kasulatan. Maraming pagkakatulad kay Luther sa sumunod na henerasyon, isinulat ni Savonarola, "Ginagamit ko ang Banal na Kasulatan bilang aking tanging gabay." Ang pagtitiwalang ito sa katotohanan ng Banal na Kasulatan ay naging isa sa mga pangunahing katangian ng Reformation.

**Isang Inventive Printer: Johannes Gutenberg (1398-1468)**

Mga 1450, si Johannes Gutenberg, isang manlilimbag sa Mainz, Germany, ay nakabuo ng isang movable-type press na nagpahintulot ng malawakang pag-iimprenta ng mga aklat. Ito ay madalas na tinatawag na pinakamahalagang pangyayari sa modernong mundo. Ang isang single press ay nakapaglilimbag ng umaabot sa 1500 na pahina sa bawat araw.

Noong 1454, inilimbag ni Gutenberg ang buong Biblia sa kanyang press. Sa halip na mabagal na kopyahin ang mga pahina sa pamamagitan ng kamay, maaaring ilimbag ang Biblia nang maramihan. Ang Salita ng Diyos ay maaaring maging available para sa pangkaraniwang tao. Ito ay magiging susi para sa Reformation.

Noong October 31, 1517, ipinako ni Martin Luther ang kanyang Siyamnapu't –Limang Theses sa pinto ng Simbahan sa Wittenberg. Nang sumunod na dalawang taon, dalawampu't dalawang edisyon ng atake ni Luther sa pagbebenta ng mga indulhensiya ang nailimbag. Bagaman ang karamihan sa mga German ay hindi bumabasa, ang isang gurong marunong bumasa at sumulat o ang isang propesyonal ay kukuha ng kopya ng isinulat ni Luther at binabasa ito sa mga pulutong na nagkakatipon sa liwasang-bayan.

Sa loob ng sampung taon matapos ng unang paglilimbag ni Luther, nagkaroon ng mahigit sa isandaang printer na naglilimbag ng tracts ng Reformation. Sa pamamagitan ng teknolohiya ng printing press, ang mensahe ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan lamang ng pananampalataya ay naglakbay sa buong Germany at sa kanluraning mundo. Maaaring patayin ng pope ang mga mangangaral; maaari niyang ipagbawal ang pagsasalin ng Biblia; maaari niyang sunugin ang mga kopya ng Biblia, subali't hindi niya maaaring burahin ang kanilang mensahe. Ang mga printer ay nakapaglimbag ng mga Biblia at aklat para sa mga Kristiyano nang mas mabilis kaysa sa pagsusunog ng pope sa mga ito!

**…Mula Noon Hanggang Ngayon…**

Kinailangan bang hintayin ng Diyos si Gutenberg? Hindi! Subali't kung paanong ginamit ng Diyos si Caesar Augustus upang dalhin si Maria at si Jose sa Bethlehem para sa pagsilang ni Hesus, ginamit ng Diyos si Gutenberg upang bumuo ng teknolohiya na siyang magpapalaganap sa mensahe ng mga Reformer higit na malayo pa sa maaabot ng kanilang mga paglalakbay. Habang naglilingkod kayo sa Diyos, alalahanin ninyo na hindi ka nag-iisa. Inihahanda ng Diyos ang daan para sa ministeryo kung saan ka Niya tinatawag.

**Isang Iskolar na Griyego: Desiderius Erasmus (1466-1536)**

Si Erasmus ay isang iskolar na Dutch na tumanggi sa mga kalabisan ng Simbahang Romano. Bilang isang Griegong iskolar, nabasa ni Erasmus ang Bagong Tipan na nakatago mula sa karamihan sa mga tao sa ika-16 na siglo. Pagkatapos napagtanto niya na marami sa mga itinuturo ng simbahang Romano Katoliko ay salungat sa Banal na Kasulatan. Ang kanyang aklat na *In Praise of Folly* ay umatake sa mga pilgrimages at sa pagsamba sa mga relikaryo. Isinulat niya, "O ang kahangalan ng mga taong nagbibigay-pitagan sa buto ni Apostol Pablo at hindi nararamdaman ang ningning ng kanyang espiritu sa kanyang mga liham."

Bagaman hindi umalis si Erasmus sa Simbahang Romano Katoliko, ang kanyang paglilimbag ng Griegong Bagong Tipan ay nakaimpluwensya sa Reformation. Habang pinaghahambing ng mga tao ang teksto ng Banal na Kasulatan sa mga katuruan ng Iglesya Katolika, napagtanto nila kung gaano kalayo na naligaw ang Romano Katoliko mula sa ebanghelyo. Ang Latin Vulgate na naroon bago pa man dumating si Erasmus ay nagkaroon ng maling mga pagsasalin na sumuporta sa maling katuruan ng Romano Katoliko.[114] Ginamit ng Diyos si Desiderius Erasmus upang ihanda ang daan para sa Reformation.

| **Mga Tagapagsalita ng Reformation** | | | |
|---|---|---|---|
| John Wycliffe | 1329-1384 | Tinutulan ang transubstantiation at mga indulhensiya. Binigyang-diin ang awtoridad ng Kasulatan. | Muling hinukay ang katawan at sinunog pagkatapos niyang mamatay. |
| John Hus | 1373-1415 | Tinutulan ang mga indulhensiya at paggalang sa mga imahen. Binigyang diin ang awtoridad ng Banal na Kasulatan. | Sinunog sa tulos. |
| Girolamo Savonarola | 1452-1498 | Inatake ang imoralidad ng mga tagapanguna sa iglesya. | Ibinitin at sinunog. |
| Desiderius Erasmus | 1466-1536 | Inatake ang pagiging mapag-paimbabaw sa iglesya. Inilathala ang Bagong Tipan sa salitang Griego. | Nanatili sa simbahang Romano. |

## Misyon ng Romano Katoliko:Ang Soberenya ng Diyos at ang Paglaganap ng Ebanghelyo

Ang ika-labing-apat na siglo ay isa sa pinakamababang panahon sa kasaysayan ng Iglesyang Katoliko Romano.[115] Ang mga pope sa panahong iyon ay mga tiwali at imoral na tao na higit na mas interesado sa kapangyarihang pulitikal at kayamanan kaysa sa ebanghelyo. Noong 1302, ipinahayag ng pope na walang sinumang maliligtas kung wala ang lubusang pagpapasailalim sa kanyang awtoridad. At tulad ng nakita sa Leksiyon 5, ito ang siglo ng "Pagkabihag sa Babilonia" kung saan ang pope ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng haring Pranses. At sa katapusan ng siglo, ang Malawakang Pagkakahati-hati ay nagresulta sa tatlong pope na sabay-sabay na inihalal.

---

[114] Isa sa pinakamalinaw na suliranin ay ang pagsasalin ng Vulgate ng Mateo 3:2. Ipinangaral ni Juan Bautista, "Magsisi kayo, dahil malapit na ang kaharian ng langit." Sa Vulgate, ito ay isinalin na, "Magpinitensiya; dahil malapit na ang kaharian ng langit." Ito ay ginamit upang ipagtanggol ang doktrina ng penitensiya ng Romano Katoliko.
[115] Ang statistics sa seksiyong ito ay mula kay Patrick Johnstone, *The Future of the Global Church* (IL: InterVarsity Press, 2011), 48-49

Sa panahon ng ika-14 na siglo, mahigit sa 5,000,000 Kristiyano ang ginawang martir ng mga Muslim sa Africa at Asia, sa mga Mongol sa Tsina, at ng Romano Katoliko sa Europa. Mahigit sa 335,000 Coptic na Kristiyano, 150,000 ng Kristiyanong Iraqi, at 200,000 Kristiyanong taga-India ang pinatay ng mga Muslim. Ang Mongul na pinuno na si Timur ay pumatay ng higit sa 4,000,000 na Kristiyano habang sinisikap niyang ibalik ang Imperyong Mongol bilang isang Muslim na kapangyarihan. Sa Europa, ang mga lalaking tulad nina John Wycliffe at Jan Hus ay pinag-usig dahil sa pangangaral ng ebanghelyo. Bilang resulta ng mga pangyayaring ito, ang porsiyento ng populasyon ng mundo na nagpahayag ng pananampalatayang Kristiyano ay bumaba mula sa 24% noong 1300 at naging 18% noong 1400.

Kasabay ng pag-uusig na panrelihiyon, nagkaroon ng teribleng pampulitika at natural na mga sakuna. Ang bubonic plague ay pumatay ng halos 75 milyong katao sa buong mundo—halos 70% ng populasyon sa maraming lugar. Ang Isang daang Taong Digmaan sa pagitan ng England at France ay nagdulot ng kawalang katatagan sa Europa.

Dahil sa mga negatibong datos na ito, nakakagulat na malaman na ang ika-14 na siglo ay ang simula ng dakilang kilusang pangmisyon na *pinangunahan ng mga monghe at mga paring Romano Katoliko.* Libo-libong monghe at pari ang naglakbay sa mga lugar tulad ng India at Indonesia upang ipangaral ang ebanghelyo. Maging habang ang hierarchy ng iglesya ay kontrolado ng masasamang obispo, nagtindig ang Diyos ng mga simpleng kalalakihan at lokal na mga pari na matapat sa kanyang pagtawag. Halos 75,000 misyonerong Katoliko ang naglingkod sa panahon ng ika-14 na siglo. Libo-libo sa mga ito ang nagbigay ng kanilang buhay para sa layunin ng ebanghelyo.

Bakit ako nagtuon ng atensiyon sa misyon ng Romano Katoliko sa ika-14 na siglo sa isang kurso na nakatuon sa mga ebangheliko ng ika-21 siglo? Upang hikayatin kayo na kilalanin na ang isang makapangyarihang Diyos ay maaaring kumilos maging sa mga panahon ng kahirapan at kaguluhan upang tuparin ang Kanyan mga layunin. Sa kabila ng pampulitika at maging pagsalungat sa iglesya, ang Diyos ay humahanap ng mga taong nagtatalaga ng sarili na maaari Niyang gamitin upang tuparin ang Kanyang misyon sa ating mundo.

## Konklusyon: Nangungusap ang Kasaysayan ng Iglesya sa Kasalukuyan

Sa simula ng kursong ito, nakita natin ang apat na prinsipyo mula sa Mateo 28 at Mga Gawa 1 na dapat gumabay sa atin habang pinag-aaralan ang kasaysayan ng Kristiyanismo. Habang nakikita natin na kumikilos ang mga prinsipyong ito sa kasaysayan ng iglesya, tayo ay nahihikayat na malaman na ang Diyos ay kumikilos sa iglesya sa kasalukuyan. Ang Diyos ng iglesya ng unang siglo at ng Reformation ay siya ring Diyos na kumikilos sa iglesya ng ika-21 siglo.

- "Lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ipinagkaloob na sa akin." Ang **prinsipyo ng soberenya** ay nagtuturo na tinutupad ng Diyos ang kanyang mga layunin sa iglesya at sa pamamagitan ng iglesya.

- "Kaya't humayo kayo at gawing tagasunod ko ang lahat mula sa lahat ng bansa." Ang **prinsipyo ng pagmimisyon** ay nagtuturo na ang iglesya ay lumalago kapwa papalabas habang dinadala nito ang ebanghelyo sa lahat ng bansa at papaloob habang natututuhan nito ang tunay na pagdidisipulo at nahuhubog sa imahen ni Kristo.
- "Masdan ninyo, Ako'y kasama ninyo sa lahat ng panahon, hanggang sa dulo ng panahon." Ang **prinsipyo ng pagbibigay-kalakasan** ay nagtuturo sa atin na sa kabila ng mga pagkukulang ng iglesya, si Kristo ay patuloy na kumikilos sa iglesya upang tuparin ang kanyang misyon sa mundo.
- "Kayo ang magiging mga saksi ko…hanggang sa dulo ng daigdig." Ang **prinsipyo ng contextualization** ay nagtuturo sa atin na ang ebanghelyo ay pag-aari ng lahat ng kultura. Ang kasaysayan ng Kristiyanismo ay nagpapakita na ang ebanghelyo ay dapat isalin, kapwa sa lengguwahe at sa kultura, ng lahat ng bansa.

► Sa ating pagtatapos ng kursong ito, pagbalik-aralan ang mga leksiyong ito upang humanap ng isang halimbawa para sa bawat isang prinsipyo. Ibahagi ang mga halimbawa na inyong nakita sa buong klase.

### Leksiyon 8 Mga Pangunahing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya

| Petsa ( A.D. ) | Pangyayari |
|---|---|
| 1378-1417 | Ang Malawakang Pagkakahati ng Pagiging Pope |
| 1384 | Kamatayan ni John Wycliffe |
| 1415 | Pagiging Martir ni Jan Hus |
| 1454 | Inilathala ang Biblia ng Gutenberg |
| 1517 | Ang *Ninety-Five Theses* ni Luther |

## Leksiyon 8 Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesya

**Si Bernard of Clairvaux** (1090-1153). Isang medieval mystic at manunulat ng himno. Nakaimpluwensya siya sa paghikayat sa mga tao na lumaban sa Ikalawang Krusada.

**Desiderius Erasmus** (1466-1536). Isang Dutch iskolar ng lengguwaheng Griego na naglathala ng kopya ng Bagong Tipan sa Griego. Ito ang nagbigay kakayahan sa mga Reformers na basahin ang Bagong Tipan sa orihinal na lengguwahe nito.

**Jan Hus** (*c.* 1372-1415). Pastor at propesor sa Prague na nagpakalat ng mga katuruan ni John Wycliffe. Siya ay sinunog sa tulos bilang isang erehe.

**Girolamo Savonarola** (1452-1498). Bagaman siya ay nanatiling tapat sa simbahang Katoliko, inatake niya ang imoralidad ng pamunuan ng simbahan.

**John Wycliffe** (c. 1330-84). Reformer na Ingles na ipinaglaban ang awtoridad ng Banal na Kasulatan, ang pagiging saserdote ng lahat ng mananampalataya, at ang pagsasalin ng Biblia sa lengguwahe ng mga tao. Siya ay hinatulan na isang erehe matapos na siya'y mamatay.

## Mga Takdang-Aralin ng Leksiyon 8

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kasama sa pagsusulit ang mga petsa mula sa "Mga Susing Pangyayari sa Kasaysayan ng Iglesya" timeline (1090-1517).

(2) Maghanda ng isang talambuhay ng isa sa mga sumusunod na tagapangunang Kristiyano: Jan Hus, Girolamo Savonarola, o Desiderius Erasmus. Dapat magkaroon ng apat na bahagi ang inyong talambuhay:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya tumira? Kailan at saan siya namatay?
- Mga Pangyayari: Ano ang pinakamahalagang pangyayari sa kanyang buhay?
- Impluwensya: Ano ang kanyang impluwensyang nagtatagal sa iglesyang Kristiyano?
- Aplikasyon: Ano ang isang leksiyon para sa iglesya sa kasalukuyan mula sa tagapangunang ito?

Mayroon kang dalawang pagpipilian sa paghahanda ng paglalarawang ito:

- Magsumite ng 2-pahinang nakasulat na papel sa tagapanguna sa inyong klase.
- Magbigay ng 3-5-minuto ng presentasyong pasalita sa inyong klase.

**Pagsusulit sa Leksiyon 8**

(1) Ang pangunahing binigyang-diin ng mga scholastics ay ang isang rational na pagkaunawa sa teolohiya. Ang pangunahing binigyang-diin ng ____________________ ay ang pansariling karanasan kay Kristo.

(2) Ang pinakamaimpluwensyang gawang debosyonal ng Middle Ages ay ang ____________________na isinulat ni Thomas à Kempis.

(3) Ang unang dalawang pagsasalin ng Biblia sa English ay ginawa ni ______________at ng kanyang mga katulong noong ika-labing-apat na siglo, at ni _______________ noong ika-labing-anim na siglo.

(4) Ang taga-Prague na ang pagiging martir ay nakahikayat sa reform movement sa Bohemia ay si ______________.

(5) Ang monghe na naghatid ng revival sa lungsod ng Florence ay si_________________.

(6) Ang printing press ay inimbento ni ________________________.

(7) Ang unang Biblia na inilimbag mula sa isang moveable type ay inilathala noong ______________.

(8) Ang paglalathala ni _____________ noong 1516 ng Griegong Bagong Tipan ang nagbigay ng teksto ng Banal na Kasulatan sa mga tagapangaral at nagpasimula ng mensahe ng Reformation.

# Mga Iminumungkahing Resources

### Bilang Karagdagan sa Buong Kurso

Ang kursong ito ay isang introductory level course. Ito ay magbibigay sa atin ng pangunahing balangkas ng kasaysayan ng iglesya. Ang mga aklat sa pahinang ito ay makatutulong sa inyo sa pagsasagawa ng mas malalim na pag-aaral.

Ito ang mga pangunahing sources para sa mga leksiyong ito. Ang mga aklat ay malawakang ginamit sa kabuuan ng leksiyong ito. Maliban sa mga tiyak na pagbanggit, hindi ko lalagyan ng footnote ang mga aklat na ito.

Cairns, Earle E. *Christianity through the Centuries.* MI: Zondervan, 1996.

*Christian History Institute.* Magazines are available free online at: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issues/

Galli, Mark and Ted Olsen. *131 Christians Everyone Should Know.* TN: Christianity Today, Inc. 2000.

Gonzalez, Justo L. *The Story of Christianity.* MA:Prince Press, 1999.

Hannah, John D. *Invitation to Church History.* MI: Kregel Academic, 2015.

Jones, Timothy Paul. *Christian History Made Easy.* CA: Rose Publishing, 2009.

Noll, Mark A. *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity.* MI: Baker, 2012.

Shelley, Bruce L. *Church History in Plain Language, 3rd ed.* USA: Thomas Nelson, 2008.

Tennent, Timothy C. *Invitation to World Missions.* MI: Kregel Publications, 2010.

Vos, Howard F. *Introduction to Church History*. IL: Moody Press, 1984.

Woodbridge, John D. (ed.) *Great Leaders of the Christian Church.* IL: Moody Press, 1988.

### Leksiyon 2

Upang mas pag-aralan ang tungkol sa mga ama ng unang iglesya, tingnan ang mga sumusunod na resources.

Bruce, F.F. *The Canon of Scripture.* IL: InterVarsity Press, 1988.

Davidson, Ivor J. *The Birth of the Church: From Jesus to Constantine, A.D. 30-312, Baker History of the Church,* Volume 1. MI: Baker Books, 2004.

Hall, Christopher A. *Learning Theology with the Church Fathers.* IL: InterVarsity Press, 2002.

**Leksiyon 4**

Upang higit pang pag-aralan ang mga credo at konseho, tingnan ang mga sumusunod na resources.

Davidson, Ivor J. *A Public Faith: From Constantine to the Medieval World, A.D. 312-600, Baker History of the Church*, Volume 2. MI: Baker Books, 2005.

Holcomb, Justin. *Know the Creeds and Councils*. MI: Zondervan, 2014.

**Leksiyon 6**

Upang higit pang pag-aralan ang tungkol sa iglesya ng Middle Ages, tingnan ang mga sumusunod na resources.

Christian History. At http://www.christianitytoday.com/ch/byperiod/middleages

Christian History Institute: *Everyday Faith in the Middle Ages.* Available free at: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/everyday-faith-in-the-middle-ages/

Davidson, Ivor J. *A Public Faith: From Constantine to the Medieval World, A.D. 312-600, Baker History of the Church,* Volume 2. MI: Baker Books, 2005.

# Pagsasaliksik sa Kasaysayan ng Iglesya 1
# Talaan ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ___________________________________

Pirmahan kapag ang bawat takdang-aralin ay natapos na. Ang mga pagsusulit ay itinuturing na "tapos na" kapag ang mag-aaral ay nakakuha ng marka na 70% o mas mataas pa. Ang lahat ng kinakailangang takdang-aralin ay dapat matagumpay na matapos upang makatanggap ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Leksiyon | Pagsusulit | Takdang-Aralin | |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | | Tapusin ang hindi bababa sa limang takdang-aralin para sa Leksiyon 2-8. | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |

## Kahilingan para sa Sertipiko Mua sa Shepherds Global Classroom

Maaaring kumpletuhin ang aplikasyon para sa sertipiko ng pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom sa aming webpage at www.shepherdsglobal.org. Ang mga Sertipiko ay digitally transmitted mula sa presidente ng SGC patungo sa mga tagapagturo at facilitator na siyang kukumpleto ng aplikasyon para sa kapakanan ng kanilang (mga) mag-aaral.